C.3.º – 240 n.º

Cx. R. 2

6435

1/6 30

rare

MANGA PANALANGING PAGTATAGO BILIN sa Calolova nang tavong)?(nag hihingalo.)?(

ANG MAY CATHA SA VICAN Caſtila ang M.R.P. Thomas de Villa caſtin ſa mahal na Compañia ni Iesvs At yſinalin ſa vican Tagalog ni D. Gaſpar Aquino de Belen.

AT YSINONOD DITO ANG MAhal na Paſsion ni Iefu Chriſtong P. Natin na tolá; at ypinananagano ſa cataaſtaaſang Poong IESVS)?(NAZARENO.)?(

QVINTA IMPRESION.

EN MANILA EN LA IMPRENTA DE LA Compañia de Iesvs por D. Nicolas de la Cruz Bagay. Año de 1760.

RPJCB

SA CATAASTAASANG LARA-
van nang Poong IESVS Nazareno.

On aco may di dapat P. co na magalay ſa camahalan mo nitong monti cong pa-gal,ay hindi co liningon ang cababaan co, at ang tinongo co,y, ang cataaſan mo na Dios na totoo, at Ta-vo namang totoo; na di pa ſucat ang pagcaquinap: l mo,t, nilalang ang boog calangitan, at ang calupaan, ay tinobos mo pa nang dogo mong mahal ang bo-ong ſangcatavohan, na di ſucat maiſip ang cataaſang Miſterio nang iyong a-va,t, capangyarihan: ſa pagca ytong y-niaalay cong ito ſa cataaſan mo,y, hin-di ſa yba cundi iyo nga, caya ſa iyo co rin naman ynihahayin, at ſiya namang yquinapangahas niring loob cong cu-

COn muy particular ternura hè leydo el Libro, que VS. fue servido remitir me su Author Don Gaspar Aquino de Belen, natural, y Principal del Pueblo del Rosario, en que veo cumplida la Profecia de Isayas al Cap. 51. (Ponet desertum ejus quasi delitias, & solitudinem ejus quasi hortum Dñi gaudium, & letitiæ invemitur in ea gratiarum actio, & vox laudis:) Pues vn desierto de fieras como eran estas Islas antes que las alumbrase la luz clara del Evangelio los vemos convertido, ya en tan deliciosos Huertos de tan fragantes rosas, que excediendo los limitar de oyentes se grangean el renombre de Maestros dando nos en esta obra el gozo, y alegria; que prometiò Nro. Señor siendo toda ella vozes de alabanças al Señor, que con tan liberales bendiciones, dio gracia al Author paraque compusiesse obra tan del servicio de su Divina Magestad solo se negara à los lubilos el que fuere mas fiera, que lo eran los que habitaban estas Islas antes, que la Predicacion Evangelica las convirtiesse en mansos Corderos, y el desierto, que estaba lleno de espinas, y abrojos de Idolatrias en tan apacible lardin. Es muy digno el Author de que sus compatriotas agradecidos se reconoscan deudores al beneficio de aver ilustrado su nacion con tal obra, en que no solo son interesados los naturales sino tambien los Ministros de Doctrina, pues explicando con elegante estilo la Pasion de Christo Nuestro Señor no deba circunstancia, que no comprehenda sin apartarse de la hist-

to-

toria Evangelica. Por que juzgo Señor, que no solo se le debe la Licencia que pide sino gracias por el afecto con que fomenta la Christiandad de sus naturales, y assi siendo VS. servido le podrà conceder la Licencia que pide por ser la obra muy del agrado de Nuestro Señor, assi siendo Salvo meliori. Sta. Cruz, y Marzo 9. de 1703.

Antonio de Mancilla.

MAnila, y Marzo 9. de 1703. años. Concedesele Licencia por este Govierno paraque se Imprima el Libro, que contiene el Memorial de la foxa antes de esta por el tiempo, que se pide poniendo el presente por principio de cada vno.

Rub. de su SS.

Maldonado.

)?(LICENCIA DEL ORDINARIO.)?(

MAnila, y Março 15. de 1703. años. Por presentado el Libro, que se refiere cuya vista, y examen se comete al Licenciado Don Iuan Melendes de Llamas, assi lo proveyo mandò, y firmò el Señor Doctor Don Francisco Rayo Doria, Iuez Provisor, y Vicario General de este Arzobispado de que doy feè.

Doctor Rayo.

Antemi

Nicolas Ruiz de Huydobro.

Notario.

APRO

APROBACION DEL LICENCIADO D. IVAN Melendes de Llamas, Examinador Synodal del Idioma Tagalo de este Arzobispado de Manila.

POr mandado del Señor Doctor Don Francisco Rayo Doria, Arzediano de esta Santa Iglesia Metropolitana de Manila Calificador del Santo Oficio, Iuez de Testamentos Capellanias, y obras pias, Examinador Synodal, Iuez Provisor, y Vicario General de este Arzobispado. He visto el Libro intitolado Recomendacion del Alma compuesto por el M.R.P. Tomas de Villacastin de la Sagrada Compañia de Iesvs trasuntado en Tagalo por D. Gaspar Aquino de Belen, natural del Pueblo del Rosario Impressor de Libros. A que incerto dicho traductor la Pasion de Nuestro Señor Iesu Christo en verso Tagalo, vno, y otro asumpto, es digno de estimacion: aquel como vltimo remedio, que aplica Nuestra Santa Madre Iglesia para alentar la confianza del hombre proximo à dar quenta estrecha de su vida.

Es tambien digna de alabanza la piedad con que à su costa imprime, no solamente en papel, sino tambien en los corazones dicho Impressor la Pasiõ de Nro. Señor Iesu Christo con el sainete del verso, grande adminiculo en todas las naciones, del gusto aumenta la devocion, en cada Passo con vn Apostrofe Moral de Meditacion piadosa renovando à su Magestad el agrado, que recive el acordarse los hombres de tan sagrados beneficios: pues como Impressor divino echò el Sello en la Sagrada Eucharistia

por

por vltimo Memorial de todos ellos : (In mei memoriam facietis.)

Por loqual, y porque no contiene esse Libro cosa alguna contra nuestra Santa Fè, y buenas costumbres, y cede en vtil de esta nacion Tagala, merece el Traductor le dè Vmrd. la Licencia, que pide este es mi parecer. Salvo Manila, y Marzo 25. de 1703. años.

Liz. D. Iuan Melendes de Llamas.

VIsta la Aprobacion ântecedente Concedese la Licencia, que el conthenido pide para que imprima el Libro, que presento por esta vèz solamente, con calidad de poner al principio esta Licencia en atencion à no contener cosa opuesta à nuestra Santa Fè Catholica, y buenas costumbres, Proveyo lo assi el Señor Doctor Don Francisco Rayo Doria Arzediano de esta Santa Iglesia Cathedral Iuez Provisor Oficial, y Vicario General de este Arzobispado de que doy feè.

Doctor Rayo.

Antemi

Nicolas Ruiz de Huydobro.

Nott. mayor.

SA BABASA NITONG LIBRO.

CAtoto cong babaſa nitong Libro naito, t, inihahayin co ſa iyo itong munti cong quinapagalan, na bagaman ſa ibang Librong iyong naquiquita, ay ang pagtatagobilin ſa calolova nang naghihingalo, y, ſiya ring nahoholi, at na ſa catapuſan, ay hovag cang manguilalas ngayon nitong gava co, ang pagca ſiyang naoona, at caya gayo, y, ang quinoconan cong halimbava, ay yaong ſabi ſa mahal na Eſcritura (na ang vica) Ang mataos na pacacac, ay ſiyang pupucao ſa pagca gopiling nang ſandaigdigang tavo, at ſiya ring mangongonang lalabas doon ſa holing arao na caſindacſindac, at caquilaquilabot na ating madarating, paghocom bagà nang ſomacop ſa lahat: At ſa catapuſan nito, y, ang vica ni San Ge-

ronimo, ay ganito! Aco (à niya,y,) congmacain man,at ano mang guinagawa co, ay di isa man maalis sa aquing tainga, at nadiringig co rin yaong vica. *Magbangon cayo manga tavong patay, at lomapit cayo sa mataas na Hocom?* O catoto cong babasa, caya itong pagtatagobilin sa calolova nang naghihingalo, ay siya cong yniona dito sa Libro, macahalimbava na baga (anaquin) niyong mataos na pacacac, naug tovina,y, nonocao sa ating madlang cahimbingang quinacamtan sa layao nang calupaan, at con siya nang siyang na diringig, at naquiquita, ay opan ang loob nating matologuin, at malimotin sa mabangis na camatayan, ay maguising din, na di maralitang di imulat ang boong loob, bait, at alaala, at ang valan pagsalang tayong lahat, ay mamamatay! Caya

bagi man di anong iyong libang, ò ca-
caonin, aytingnan mo mona itong asal
nang naghihingalo, at con maquita mo-
na, t, mapagmalas, ay nang ang iyong
loob, ay maglubag sa ano mang pa-
nimdim, at gavang ipagcasasala, para
niyong Ybong mahal na ang balahibo
niya, y, ang di na lamang guintong va-
gas nang pagca dilag, ay con matong-
han ang caniyang paâ, na caibang di
hamac sa capova niya, at nacahahalay
na masaquit sa caniyang cariquitan, ca-
pagdaca, y, papasucan ang caniyang
loob nang isang malaquing capighati-
an. Caya, con maquita naman nang
tavo ang laravan nang mamamatay, sa
pagca siya, y; mamamatay ding valan
pagsala, at matatapos ang tanang caga-
lingan dito sa lupá; ay pasucan ang ca-
niyang loob nang sindac, at pighati na

con

con ano,t, ſiya,y, nagca ſala ſa daqui-
lang Dios, na iquinahalay na maſaquit
nang cabutihan ſa caniyang calolova,
para nang pagpipighati niyong Ybon
na con ano,t, hongmalay ang caniyang
paâ, ſa pagca ang camatayan nang ba-
nal,ay dili tinuturāg camatayan,cundi
cabuhayā. At ang camatayan nāg ma-
caſalanan,ay ſiyang camatayang totoo.

Sucat mo manding pagpilitang ba-
ſahin itong Libro, ſa pagca alin mang
bahagui dito, ay maquiquinabang ca
nang iſang cavas ſa iyong mangā caſa-
lanan. Ytong mahal na Paſsion ni Ieſu
Chriſtong Pangīnoon natin, ay baga
man yari na capagcaraca, ipinaſiyaſat
co ſa mangā madoronong, at iſinongdo
nilang magaling ſa Hiſtoria nang San-
to Evangelio, at malaquing pagcaca-
balic nang mangā Paſsiong ſulat ſa ca-

may na nangaonang inilacad caya ona-
vain mo ang iyong pagbaſa ſampon
nang pagtotoring nang canicaniyang
vica, at hovag lomihis ſa cagavian, at
con magcaagpang ay lobos ang paqui-
quinyig nang ſino man, at vala nang a-
angangin ſa loob na ang paſubali co y,
con may mali ſa pagca limbag, ay hin-
di co caſalanan yaon, at cavalan ſiyaſat
nang manhahapit.

Ang holing tadhana co ſa iyo, ca-
toto co ay hovag mong ihacba ang a-
laala mo ſa di maaabot nang cabaitan
mo, at pavang di mo paquiquinaba-
ngin yaon. Papanatilihin mo ang iyõg
loob ſa laman nitong boong Libro, at
ang tolaran mo, y, ang nagſaſalit nang
mangá colores, ang pula y, pula, ang
aſul, ay aſul, at ponong mahalay na ang
aſul, ay panganlang pula, gayon naman

ang

ang pula ſa aſul, at itong lahat nang a-
quing ſinayſay, ay hindi galing ſa ſarili
cong acò, cundi paquinabang co ſa a-
quing quinapapalagyan, at ſinaſalilo-
ngang may caniya, caya hovag mong
ariing pagbubuñi co nāg aquing ſarili,
at con yaon ang pagpapalagyan mo,
mapopohonan ca ſa Dios ang ona, at
ſa aquin naman. Caya, ſa lahat na ito,
ay aquing ipinababahala ſa iyo ſa ca-
ganapan nang bait mo, at icao na ang
bahalang magpònò nang ſa ſarili mo,
at yayamang ang paquinabang dito ſa
boong cabilogan nang S. Igleſiang Yna
natin, ay ang panalangin nang iſa,t, iſa,
ſa iſa,t, iſa rin, tayo,y, magpanalangi-
nan, aco,y; bigyan din nang daquilang
Dios nang magandang camatayan, ſiya
mong hingin, yaon, at hihingin quita
naman di man aco dapat, Vale.

MA-

MAnila, y Henero 23. de 1704. años. Concedenſe, quarenta dias de Indulgencia à todos los que leyeren, ù oyeren leer qualquier Paſſo de la Paſſion de Chriſto Señor Nueſtro de eſte Libro, Impreſſo por todas las vezes, que lo hizieren: Aſsi lo concediò, y firmò ſu Señoria Illuſtriſsima el Arzobiſpo mi Señor, de que doy feè.

M. Arzpo.

Antemi

Oliveros
Secrett.

PAG.

YPANINICLOHOD ANG PAGBASA NItong mangã Panalangin, na calangcap ang yfang malaquing Devocion: at pagdating ſa may mangã tandá nang ✠ ay Bendicionan ang may)(ſaquit nang bongmabaſa.)(

Anao ca nà, Calolovang Chriſtiano dito ſa Mundo. Sa ngãlan ✠ nang Dios Amang nacapangyayari ſa lahat, na congmapal ſa iyo. Sa ngãlan ✠ ni Ieſu Chriſtong Anac nang Dios, na tongmobos ſa iyo. Sa ngãlan ✠ nang Eſpiritu Santo na congmaſi ſa iyo. Sa ngãlan ✠ nang mangã Angeles, Archangeles. Sa ngãlan ✠ nang mangã Tronos, at Dominaciones. Sa ngãlan ✠ nang mangã Principados, at Poteſtades. Sa ngãlan ✠ nang mangã Cherubines, at Seraphines. Sangãlan ✠ nang mangã Patriarchas, at Prophetas. Sa ngãlan ✠ nang mangã Apoſtoles, at Evangeliſtas. Sa ngãlan ✠ nang mangã Santos Martyres, at Confeſſores. Sa ngãlan ✠ nang mangã Santos Monges, at Hermitaños. Sa ngãlan ✠ nang mangã Santas Virgines. Sa ngãlan ✠ nang tanang Santos, at Santas nang Dios ſila navang lahat ang magampon; at magtangol ſa iyo, na magmola ſa arao na ito, y, tangapin ca nila, t, magcamit ca rin nang ligayang valan hangan ſa Bayan nang Dios na catatahanan mo, paconda-ngãn ſa mangã carapatan ni Ieſu Chriſtong Pangi-noon natin Siya navâ.

¶¶¶ PA-

mañga banal na lamang ang ſiyang magſicatova,t, malogod ſa harapan niya: mañga hiya,t, magſialis ang tanang campong ni Satanàs, at hovag ding macaſangſala ſa pagdaraan mo. Yadya ca rin ni Ieſu Chriſto ſa dilan hirap, yayang ſiyang nagdalitang namatay ſa Cruz ſacop ſa iyo. Ybiguin ca navâ ni Ieſu Chriſtong Anac nang Dios na ypagcababayan ſa Calovalhatiang ponò nang dilan cagalingang valan pagcacayba. Loobin navâ nitong mahal na Paſtor na caniyahin ca,t, ypaquiſama ſa caban nang caniyang mañga Obejas,at patavarin ca navâ nang lahat na mañga caſalanan mo, at maguindapat ca ring paloloquin ſa caniyang canan, tulad ſa mañga banal na pinili niya: Magcamit ca rin nang daquilang capalaran nang pagca quitang malivanag ſa ſongmacop ſa iyo; at con maparoon ca na,t, di ca nà mavalay ſa caniyang harapan, mapagmalas mo rin nang matang mapalad ang catotohanan nang Dios, at macaſama ca niyong nañgamamayan ſa Langit, na magcamit nang catam-iſan nang Dios, na di matatapos magparating man ſaàn. Siya navâ

Tangapin mo Pañginoon naming Dios diyan ſa Calovalhatian ytong alipin mo, na ſa pagca maavain mo,y, ynaaſahan din niya ſa iyo. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo ſa dilan pañganib na ycapapacaſamâ ſa Infierno, at ycagogolò nang loob dito ſa dilan caſaquitan niya. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay

Enoch,

Enoch, at cay Elias ſa camatayang dinaranan nang ſangliboran. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Noe, nang magunao ang ſangliboran. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Abrahan ſa apoy nang mañga taga Caldea. Siya nava.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Iob, ſa dilan dinalita niyang hirap. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Iſaac, niyong papatayi,t, yhahayin ſa iyo nang caniyang Amang ſi Abrahan. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Loth ſa Sodoma, at ſa caniñgaſan nang apoy na yaon. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Moyſes, ſa dilan ypinaraya ni Faraong Hari ſa Egypto. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo cay Daniel, ſa mañga mababañgis na Halimao. Siya navâ.

Yadya mo Pañginoon namin ang calolova nitong alipin mo, para nang pagaadya mo ſa tatlong mañga bata, ſa caniñgaſan nang apoy ſa horno nang Babilonia, at ſa dilan ypinadaya ſa canila nang Hari. Siya navá.

Yad-

Dios, at dalhin nila sa totoong Calovalhatiang Bayang Ierusalem sa Langit. Anyayahan navà nang malovalhating Apostol na si San Pedro, yayamang siyang pinagcativalaan nang mangà sosì sa Calovalhatian nang Langit. Tolongan navâ na man ni San Pablo Apostol, na siyang mahal na sisidlan nang boong capurihan nang Dios. Ypagamoamò ca navà ni San Iuan Apostol na pinili nang Dios na siyang pinahayagan nang mangà lihim sa Langit. Yhingi ca navà naman nang avà nang mangà Apostoles, na siyang binigyan ni Iesu Christong Panginoon natin nang cabagsican sa pagpapatavad na valan hangan. Ytavag dalangin navà naman nang avà nang lahat na Santos nang Dios na nagdalita nang madlang casaquitan, dahilan cay Iesu Christong Panginoon natin, at nang cun siya, y, macavalâ na sa nacatataling cataoàn niya, ay maguin dapat ding somapit sa calovalhatian nang Caharian nang Langit, pacondangan sa mangà carapatan ni Iesu Christong Panginoon natin, na casing ysa nang Ama, at nang Espiritu Santong nabubuhay, at naghaharing magparating man saàn.

PANALANGIN.

PAnginoong cong Dios na macapangyayari sa lahat yadya mo ytong alipin mo sa lahat nang sucat ypagcasasala, at nang hovag mapacasamà. Amen.

Manonobos, sa sangcatavohan pagyamanin mo, at yngatan ytong tinobos mo, at nang hovag ma-

sa-

sayang ang Dugo mong mahal, na caya na bohos ay dahilan sa caniya. Amen.

Espiritu Santong mapanaliu pacatibayin mo ang loob nitong maysaquit, at pagbiyayaan mo rin nang mahal mong Gracia, nang ycao na lamang ang sintahi,t, ybiguin magparating saàn. Amen.

Cataastaasang Santisima Trinidad, tingnan mo rin ytong quinapal mo, yayamang di lalang nang yba, cundi iyo ngà, at sa iyo mo rin ynilaravan, ay yadya mo rin sa casaquitang valan hangan. Amé.

Malovalhating Virgen Mariang Yna nang Dios na mapagampon sa mangga macasalanan ypanalangin mo ang calolova nitong may saquit, na bago manao sa buhay na yto, ay magavà mona ang totoong pagtisisi, at magcamit din nang boong tavad sa lahat niyang casalanan. Amen.

Lahat nang Santos Angeles, ypanalangin ninyo ang calolova nitong may saquit. Amen.

Santong Angel na nagtatanod, ypanalangin mo sa Dios ang calolova nitong may saquit. Amen.

Malovalhating Apostol San Pedro, Principe sa Santa Iglesia, ypanalangin mo sa Dios ang calolova nitong maysaquit. Amen.

Lahat nang mangga Patriarchas Prophetas, Apostoles, at Evangelistas, Doctores, at Discipulos nang Panginoon, ypanalangin ninyo siya. Amen.

Malovalhating mangga Martyres ni Iesu Christo, ypanalangin ninyo ang calolova nitog may saquit, na magcamit din nang totoong pananalig, at nang pananangpalataya, at pagybig sa Dios, nang macapagsisi sa lahat niyang casalanan, at nang pata-

varin ſiya. Amen.

Lahat nang mangā Stos. Doctores, Confeſſores, at Abades, ypanalangīn ninyo ſiya ſa Dios. Amen.

Lahat nang mangā Santas Virgines, ypanalangīn ninyo ytong may ſaquit, na bago ſiya mapatdan nang hininga magava rin ang totoong pagſiſili, at maquilala ang Dios. Amen.

Lahat na mangā Santos nang Dios, ypanalangīn ninyo ang calolova nitong may ſaquit na matimava din ſa hirap na yto, at patavarin ſa lahat niyang caſalanan. Amen.

Capiſanan nang lahat na mangā banal, ypanalangīn ninyo ſiya ſa Dios. Amen.

Sa lahat nang ycapapacalamâ nang cataoa,t, calolova, ypagad a mo Panginoon namin Amen.

Sa camatayang valan hangan, ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Sa caſalanang pagpapativacal, ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Sa dilan tocſo nang Demonio, ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Alangalang ſa mahal napaglilihi ſa iyo ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Alangalang ſa mahal napaghahayin ſa iyo ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Alangalang ſa camahalmahalang ngalan mong IESVS. Ypagadya mo ſiya Panginoō namin. Amē.

Alangalang ſa mahal na Paſsion mo, ypagadya mo ſiya Panginoon namin. Amen.

Alangalang ſa mahal na Santa Cruz na quinamatayan mo, ypagadya mo ſiya P. namin. Amen.

Alang-

Alangalang ſa mangā mahal na ſugat mo, ypagadya mo ſiya Pangīnoon namin. Amen.

Alangalang ſa mahal na pagca matay mo, ypagadya mo ſiya Pangīnoon namin. Amen.

Alangalang ſa malovalhating pagca buhay mo, ypagadya mo ſiya Pangīnoon namin. Amen.

Alangalang ſa cahangāhangāng pagacyat mo ſa Langīt, ypagadya mo ſiya P. namin. Amen.

Alangalang ſa Gracia nang Dios Eſpiritu Santo, ypagadya mo ſiya Pangīnoon namin. Amen.

Sa arao napaghohocom mo, yadya mo Pangīnoon namin. Amen.

Sa oras nang caniyang camatayan, yadya mo Pangīnoon namin. Amen.

Ang mangā macaſalanan. Nagaamoamò cami iyong pagquingan.

Bigyan mo rin nang mahal na paguiguing ca. bati mo. Nagaamoamò cami iyong paquingan.

Ylayo mo rin ſa hampas mong cagalitan. Nagaamoamò cami iyong paquingan.

Patavarin mo rin ſa lahat niyang caſalanan. Nagaamoamò cami iyong paquingan.

Macavala rin ang caniyang calolova ſa lahat nang caſaquitā. Nagaamoamò cami iyōg paquingā.

Sa arao napaghohocom mo, y, paquitang malovalhati ſa iyo. Nagaamoamò cami iyong paquingā.

Ypaquibilang mo rin ſa mangā catoto mong banal. Nagaamoamò cami iyong paquingan.

Ytoro mo rin ſa diyan tang calovalhatian. Nagaamoamò cami iyong paquingan.

Ypagadya mo rin ſa mañaſamang caavay. Nag-

aamoamò cami iyong paquingan.

O daquilang Anac nang Dios! Ytong aming pagamo,y, iyong paquingan.

Iesu Christong caya namatay sa Cruz dahilan sa amin, ytong aming pagamo,y, iyong paquingan.

Iesu Christong mananalò sa mangã caavay. Ytong aming pagamo,y, iyong paquingan.

Cordero nang Dios na nacavavalâ nang mangã casalanan nang Mundo. Ytong aming pagaamoamo,y, iyong paquingan.

Cordero nang Dios na nacavavalâ nang mangã casalanan nang Mundo,y pinagamoamò namin Panginoo,t, bigyan mo rin nang iyong avâ.

Cordero nang Dios na nacavavalâ nang mangã casalanan nang Mundo, at ypinanganac ni Santa Mariang Virgen, at namatay sa ysang Cruz dahilan sa mangã casalanan. Caavaan mo rin ang calolova,t, cataoan nitong alipin mo.

Cordero nang Dios, Iesu Christong napacò sa Cruz, caguinhavahan nang boong Mundo, laguian mo rin nang avâ ytong may saquit. Amen.

Cordero nang Dios na nacatitimavá sa mangã casalanan: bigyán mo rin ytong may saquit nang icapaguiguincabati mo. Amen.

Ang malovalhating harapan nang Dios, at ang Cataoa,t, Dogo ni Iesu Christong Pangĩnoon natin ang tomolong navâ sa iyo, at ytângol din, at amponin ang calolova,t, cataoan mo. Amen.

Pangĩnoon naming Dios na sa capangyarihan mo,ay nangyayari ang ano man,ay caavaan mo rin ytong alipin mo, at yadya mo rin sa dilan masamà-

mà, dalavin mo rin siya, at alivin dito sa caniyang casaquitang hinaharap, at ytangol mo rin sa caniyang mañga caavay, at pagca looban mo nang iyong Gracia na ytibay nang loob. Amen.

Yadya cari,t, amponin sa Ñgalan ✠ nang Ama na gongmavà sa lahat.

Sa Ñgalan ✠ nang Anac, na tongmobos, at songmacop sa lahat.

Sa Ñgalan ✠ nang Espiritu Santo na nagbiyaya nang avâ, at caniyang livanag sa mañga tavo.

Ang Bendicion ✠ nang Dios Amang nacapangyayari sa lahat na gongmavâ sa sangtinacpan na sa vicà lamang niya,y, nayaring valan livag, ay lomagui navâ sa iyo.

Ang Bendicion ✠ ni Iesu Christong Anac nang Dios, ang domati sa iyo.

Ang Dios Espiritu Santong nangaling sa Ama, at sa Anac, ay ang mahal na Bendicion ✠ niya,y, lomagui navá sa iyo.

Ang Bendicion ✠ nang malovalhating Virgen Maria Yna,t, mapagampon sa mañga macasalanan ang domati sa iyo. Amen.

Ang capangyarihan nang daquilang Dios ✠ ang magampon; at magadyá sa iyo; ang cataasang calooban niya, ay lomagui rin ang caybigan sa iyo ✠ na di matatapos magparating saan ✠ ang magbigay nang catapañgan, at caniñgasan nang pagsangpalataya mo. Amen.

Ang Casantosantosang valan capara nang Dios ✠ ang maguin sandata mo; ang capangyarihan nang Dios Ama, ✠ ang magpatapang sa iyo.

Ang

Ang caronongan nang Dios Anac ✠ ang omaral sa iyo.

Ang mapanaliñ na Espiritu Santo ✠ ang magbigay livanag sa iyo.

Ang Ama, ✠ ay maguin cabati mo, ang Anac, ✠ ay maguin buhay mo, ang Espiritu Santo ✠ ang maguin gamot, at caalivan mo. Amen.

Ang dilan capangyariha, t, camahalan nang Dios ang magpalá sa iyo, ✠ at ang caniyang pagca Tavo ang magbigay catigasan mo ✠ ang caniyang ava,t, tolong, ang somaclolo sa iyo; ✠ at ang caniyang sinta, ang comopcop sa iyo magpasavalan hangan. Amen.

Si IESVS, ay siyang manánalò; si IESVS, ang nacapangyayari; si IESVS, ang nagpapanihalâ, sa calachan nang caniyang avâ, ay ypagadya ca rin sa dilan masamà. Amen.

Si IESVS navâ ang sumaiyong poso: si IESVS navâ ang sumaiyong calolova,t, cataoan. Amen.

Si IESVS navâ ang lumagui sa iyong bibig: si IESVS navâ ang sumaiyong isip, si IESVS nava ang sumaiyong calolova, si IESVS navâ ang magparati, at lomagui sa boo mong loob. Amen.

Si IESVS navâ ang mangona sa iyo ytangol ca niya,t, siya ang maguin panogot mo, si IESVS navâ ang somalicod mo, at ypagadya ca niya sa mangá caavay mo: si IESVS navâ ang sumaiyo,t, tolongan ca niya,t, caavaan. Amen.

Si IESVS ang buhay, si IESVS, ay siyang gamot, si IESVS, ay siyang panogot, si IESVS ang catotohanang cabuhayan, siya navang magbigay

avang valan hangan ſa iyo hangan di ca ſumapit ſa Bayang Ieruſalem ſa Langit. Amen.

Si IESVS ang nacapanlulumay ſa lacas nang manga caavay, ſi IESVS navâ ang tomolong ſa iyo ſa pagdaraan mo, na ſa capangyarihan niya, at mahal na Gracia, ay mapavi rin ang caniyang galit, at patavarin ca ſa lahat na caſalanan mo. Amen.

Si IESVS navâ, ay hovag mavalay ſa iyo, at ſirain niya ang manga caavay mo: ſi IESVS navâ ang lumaguing valan hangan ſa iyo, magparating man ſaan. Amen.

Si IESVS navâ ang bomasbas ſa iyo, at magbigay nang daquilang avâ ngayon, at magpaſavalan hangan. Amen.

Ang capangyarihan ni IESVS, at ang catigaſan nang caniyang Santa Cruz, at ang manga carapatan nang mahal na Virgeng Panginoon natin, ang manga pagiyngat nang lahat na manga Angeles, at ang tolong nang lahat na Stos. na pinili nang Dios ang ſomaiyo navâ ngayon, at ſa oras na pagca matay mo, ay amponin ca nila, t, ypagſangalang, at magcamit ca rin nang boong calovalhatian ſa Ngalan ✠ nang Ama, at nang Anac, ✠ at nang Eſpiritu Santo. ✠ Amen.

CAPAGCAPATID NANG HININGA NANG NAGbibingalo, *ay baſahin ytong Panalanging maſoſonod dito.*

SAlobongin ninyo manga Santos nang Dios; dapitin ninyo manga Angeles ſa Langit, tangapin ninyo ytong Calolova nitong namatay, at

at yhayin ninyo ſa valang caparang camahalan nang Dios.

Tangapin din navâ ni Ieſu Chriſtong Panginoon natin, at dalhin ca rin nang mangā Angeles, at ytahan ca ſa cálovalhatiang Parayzo ſa Langit.

Pagcalooban din nang daquilang Dios ang Calolova mo nang caguinhavahang valan hanga, at mamolatan mo ang calivanagang valan pagcacayba. Amen.

PANALANGIN.

YPinagtatagobilin namin ſa iyo Panginoon namin ang Calolova nitong alipin mo, na yayamang namatay na ſiya dito ſa Mundo, ay loobin mo ring mabuhay diyan ſa iyo, at angmangā caſalanang nagavâ niya, ſa caropocan man nang loob, at cahinaan cayà nang cataoang lupâ, ay ſa avâ mong valang catapuſan, ongmaaſa ring patavarin mo pacundangan ſa mangā carapatan ni Ieſu Chriſtong Panginoon namin Siya navâ.

Ama namin, t, Aba Guinoo Maria, &c.

BONTON HININGA

NANG BOONG LOOB, AT CAGVINHAVAHAN nang Calolova na paquiquinabangan nang manga mavilibin sa pagca palagay nang buhay, at lalo pa naman sa pagtolong sa ysang mamamatay naaalis na dito sa buhay nayto.

IESVS bigyan mo aco nang magandang camatayan.

IESVS na Panginoon co caya mo aco guinava,y, ang aco,y, iyo, at sa iyo na man aco mamamatay.

Panginoon co, sa iyong pagca matay, ay bigyan mo aco nang camatayan, at aquing pasasalamatan.

Aquing Panginoon, yayang di na aco mabubuhay na magsilvi aco sa iyo, ybig co na ang mamatay, ay ypagcaloob mo na sa aquin, at tinatangap co,t, pinasasalamatan.

Panginoon co, ybinibigay co sa iyo ang Calolova co, ay sondin mo ang balang loob mo,t, caybigang ypalagay.

Aayao na aco nang lacas, at ang ybig co na lamang, ay ang iyong Gracia, at ang buhay ma,y, gayon na man, cundi ang pagca ybig mo lamang ang somaaquin IESVS na Panginoon co.

Vala nganag camochà ang maraling ava mo sa aquin, nang pagpapatavad mo sa pagca matay co, na para nang pagsisilvi co sa iyo nang aco,y, nabubuhay.

Livanag co, bigyan mo aco nang calivanagan, at nang aco,y, may ycaquita. Aquing yniybig, bigyan mo aco nang pagca ibig ſa iyo na tangapin mo.

Pangĝinoon co, yaring ſaquit co,y, tinatangap co na para nang Cruz na quinamatayan mo, at ſiya oong ycaaalaala ſa iyo.

Aayao aco nang ano man cundi ycao pò lamang, at ang lahat, ay inaalis co dahilan pò ſa iyo.

Lomovat man ang hirap co,ay caybigybigan co, con lomovat naman ang calooban mo na aco,y, maghirap.

Hindi co na ynaalaala ang hirap co IESVS na Pangĝinoon co: datapova,t, hovag mavalâ ſa aquin ang iyong mahal na Gracia, at bigyan mo aco nang capacombabaan mo.

Ano pang yybiguing co IESVS na Pangĝinoon co, na ycao pò ang maquita co ſa oras nang pagca matay cong paruſa mo ſa aquin.

Yaya mang hindi mo na ybibigay ſa aquin ang buhay co, ay ynihahayin co na ang camatayan co IESVS na Pangĝinoon co.

Hali na, hali na aquing Cordero, at tinatangap quita, at nang aco nama,y, tangapin mo.

IESVS na Pangĝinoon co, tangapin mo ang boo cong loob, at ang catao-ang co,y, ſondin mo balang calooban mo, at ſiya co lamang tatangapin ang balang ybig mo.

Ang buhay co,y, iyo, ay ang mahal na calooban mo,y, ſiya mong gao-in ſa aquin IESVS na P. co.

Momonti Pangĝinoon co ang cahirapan co, at di macatimbang ſa mangĝa gava co, ay malaquing

ca-

cacolangán ſa mangá otág co ſa iyo itong hirap co.

Ang capatac mong Dogo IESVS mio, ay ſucat macabayad ſa ſanglibong camatayan, cayà paquita ca rin ſa aquin.

Ang calolova co,y, ypinalalagay co ſa mangá mahal na camay mo IESVS, at Panginoon co, at ang cayamanan co,y, ang iyong mahal na Dogong naſabog.

Lalo pang caybigybigang co IESVS na Panginoon co, ang aco,y, tomahan ſa iyong mahal na Gracia, at hovag dini ſa buhay co.

Aanhin co pa ang mabuhay aquing livanag na aco,y, na ſa iyo na, at ang ybig co nang pagcabuhay, ay balang calooban mo.

Panginoon co, ang mangá quinamtan co,y, pinaninimdim cong maſaquit, at ytong hirap co ngayo,y, ynihahaying co ſa iyo.

Panginoon co, ang caybigybigang co,y, ycao pè ang ſomacalolova co, cahimat maalis na ang buhay co.

Panginoon co, ang lalong yniybig co pa ſa cataoan co,y, ycao pò, cayà mamatay na aco, at nang aco,y, mabuhay ſa iyong mahal na calooban.

Dinadamdam co pà ang pagcacalala co ſa iyo, dini ſa ſaquit co Panginoon co.

Hindi co ynaalaala mavala man yaring buhay co, cundi ang ynaalaala co,y, ang pagcacaſala co ſa iyo; patavarin mo aco, alangalang ſa pagca ybig mo ſa aquin IESVS na Panginoon co, at ang pagca ybig mo nga ſa aquin ang pinaninimdim co.

Bigyan mo aco nang paruſa, at nang mavalà

ang mañga casalánan co IESVS na Pañginoon co, at ang lahat nang dinalita mo,y, siyang macahugas nang lahat cong casalanan.

Mahañgay aco,y, naagang namatay, at nang di aco nagcasala sa iyo Dios na Pañginoon co! Tangapin mo ytong caybigang cong yto.

Ybig co na ang mamatay sa pagaalaala co nang aquing mañga casalanan, at hovag sa saquit co.

Di co naaalaman Pañginoon co nág aco,y,mag-casala sa iyo; patavarin mo aco sa mañga casalanan co, at tágapin mo ang mañga pagcacasaquit co.

Ama nang avâ, tangapin mo yaring anac na natitivalag yayang ynaalaala ca,at nagsasaoli sa iyo, at pinagsisilihan na ang pagca hivalay niya.

Bigyan mo aco nang iyong luhá Virgeng tunay, at nang tañgisan co ang mañga casalanan co.

Hindi masaquit sa aquin ang aco,y, mamatay, IESVS mio: datapova,t, ang mahirap sa aquin, ay ang di co ypinagsilvi sa iyo yaring buhay co, bago,y, otang cong tunay sa iyo ang pagca matay co.

Ang lalong magaling, ay ang aco,y, may saquit sa aco,y, malacas IESVS na Pañginoon co, yayang ang manga gava co lamang, ay pagcacasala sa iyo.

Yaring hayop, ay pacatibayin mo pò ang pagca tali, IESVS mio, at cahiman nava,y, domati ang gayon.

O, Pañginoon co: ypatavad mo sa aquin ang mañga cacolañgan co, na aco,y, paran ol-ol, at bolag na di macaquita, at di gongmavâ nangdilan magagaling nang may yquinabayad aco nang mañga caotañgan co.

Ybig

Ybig co ng̃ang magſaoling mabuhay nang magandang pagca buhay : datapova,t, ang lalo cong ybig , ay ang mamatay cun baga ſiyang caybigan nang mahal mong loob , pacamtan mo ſa aquin ytong caybigang co Dios na Pang̃inoon co.

Pinagſiſiſihan co Pang̃inoon co , ang lahat nang caſalanan co , ſa malaquing pagca ybig mo ſa aquin, ay hovag cong ycapacaſamâ.

Sino ang nadating nang ava mo na di ongmaſa nang patavad? Patavarin mo aco Pang̃inoon co, at ſa iyong mang̃a mahal na camay , ay ybig cong mamatay.

Nagſiſiſi acong para nang magandang magnanacao, at tapat ſa aquin ang gayong camatayan, cayà patavarin mo aco na para niya Iesvs na P. co.

Ypinagcacait co ang lahat nang guinava co, at nang may ybigay aco ſa iyo ſa oras nang camatàyan co; ò Pang̃inoon co, ang lahat na magaling na gava co,y, tangapin mo.

Ybig co ang maraling pagca quita ſa iyo Pang̃inoon co, at cahimat ng̃ayo,y, naquiquita quita ſa pagca aco,y, nanononod nang aral mo: ay hindi lomalò ang quita,y, magquita nang capova mochà.

Pang̃inoon co ſa mang̃a mahal mong aral aco mabubuhay , at ſa iyo ding mahal na aral aco mamamatay , at ſiya co ring pagcacamatayan ang mahal mong aral.

Pang̃inoon co hangan tangapin co, ay magaling aco, at yquinatotovâ nang calolova co, datapova,t, yaring cataoan co,y, ypalagay mo ſa balang caybigan mo.

Aba

Aba ca Pangĩnoon co, t, tingnan ta ang iyong mahal na calachan, at alisin mo aco dito sa tinatahanan cong pavang sucat ycagagalit mo dahilan sa masasamang gava co.

Pabayaan ta na ytong lupâ Pangĩnoon co, at padoon na quita sa iyong langĩt, at ybig cong domoon na, t, hovag may macasangsala sa aquin.

Pangĩnoon co, caya guinava, y, aquin, at dahilan sa aquin caya ca namatay: dahilan sa iyo, caya aco guinavà, caya dahilan naman sa iyo, ay ybig cong mamatay.

O calaquilaquihang valan cataposan. Tangapin mo yaring loob co cun aco, y, mamatay, baga man ano ma, y, valan silvi sa iyo nang aco, y, nabubuhay. Pangĩnoon co ycao pò lamang ang macagagavà nito caya tinatangap co, t, yquinatotova co.

Ypagsasalita co ang boong catotohanan Pangĩnoon co, at nang mavalà ang galit mo sa aquin con aco, y, magsabi nang totoo.

Quita, y, magcatoto na Dios na Pangĩnoon co, ang mangã hirap co sampon nang iyong mahal na Gracia, ay maguin ysa na sa pagcoconfessar co, ay tolotan mo naman acong magcomulgar niyong cabanalmahalan.

O Pangĩnoon co, cun ycao ang Dios co, at aquing dating catoto, ay anong colang sa aquin? Aco, y, vala nang tacot con ycao pò ang caharap co, at vala naman acong Pangĩnoong yba cundi ycao pò lamang.

Hovag acong mamatay Pangĩnoon co, at con mamamatay aco, ay sa iyong mangã mahal na

ca-

camay, at iyong mahal na Gracia, at ſaca aco ma-
buhay ſa iyong malaquing avâ.

Pañginoon co, ſa mañga caſalanang co, ay vala
acong ſucat yſagot ſa iyo; datapova,t, ycao na-
ma,y, valan yſagot ſa iyong mañga carapatan.

Mamamatay din aco IESVS mio, at hindi mo
ypatatavad ang buhay co, ay di aco natatacot nion
Pañginoon co, at ang aco,y, may Amang Hocom.

Tinatangap co ang ano mang hirap IESVS na
Pañginoon co na domating ſa aquin, cun madara-
pat ſa caontiontiang iyong Paſsiong camahalma-
halan, ay ypagcaloob mo ſa aquin yayang ſiya
cong ycagagaling cun calangcap ang iyong avá.

IESVS na Pañginoon co ang mañga Indulgen-
cias na caloob mo ſa iyong Vicario dito ſa lupâ, ay
aquing paquinabañgan, at ang capangyarihan nang
iyong mahal na Dogo ang magcavas ſa aquin.

Cun ycao po,y, naſaaquin IESVS na Pañginoon
co, ay canino aco matatacot: Cahima,t, magbuhat
ang ſang Inferno, at lomaban ſa aquin, ay ycao pò
ang hinihintay co.

Ama quita Dios na Pañginoon co, at aco,y, anac
mo, alangalang ſa iyõg gracia, aco,i, patavarin mo.

Aco,y, valan ybang Dios, at vala naman acong
ybig cundi ycao pò lamang, cundi mo aco tolonñgan
livanag co, ay ſinong totolong ſa aquin cundi ycao
pò lamang.

Malivanag pa ang iyong mahal na aral ſa livanag
nang arao; ſa iyo aco mabuhay, at ſa iyo naman
aco mamatay.

Caguinhavahan pò quita, at ycao nñga ang ca-

guin-

guinhavahan co , con naſaaquin ca,y, ano ma,y, valan maſamâ , at ang ycao nǧà ang magaling ſa aquin.

Sa damdam co,y, naquiquita co na ang Lanǧit na pinagcacapiſanan nang lahat nang nagpupuri nang calachan mo , at doon mo din naman patatahanin ang boò cong loob.

Ay, calovalhatian co , aba ca, aba ca na,t, tingnan ta ang iyong calachàn.

Aba ca, at purihin tang valan catapuſan! ò Hari co, ycao lamang ang totoong pinupuri.

Malaqui ang manǧa caſalanan co Dios na Panǧinoon co, datapova,t, lalong malaqui ang manǧa carapatan mo , ay yto,y, iyang maguiguin gamot nang manǧa ſugat co.

Mamatay man aco ſa pagca ybig ſa iyo, IESVS na Panǧinoon co, ay hovag ſa maſamâg bagay ang pagca matay co.

Panǧinoon co con aco,y, macavavalâ dahilan ſa manǧa gava co na di caſama ang ava mo, ay pinaval-an cong halaga,datapova,t, Panǧinoon co, ang mahabilin ſa aquin, ay ang tacot co ſa iyo.

O caybigybigang co, anong pagca lavon nang pagca quilala co ſa iyo, datapova,t, cahimat nalavon , ay naquiquilala din quita.

Panǧinoon co con ycao ang hahatol ſa aquin, ay ycao din na man ang tongmobos ſa aquin, ay ang iyong mahal na Dogo ang macaorong nang paruſa mo ſa aquin.

O cayſan matatapos ytong caralitaan co, at nang camtan co ano caloval-hatian mo.

Ycao pò ang hinihintay co nang catovaan co, cayâ coronahan mo aco,t, ſiyang hinihintay co.

Panginoon co, nang magcaſala aco ſa iyo,y, di mo aco pinaruſahan, ngay-ong hongmihingi aco nag tavad, ay ang tapat po,y, aco,y, patavarin mo.

Panginoon co, patavarin mo aco alangalang ſa manga calachan mo, at ang cacolangan co,y, ang ycao nga,y, Dios na valan catapuſan, at aco,y, oyod na maſamâ, gaoin mo ang caloobin mo ſa aquin, at ſoſonod naman aco nang totoong pagſonod.

O malaquing Dios, at Panginoon co, laqui nga bagang halaga nang padoon ſa caharian mong ang lahat,ay nagpupuri, at vala yſa mang ſongmoſoay.

O cabutibutihang loclocan na pinagcacapiſanan nang Calovalhatian nang Dios, at Panginoon co, ang pagca quita ſa iyo,ay caguinhavahan nag lahat.

Buhay co, matapos na ang manga panahong pagcacaſala co ſa iyo, at mul-an co na ang valan catapuſang pagpupuri ſa iyo.

Parini ca ſa calolova co Panginoon co, at ang calolova co,y, ſumaiyo.

Aco,y, ang Ovejang navavalay Panginoon co; tangapin mo ſa manga balicat mo, at valan ybang magaalaga ſa aquin, at vala naman acong yniybig.

Panginoon co, yadya mo aco ſa lahat nang manga caavay, at ang tomolong ſa aquin, ay ang manga catibayan mo ſa manga cahinaang co.

Ytong cahirapan co, ay ynihahaying co ſa iyong Panginoon co, ay ypaquiſama mo pò ſa iyo, at opan aco,y, maguin dapat na magcamit nang ma-

nga calachan mo.

O Dogo nang aquing Cordero, hugasan mo ang calolova co, at yayang caya na bobo,y, dahilan sa aquin.

Panginoon co, ang manga cacolangang quinacamtan co y, hovag mo pong pabayaang mapatoloy, at pagyamanin mo din Panginoon co.

Ang boo cong loob, ay ynihahanda co pati niring cataoan cong may saquit tangapin mo Dios, na Panginoon co.

Pacagalingin mo Panginoon co, ang calolova co, at cun ang cataoan co,y, di co ynaalaala.

Ybigay mo sa aquin Panginoon co, ang ysa mog camay, sampon nang ivong mahal na Gracia, at tatangapin co naog boo cong calooban.

Panginoon co, ang iyong Ynang camahalmahalan ang tomolong sa aquin, yayang nang mamatay ca,y, naquita mo,y, cun mamatay aco,y, maquita co naman.

O Virgeng maavain, dalhin mo aco sa iyong Anac, at ang tolong mo sa aquin, ay natatanto co na siyang ypagpapatavad sa aquin nang manga casalanang co.

Manga Santos na mapapalad, yadya ninyo aco dito sa camarayan co, yayang cayo ang madoronong magpuri sa ating Panginoon.

Lahat nang Santos na aquing manga Pintacasi, ngay-on ang panahong ytotolong ninyo sa aquin; aco,y, ypanalangin ninyo, at conin ninyo ang boo cong loob, at yhayin ninyo sa Panginoong Dios.

Manga Angeles sa Langit, ypagadya ninyo ya-

ring

ring calolova co sa lahat nang masamà, at dalhin ninyo sa inyong pinupuring may gavà sa lahat, at nang masama sa inyong capitaman.

Pagca valan vacas nang aquing catovaan na parusahan yaring ovod na monting para co, at nang mapahayag ang iyong avà, yayang dati mo acong pinatatavad.

Panginoon co, dalhin mo aco doon sa madoronong magpuri, at ybig cong camtan ang ysang buhay, yayang mahabà nang arao ang pagca sira co.

Mangagamot ca IESVS na Panginoon co, ay gamotin mo aco nang lalong macagagaling sa calolova co.

IESVS na Panginoon co, hovag ding mavalâ ang mahal mong Dogo na di mahalagahan nang calaquilaquihang halaga, na dahilan sa aqui,y, na sabog; ay patavarin mo aco.

Hovag mo din acong pagysipan livanag co, at cun pagysipan mo aco, ay ycao din ang coconang co nang ypagsosolit co.

Aquing mabuti, ang mangà bonton hininga co,y, taos sa boò cong loob, av gaoin mo din pong pagca ybig co sa iyo, at valan taros yaring catao-an co cun di mo aco tolongan.

Caya ca nanaog dito sa lupà, av nang piguinginmo ang mangà macasalanan, aco,y, macasalana,y, piguingin mo aco IESVS mio, at dalhin mo aco sa iyo.

IESVS na Panginoon co, ypaquita mo salaquin ang iyong avà, tavo acong madamot, at porò nang casam.àn, ay ang mangyari ang tolong mo sa aquin.

IESVS na Panginoon co, tingnan mo ang calolova co, tangapin mo Panginoon co, at ypalagay mo sa balang caybigan mo, at hindi na aquin, at ybinibigay co na ngay-on sa iyo, at hangan sa walan catapusan. Siya navâ.

IESVS na Panginoon co, bigyan mo aco nang magandang camatayan. Siya navâ.

Dalitain mo Panginoon co, ang cabigatan nang aquing loob.

Datapova, t, mahiguit sa pinaparâ aco nang pagca ybig sa iyo, baga man ponò nang sugat nang pagcacasala sa iyo, cun ang buhay ma,y, mavala,y, hovag mo ding talicoran nang mangā mahal mong mata IESVS na Panginoon co, aanhin co pa ang buhay na homabà cun pavang pagcacasala sa iyo, di co mabata ang di suminta sa iyo, ay āg bathin co pa,y, ang aco,y, maguin caavay mo, firain mo Panginoon co, ang boò cong loob nang pagcacasala co sa iyo, na siya lamang magcasiya sa loob co, at maquilala cong lahat ang pagcacasala co sa iyo, at mavalâ man ang boo cong buhay, datapova,t, ang mangyari lamang, ay ang pagca ybig co,t, panimimdim, at pagquilala co sa iyo.

Mabuhay ma,y, cun pavang capangānibao Panginoon co, mahangay hovag mabuhay, at cun mabuhay ma,y, cun pavang casalanan, ay anong aquing quinapapacan-an, magdalita ma,y, cun alaala sa iyo,y, magaling, datapova,t, cun ang pagdaralita,y, dahilan sa casalanan, ay masama din, yotos mo nang alisin ang buhay co, IESVS na Panginoon co, at bigyan mo aco nang camatayang

pa-

pavang caavaàn mo. Ypagca loob mo ſa aquin Pañginoon co, ang Iuſticia mong hinihingi co, at aco,y, paruſahan mo nang magandang camatayan, at nang maalis na aco dito ſa maſamang buhay, mamatay na aco, ò aco,y, mamatay na. Datapova,t, yadya mo ſa dilan maſamà yaring alipin mo, ſa pagca bilango, yaring catao-ang co, baga man iyong caavay, at nang matahimic hangan aco,y, may buhay pa, at mavalà ang mañga capanaghiliàn na ſiyang yquinahihivalay co ſa caybigan mo! O valan caparang pagca tavo, ſinong magaadyà dini ſa catao-an cong naghihirap ſa pagca matay, ang mamamatay lamang, ay ang catao-an, at mamamatay din naman ang calolova, ang camatayang pagca matay nang catao-an, ay tinatangap co na, ang camatayang marali. Datapova, t, macavalà aco ſa camatayang valan catapuſan, at cun aco,y, malis dito, ay hovag acong maſacopan nang gayong bagay IESVS na Pañginoon co, aco,y, mapaloob din ſa iyo. O caloval-hatiang co, yto, y, malivag ſa aquin; at ſa iyo pò, ay marali, yadya mo aco IESVS mio, talicoran mo ang dila cong caſalanan, yayang ycao ang tongmobos ſa aquin, hindi aco hongmihingi na homabang arao ang buhay co, at nang aco,y, gominhava ſa aquing buhay, cundi ang aco,y, mamatay, at mavala na dito, datapova,t, ang valan caſalanan ſa iyo, hinihingi co ang mamatay aco, ò mabuhay cayà, na hovag ang may galit ca ſa aquin; ytong bagay nayto, na yniybig co ſa pagca matay, ay pagca ybig co nang malaqui na hovag mabuhay. Caya ang hinihintay

co

co lamang, ay ang calooban mo, at ycao pò lamang ang pinupuri co dito sa lahat nāg pagca palagay co.

Tangapin mo IESVS na Pangīnoon co, na movi sa iyo ang calolova co, at ang boò cong loob; ay magpuri,t, magpasalamat sa iyo, doon sa malaquing ybig mo sa aquin hangan di maalis ang buhay co, at dito din sa bagay na yto, ay mabuhay aco nang mahabang buhay cun aco,y, mamatay.

PAGSISISI SA CASALANAN.

PAngīnoon cong Iesu Christo, Dios na totoo, at Tavo namang totoo, na gongmava,t, songmacop sa aquin, pinagsisisihan cong masaquit sa tanang loob co, ang lahat nang ypinagcasala co sa iyo, ang dahilan nitong pagsisisi co,y, ang ycao pò lamang, ang Dios co, Pangīnoon co, at Ama co, na yniybig cong lolo sa lahat: Caya ngâ yatâ nagtataato na acong matibay na matibay sa loob co, na hindi na aco molimoling magcasala sa iyo, at nagtitica naman acong magconfessar, nang lahat cong mangga casalanan, at sosondin co rin ang parusang ybibigay sa aquin, at ongmaasa din naman acōg patatavarin mo rin alangalang sa mangga Passiong dinalita mo nang pagca matay mo sa Cruz avá sa amin. Amen IESVS.

KYrie eleyſon. Chriſte eleyon, Kyrie eleyſon.
Santa MARIA. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang mang̃a Santos, Angeles, at Archangeles. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
San Abel. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang mang̃a Banal na quinayybigan nang Dios. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
San Abrahan. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Iuan Baptiſta. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang mang̃a Santos Patriarchas, at Profetas. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
San Pedro. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Pablo. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Andres. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Iuan. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang mang̃a Santos Apoſtoles, at Evangeliſtas. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
Lahat nang mang̃a Santos Diſcipulos ni Chriſto. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
Lahat nang Stos. Innocentes. Ypanalang̃in n. ſiya.
San Eſtevan. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Lorenzo. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang mang̃a Santos Martyres. Ypan. n. ſiya.
San Silveſtre. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Gregorio. Ypanalang̃in mo ſiya.
San Aguſtin. Ypanalang̃in mo ſiya.
Lahat nang Santos Pontifices, at mang̃a Confeſſores. Ypanalang̃in ninyo ſiya.
San Benito. Ypanalang̃in mo ſiya.

San

San Francisco. Ypanalangin mo siya.
Lahat nang manga Santos Monges, at Hermitaños.
Ypanalangin ninyo siya.
Santa Maria Magdalena. Ypanalangin mo siya.
Santa Lucia. Ypanalangin mo siya.
Lahat nang manga Santas Virgines, at manga Bayo. Ypanalangin ninyo siya.
Lahat nang manga Santos, at Santas nang Dios.
Calarahin ninyo siya.
Ypagsangalang mo. Patavarin mo Poon siya.
Ypagsangalang mo. Hovag ypahintolot Poo siya.
Ypagsangalang mo. Hovag ypahintolot P. siya.
Sa iyong cagalitan. Hovag ypahintolot P. siya.
Sa capanganibang camatayan. Hovag yp. P. siya.
Sa dalita sa Infierno. Hovag ypahintolot P. siya.
Sa dilan masasamâ. Hovag ypahintolot Poo siya.
Sa capangyarihan nang Diablo. Hov. yp. P. siya.
Alangalang sa Panganganac sa iyo. Hov. yp. P. si.
Alangalag sa Cruz na quinamatayan mo. Hov. yp.
Alangalang sa caligaligayang pagca buhay mo.
Hovag ypahintolot Poon siya.
Alangalang sa cahangahangang pagacyat mo sa Langit. Hovag ypahintolot Poon siya.
Alangalang sa Gracia nang Espiritu Santong mapanaliu. Hovag ypahintolot Poon siya.
Sa arao nang paghohocom mo. Hov. yp. P. siya.
Ang manga macasalanan. Nagaamoamo cami iyong paquingan
At nang patavarin mo siya. Nagaamoamo cami iyong paquingan.
Kyrie eleyson, Chriſte eleyson, Kyrie eleyson.

PAS-

PASSIONNI IESV CHRISTONG Panginoon natin.

SA Ona pang nanhuhula ang manga Profetag madla, saquit na ypararaya, manga ypararalita. sa Mesias na naava.

Ang vica,y, matatalian, daracpin nang sandatahan, mumurahi,t, di ygalang, siya,y, pagiyvan naman Discipulong caybigan.

Totobonga,t, ysosombong, daraiguin sa pagtotol,

saſinongalingan yaon,
doon nila yoolong
cay Poncio Pilatong Hocom.

Ang manga hula pa,t, yſip,
ay hahampaſing maſaquit
nang limang libong mahiguit,
at popotongan nang tinic
ang Olo niyang mariquit.

Aariin namang ol,ol,
at ypagdorooldool
niyong manga mararonong
anaqui,y, aliping davol
pagmoray pinatotoloy.

Sa Cruz ypapaco rao,
at nang lumobhang humilay
ang caniyang pagcamatay,
ſiya,y, pagpapagytanan
nang dalavang maghanacao.

At paiynomin naman
nang apdo,t, ſucang maſangſang

pa-

pamatid yaon nang vhao,
at doon din mapapatdan
nang caniyang pag camatay.
At toloy ſuſugatan dao
yaong dibdib niyang mahal
vala na niyon ang buhay,
toloy ybabaon naman
ſa yſang baonang hirang.
At dito rin ſa baonan
madlang tavong magbabantay
Soldado ſa Romang Bayan,
at nang ma icatlong arao
ay magooling mabuhay.
Yayang ito,y, natopad na
lahat na hula ſa ona,
Dios, ay caya namura,
tayo ring tavong lahat na,y,
atin ding ycabaliſa.
Nğay-on ay tayo,y, matova
paſalamat ſa naava

sa tongmobos, namahala,
baquit mapagbigay pala
siya pang nacatimava.

ARAL.

YVan na ang dilan pita
cataoan nating maola
ang ybig di,y, ang magtava
laman baya,y, palamara,
mapagpasangpalataya.

Maganda,y, ang magcasaquit
dito na ngani tomangis
nang cosang di pinipilit,
cun sa Dios ydarangpit
doon loloag sa langit.

Sipag manga tongmitiguil
ang loob ninyo,y, pucavin
ysolong ang paninimdim,
hovag nating pagsosondin
itong bolinya nang galing.

Pintasan nati,t, pulaan

itong

itong manga laman bayan
handog, yrog, at palayao,
calogodlogod con tingnan
sa cahanggana,y, sucaban,
Sa Dios tayo domayng,
paava,t, hominging tambing
yayang siya nating galing
tayo nama,y, guiguilivin
ybig na di pacasam-in.
Ang dalhin nati,t, y alay
itong Pasion niyang tunay
siya nating ypagdangal,
ypagparaparangalan,
nang siya,y, maalang alang.

ANG PAGHAPON NANG A. P. IESV Christo, sampon nang caniyang manga Apostoles.

AY ano,y, sa dumating na
arao na hula sa ona

nang masisidhing Profeta,
ycatitimava baga
nating ynapo ni Eva.

Si Iesu Christong marangal,
sampon Apostoles naman
doon sila napipisan
sa isang Bayanbayanan,
na Bethania ang pangalan.

Nangusap na nga si IESVS,
ò manga catoto,t, irog,
panahon itong tibobos
ganap na aquing pagsonod
hatol nang daquilang Dios.

At ypinahanda naman
ang canilang hahaponan
Corderong Pagpapasquahan,
ang caniyang ynotosan
si San Pedro, ni San Iuan.

Ay ano nga,y, nalicmo na
si IESVS na Poong Ama,

ſiya ſampon nang caſama,
doon ſa cacanan nila,
at nagvica capagdaca.

O manga Apoſtoles co,
ybig co,t, manga catoto,
lavon nang ninanaſa co
ang tayo ay magſaſalo
arao na Paſquang ganito.

At bagaman nga maralas
aquing ypinahahayag
ang ycalavang Perſonas
nang Santiſsima Trinidad,
papatayi,t, maghihirap.

Yto,y, caholiholihan
nang ating pagcacapiſan,
at paghaharap ſa dulang,
pavavacaſan co naman
dati nating pagaagbay.

Dito ſa paghapong yto,y,
toloy nagvica ſi Chriſto,

doon ſa manga catoto,
may dito tayong caſalo,
ypagcacanolo aco.

Si San Pedro ay naguicla,
ſampon nang manga caſama,
ang vica nang yſa,t, yſa:
aco po caya (aniya)
ang lanvang, at palamara?

Toloy ongmalimis naman
ſi San Pedro, cay San Iuan,
ypatatanong ang bagay
opan ſiyang pahayagan
cun ſinong maycaſucaban.

Si San Iuan ay tongmanong
cay IESVS na Panginoon,
at cagyat namang tongmogon,
poſo,y, nang di malingatong
nang caniyang manga campong.

Ang vinica ay ganito,
na cun alin man ſa inyo

ang


RPJCB

at hohogaſan ang paà
tanda nang ganap na ſinta.
Si San Pedro ay nadulit
ſa opo niya,y, nagtindig
ang vinica,y, *Non lababis*
inæternum mihi pedes,
pagnilay po,t, di matovid.
Maca ang Langit, at Mundo,
na tongmitingin ſa iyo
mahapis ſilang totoo,
magdalita ang Poong co,t,
ito pò ay iorong mo.
Ang ſagot ni Ieſu Chriſto
ſa Apoſtol na cay Pedro,
ay cundi ca paooó
nitong hingi co ſa iyo,
ay di na quita catoto.
Yhihivalay na quita
hangan ngayo,y, di caſama,
di ca magcamit guinhava

IESVS ſuda ſangre.

Eſculpida p. Fran.co Suarez

RPJCB

hapong ſila,y, natitipon.

Nang magmula nang paſoçan
budhi ni Iudas na banday,
nang ang loob niya,y, ſidlan,
niyong gavang calilohan,
nagcanolo ſa Maycapal.

Saca nanga nagbuhat na
itong ſi Chriſtong maganda,
ſampon Apoſtoles niya
doon ſa quinanan nila,t,
gab,y, ſinaſamantala.

Longmacad ſila,t, naglacbay
doon ſa yſang Halamanan
Gethſemani ang pangalan,
dating pinananalangĩnan
niya,t, quinavivilihan.

Ang ſinariling totoo
niyaya niya,t, inico,
ang mabait na ſi Pedro,
at yaong dalava catavo

na anac ni Zebedeo.

Niyong ſila,y, ſa daraan,
haba nang daa,y, pagaral,
aral na calayaolayao,
nitong Maeſtrong maalam
nang di ſila nalulumbay.

Toloy ang vinica,y, ito,
manaà magyñgat cayo,
at ñgayon ding gab-yng ito,y,
valan pagſala,t, totoong
aco,y, inyong ibubuyo.

Yto, y, lavon nang pahayag,
hulang dating ſa ſuſulat
nang Profetang Zacharias,
himala t, pagbacasbacas,
dito cavañgis, catapat.
Percutiam Paſtorem, & diſpergen obis gregis.

Ang Paſtor ay ſuſugatan
ito bagang camatayan

(à niya

(à niya) ay ſaca naman
campong niya,y, mabubugao
valan di calalayaſan.
Cayo rin nĝani iylag,
magpapabaya,t, dorovag
dili cayo omalagad,
iſa,t, iſa ay gagagâd,
cayo,y, magtatacbong lahat.
Nang maringig ni San Pedro,
itong vinica ni Chriſto,
ang loob niya,y, nanlomo,
at nangoſap nang ganito
tapang ay pinaſilacbo.
Et ſi Omnes ſcandaliſati fuerint in te,
ego numquam ſcandaliſabor?
Maeſtrong Pangiinoong co
ano pô iyang vica mo?
ſilang lahat ma,y, tomacbo
di acò manao ſa iyo,
ſa mahal na harapan mo.

Aco,y, panivalaan mo
nitong pangaco cong ito,
totohanin mo,t, totoo
quita mang dalava,y, maano
di quita ivang Poong co.

Ang togon ni Iesu Christo
oya, cararahan Pedro,
bovag cang gomasogaso,
isip iyang vinica mo,
maca di maguin totóo.
Amen dico tibi quia in hac nocte ante-
quam Gallus cantet, terme negabis.

Aco,y, inyong lilisan nga,
at iyvan alipala,
icao pa,y, magpapabaya,
macaitlo pang tomatova
maloma ca nang calinga.

Si San Pedro,y, songmagot pa
ang tapang, ay pinasiya,
Panginoon co (à niya,)

mata,y, di manivala ca
tantong aco,y, magdaratna.
Cun cahima,t, aco,y, anhin
ang buhay co ma,y, alisin,
di quita itatova mandin,
loob co,y, di co pilisin
di mara sa ibang tacsil.
Nang sila ay domating na,
nangosap capagcaraca
si IESVS na lalong ganda,
aba, manga aquing sinta
manalanging parapara.
At nang di cayo pasucan
nang dilan tocsong casam_an,
na quinaliligaligan
naug lagay, at caasalan
dilan hibong mahahalay.
Cayo mona,y, aquing ivan
dito,t, di aco mabalam,
daosin ang aquing pacay,

hovag cayong malulumbay
di co cayo calimotan.

Agad longmayo nang munti
ſa mangā catotong pili,
itong Dios na may budhi
nang ang loob ay matiti,
nangōſap nang gay-on nāni.

Ama cong Panginoong co,
(à niya) aco,y, paquingan mo
nitong pananalangin co,
na tongmatavag ſa iyo
alivi,t, nang di maboyo.
Triſtis eſt anima mea, vſque ad mortem.

Maſaquit ang aquing damdam,
alap-ap co,t, gonamgonam
ſa dalita,t, pagcamatay
darating ſa aquing buhay,
na aco,y, pinagpupuſan.

Yaon pong iquinagalit mo
ſa ſangcalibutang tavo,

nang pagsoay sa otos mo,
at paglililo sa iyo,y,
sa aquin mo ibobonto?
Ngayo,y, anong aquing gao_in?
aco ma,y, nagagalimhim,
ang loob co,y, di co sondin,
dili co papanolosin,
cundi ang iyong loob din.
Soco rin, at sonod aco,
tongmotopad po sa iyo,
aco,y, valan ano ano,
calinga co ring totoo
ang balang ypaóo mo.
Diladila cong gagao_in,
anot, anong iysipin,
ang sambitla co,y, icao rin
tica cong na papanimdim
sa aquing budhing malalim.
Aco nga,y, nagpacarucha,
at nagpacaimbing lubha,

na nagpacababababa,
aquing vinalan bahala
ang dilan himbing ſa lupa.
Aco,y, di nagpacalayao,
ſa dilan logod catao-an,
ongmayon aco,t, dongmaral
ſa tavong nanga mamayan
ſongmoco ſa caogalian.
Datapova nga anaquin,
ang damdam co,y, damdam mo rin,
ang camatayang darating
na maboboô ſa aquin,
icao ang aquing ſuſundin.
Yto nga ang vica co rin,
loob co,y, di co paranin,
cundi ang iyong loob din,
ang ſiya cong totoparin,
na di aco mangongoling.
At ano ano mang ſaquit
manga dalamhati,t, hapis,

cun loob mo,t, di mapilis
nayari acong di iymic,
tatalima,t, magtitiis.

Tova cong aco,y, patayin
ayupi,t, dovahaguinin
saquiti,t, papaghirapin,
yao,y, tica co,t, panimdim,
cun pagsacop sa salarin.

Sa Dios Ama naquiquiosap,
at siya,y, tongmatalastas
nitong darating na hirap,
na ysasacop sa lahat,
at ang siya,y, nasisindac.

Nang maca panalangin na
itong Anac ni MARIA,
sa Dios na Ama niya,
agad na nagbalic siya
doon sa tatlong casama.

Sila,y, nanga cacatolog,
valan imic, valan quislot,

hin-

himbing ay na papanolos
ang tova,y, nabubulalos;
binati nang bating logod.

Non potuiſtis vna hora vigilare mecum?

Aba? (à niya) manga caolayao
di baga cayo macaramay?
ſa aquin nang paglalamay,
iyſa mang horas lamang
pananalanging mataman?

Vigilate, & orate, vt non intretis in tentationem.

O manga caybigan co,
pili cong manga catoto,
guiſing, manalangin cayo,
at nang di cayo matalo
nang dilan maſamang tocſo.

Noli pa,t, nagſaoli rin
itong Panginoon natin
doon ſa pananalangin

ſa-

sa Dios Amang nagaangquin
pinagmomol_an nang galing.
Ynoolit ynaambil,
yaong onang panalangin,
na dating idinadaying,
at toloy ipinagbilin
ang caniyang Ynang Virgen.
Ang mangá Apostoles naman
caniyang paaarágan,
ipinapagsasanggalang,
na hovag tomalo,t, lomaban
ang loob sa catimtiman.
Yto ring Anac nang Dios,
sa pananalangíng lobos,
pinaosan nang nalilipos,
dogong tunay na ongmagos
sa lupa,y, nacatataos.
Ay ano,y, sa nagagay_on
itong ating Panginoon,
isang Angel ang tongmaon,

otos nang Dios na paroon,
na mabala niyong togon.

Alipala ay hongmarap,
naniclohod, at nangoſap
ſa icalavang Perſonas
nang Santiſsima Trinidad,
ang vica,y, cahabaghabag.

Naringig na pô (à niya)
niyon pa mang ona ona
panalangin mong lahat na,
nang Poong cong iyong Ama,
Dios, na molang guinhava.

Dili ca tinogon niya,
at ſadhiyang iliniban pa,
ang valan maalaala
doon cang icaguinhava,y,
nang di cana ongmaaſa.

Ngay-on ca ngani tinogon
ſiya cong ſadhiya, at caon,
ang paralang vica,y, gay-on

dili mangyaring maorong,
yaring dati itong hatol.
Ytong camataya,t, hirap
ſa catao_an mo tatalab,
nang ſiyang icapagcavas,
icayari,t, icalutas
nang oſap nang tavong lahat.
Malaquing capapacan_an,
ang iyong pagſaſanggalang,
itong iyong babayaran
caſalanang valan hanggan
Dios ang pinamohonḡan.
Caya nḡa Dios ca naman
válan mula,t, catapoſan,
manḡanḡaco, at hahadlang
nitong maraming caſam_an,
cun iba,y, di catoviran.
Ang dilan tavo,y, gagaling,
ang ſalang nacadirilim
livanag ang maſaſalin,

at ang dalamhati,t, lay_iv,
maguiguin tova na,t, aliv.

At ang mañga banal namang
na ſa Seno ni Abrahan,
di palac na naghihintay,
ang bonton hiniñga,t, panglao
ſiya ring ycatatahan.

Siya pang icatitibay
nang dati nang mañga banal,
at ipagbabalic naman
nang tavong macaſalanan
ipagbabago nang aſal.

Di mangyaring di matoloy
himala nang maroronong
hola ſa lavon nang taon,
banal ſilang nagſitonto,y,
mahalay cun maparool.

Poong co itoloy mo rin
pagſacop mo ſa ſalarin,
at hovag mong pacahiy_in

ang maſiſidhing tongmoring,
maca maguin ſinonḡaling.

Yaon pong iyong tivala,
na Yna mong pinagpala
hovag mong icabahala,t,
ſiya na rao ang bahalang
maginḡat, at magcalinḡa.

Ang Apoſtoles mong bilin
caniya namang ſoſondin,
iaadya,t, aangquinin
budhi papaninibayin,
at papananalanḡinin.

Ay ano,y, ſa maſabi na
itong lahat na paralang
vica, nang Dios na Ama,
ſi IESVS ay ſongmagot pa,
ito ang vinica niya.

O Angel, na taga Lanḡit,
ſogo nang Dios, na mabagſic,
hatol niyang di mapilis

tongmaos ſa aquing dibdib,
o o, aquin nang naringig.

Yayang loob niya pala
ang mamatay aco,t, ganda
nang mangā tavong lahat na,
ſalamat nang valan hanga,t,
aco,y, vala nang baliſa.

At nang di naaacſaya
ang dalita cong lahat na,
icapagcacamit aſa
nang logod, at nang ligaya
nang mangā anac ni Eva.

ARAL.

TAvo cang di papangōſap,
na matologui,t, macoyad,
magbangon ca,t magbalic-vas,
ang Poon mo,y, napupuyat
hovag cang magpacaloag.

Magſovat ca nang matimyas,

li-



Iesvs ẽtregado ꝑ. Iudas a los Iudios.

Esculpida ꝑ. Luis S.rez

limos, luha,t, paghahampas,
pananalanging malovat,
cun monga,y, na can maglognas
nang caguinhavahang ganap.

Ang lahat mong catacsilan,
tamad, calopacayaan,
dito ca tinataningan
ang Dios mo,y, naglalamay,
gava mo,y, magpahingalay?

Momol_an ang iyong otang
marami na,y, oololan,
at masasaysay pa naman,
paniclohod na,t, domamay
sa iyong Poong maalam.

ANG PAGDAQVIP NANG MA_
nga Iudios sa Ating Panginoong Iesu
Christo, na nangongona si Iudas.

Dlyata,y, nang matanto na
ni IESVS, na ponong ganda,
nang matalaſtas na niyang
camataya,y, malapit na
caniyang talagang hora.

Dili nanga napalagay,
loob niya,y tongmigagal
nguni, biſta,t, alangalang
ſa ſindac nang pagcamatay,
vinala,t, ſa ava nagay.

Siya ay nagſaoli pa
ſa manga alagad niya
(à niya) ay manga oya,
pagtolog ninyo ay aba?
ay at malubhang guinhaua?

Magbangon cayo anaquin
ngayo,y, aco,y, inyong ſondin,
ito na,t, aco,y, daracpin
nang manga tavong ſalarin,
manga napanaghiliin.

Yto nanga silang lahat,
ang nangona,y, si Iudas,
tampalasang hongmahanap,
naghangos, nagdasagdasag
daraquip sa Dios Anac.

Balotian ang catao-an,
paraparang sandatahan
ilao ay di magcaalam
anaqui baga,y, lalaban
itong si Christong maalam.

Nang sila ay malapit na
binati capagcaraca
ni Christo, silang lahat na,
Quem queritis (à niya)
sinong inyong quiniquita?

Ang sagot nang manga lilo,
si IESVS na Nazareno!
ang togon ni Iesu Christo,y,
Ego sum? ang hanap ninyo,
aco nga (à niya) aco?

Ytong gagaonting vica
Ego ſum ? na cacataga ?
nitong Dios na nabala,
ſiyang iquinabulagta
nitong mañga tavong madla.
Ang lahat ay naguin mangmang,
naguin mañga tavong halhal,
ang dahas nila,y, nalomay,
naborol na paran bangcay
ſa lupa nañga timboang.
Pinaſaol_an loob din
nitong Dios na maavain,
ſila,y, nañagbañon pa rin
napavi ang pagcamoling,
nagmalaymalay nang tiñin.
Ynoling binati naman
nitong Dios na maalam,
(à niya) ay mañga tovan
ſino bagang inyong panao
ñgay_ong pinaglalamayan.

Song-

Songmagot din alipala
ang mangā Iudiong madla,
nangōsap nang gay-ong vica;
si IESVS Nazareno ngā,y,
siyang hanap naming sadhiya.
Vica co nangā sa inyo
à nitong si Iesu Christo,
si IESVS, si IESVS, aco,
yaong tavong Nazareno,
na hindi maca aano.
Cun ano ang ibig ninyo
sa aqui,y, ipagtototo,
ang catao-an co,y, narito,
dili maglilitolito,
valan paglaba,t, loob co.
Datapova,t, mangā oya
yaring aquing mangā sama
siya cong quinacalara,
pabayaan ninyo sila,t,
acô co anomang sala.

Sa cay Iudas na mamaſdan
itong vicang malolobay
nitong ſi Chriſtong maalam,
caniyang pinañgahaſan
nang galang na paimbabao.
Yto na,t, lilindilindi
binati na nang maigui,
at ang caſoyô ñgang dati
ang vinica,y, *Ave Rabbi* ?
Maeſtro cong pinupuri.
Ang ſagot ni Chriſto,y, yari
Amice ad quid veniſti?
catoto co,t aquing caſi,
ano ang ſadhiya mo,y, gab,i
niyang ſipag mo, t, paglicſi;
Capagdaca,y, linapitan
yinacap, toloy hinagcan
ni Iudas ſi Chriſtong mahal,
yaon ang palatandaang
hodyatang pinagtipanan.

Bala aniyang batiin co,
yacapi,t, toloy hagcang co
à nang along mapaglilo,
yaon nğani ay ſi Chriſto,
ſiyang paglombaan ninyo.
Binating oli ſi Chriſto
nitong palamarang tavo,
aba pô (à niya) Maeſtro co,
ſinta co,t, calogoran co,
ang Maguinoo,y, maano ?
Ang ſagot ni Ieſu Chriſto
dito ſa ſucab na tavo,
aba? oya ,catoto co
nğay,oy, ano ang layon mo
ſa aquing iyon caſalo ?
Y tong pitan daang yari
di tantong logod ſa budhi,
ſi Ieſu Chriſto,y, ſiya nğani
dili ſiya nagcamali
pagtogon, at pagtibari.

Bago yao,y, di toto,t,
ſa loob ay paglililo,
damdam niya,y, pagooyo,
itong caniyang pagtoto
ſa Panginoong totoo.

Doon pinaglombaanan
niyong manga tampalaſan,
guinapos, at tinobongan
ang liig ay tinalian,
olo,y, pinagſabonotan.

Marami ang ſongmoſontoc,
ang iba,y, nagſiſidagoc,
may tatampal, may babatoc,
ſa caniyang mucha halos,
at pinalilingoslingos.

Paghila,y, vala nang ſayſay
ſa lupang pinagdaranan,
maticlohod, maſongabang,
ynaaring valan buhay
di na pinagdarangganan.

Ang pagmora,y, inoobos
dito ſa Anac nang Dios,
loob nila,y,pinopoſpos
ang di rin patayin halos,
pavang nagdaralan poot.

ARAL.

CVN ito,y, alaalahin,
pagbulayi,t, pagiſipin
nğay_on nang tavong ſalarin
ſucat ding ipanggalimhim
nang may budhing matovain.
Chriſtianos, ſi Chriſto caya,y,
di tantong banal na lubha?
may caſalanang ſang ſaga,
di Dios na di ſapala,
mola nang tapat na gava?
Baquin ſiya,y, guinanito
nang manğa lilong Iudio,
at maſaſamang Soldado,

mahal, mora,t, maguinoo,y,
ongmaayop na totoo.

Anhi,y, ang calalanan mo
binababa,t, pinapang co,
ſi Adan ſa ona,y, nabuyo
naguin anac tayong lilo,
ito, ay ang Adang bago.

Siya ang magdaralita
carovahaguinang madla,
ſinacop ca,t, nang di aba,
nang icao ay di maſira,t,
na can di mapacaſama.

OLol na lubha ang tavo,
palamarang di magſino,
ſucat paſalamat dito
ſa Panginoong totco
alipi,y, guinigüinoo.

ABa Iudas na mamalupit,
ano na iyang guiyaguis,

aling Demonio ang ſongmilid,
ang naſoc ſa iyong dibdib
ſongmira nang iyong bait?

Ano bagang nabanta mo,
anong naalaala mo,
vala ca nang pinaglilo
cun di ang iyong Maeſtro
na caſiping mo,t, caſalo.

Ano ang ſala ſa iyo?
ſaca mo ipinagdoro,
ang ſalapi minahal mo,
ſiya,y, ipinagbayad mo,t,
di cana hongmintay payo.

O Iudas na valan palad,
budhi lilong mapangahas
palamara,t, tavong ſucab,
inaari mo pang hamac
biyaya ni Chriſtong lahat.

Minomonti mo pa baga
ang ava niyang lahat na,

irog, at manga anyaya
sa iyo capagcaraca
sa ona,t, magpangay-on pa.
Turan co,t, iyong paquingan
ang manga pagsasanggalang
pavang caava ri,t, bigay,
na malalaqui mong otang
cun tavo cang nagdaramdam.
Dili ca pinili niya,
at ipinaquibilang pa
sa manga casamang sinta
doon sa labin dalava,
na isa ca sa canila?
Di ang loob mo,y, sinidlan
nang manga mahal na laman,
at pinacain ca naman
nang dogo niya,t catao-an
guiliu sa iyo,t, sintang tunay?
Di icao ay inihalal,
isang Capitang matapang

pa-

papandirigmain bilang
magpapatanyag nang Aral
dito ſa ſangdaigdigan.

Dili ca caſipingſiping,
caſaloſalong comain?
ano mang caniyang gao_in
cativala cang magaling
ſa hayag man, at ſa lihim.

Cun ito,y, pagiſipin mo,
mol_an ſa pono,t, ſa dolo,
dili otang mong totoo?
baquin ipinagbayad mo,
ang may ava nang ganito?

Yaon baga ang ganti mo
ſa Panginoon mong ito?
na nagpatavad ſa iyo
nang daraquilang ſala mo
caavang di taſang_ano.

Bagaman di mo itoring
itong calingang magaling,

inaari mong munti rin,
maanong iyong linǧonin
ſiya mong ipagpaanhin.
Ang Ynang Virgeng totoo
ang di lamang nanlolomo,
doon mo ipinagdoro
ang caniyang Bagongtavo
yayang ipagbabayad mo.
Cun ducha maug di ſapala
ſalat ma,t,valan di vala,
tantong cundi iſaſanla
yaon mang caniyang tocâ
na ſa iyo,y, pagcaava.
Ano baga tavong honhang,
di cana naalangalang,
ay naval-an pang pitagan
dito ſa Ynang maalam,
na may loob na timtiman.
Iudas icao ay bangcay na
ſa biyaya ni MARIA,

ſa irog niya,t, anyaya,
di ca paran anac niya
inaali-alila ca,
Di cayo,y, nagſaſangbahay
iyſa ang inyong dulang?
cun icao ay longmiligao,
may laan ſa iyong bahao,
canin, at anoano man.
Di ca inaanyayahan
ſa mataas na loclocan?
agad cang hinahayinan
nang pita mo,t, caibigan,
na para mong caſangbahay.
Ypinaninivala pa
ang bogtong na Anac niya
ſinta,t, pinaparan mata
daya baga,y, may bait ca,y;
bago,y, di ca tavo pala?
Iudas iyang iyong aſal,
iyang maſama mong lagay

cun di mo tambing bauahan,
tantong icao ay daraval,
calolova mo,y, maſaſayang.

Hayò na,t, magſaoli ca,t,
magbago cang alaala,
tomavad ca capagdaca,
maaava,t, quiquilala
ſi nagſiſiling maganda.

ANo pa nga̅ni dinaquip
ſiya,y minorang maſaquit,
munti ma,y, hindi nagalit
dili tongmalitalilis,
at nagtiis nang nagtiis.

Manan ſa maquita ito
caniyang manga̅ catoto
alagad na Diſcipulo,y,
nagſicatacot, tongmacbo,t,
inivan nila ſi Chriſto.

Malaqui ring caol-olan
itong canilang inasal
ang Amang mapagpalayao,
at ang bayaning Capita,y,
liniſa,t, ang may caavay.

Ang tongmira ngang totoo,
nangalandacan, at nobò
ang matapang na ſi Pedro,
nongos nang tainga ni Malco,
iſang aliping Iudio.

Linabò ang ivang tabac
ang tainga,y, inolipas,
capagcaraca,y, naotas,
nahivalay, at nalaglag
longmahoylahoy ang ſugat.

Manan ito,y, ſa matingnan,
na cay Pedrong cagalitan
bilang caſalanggapanan,
nitong Dios na maalam,
na ang iva,y, linalaman.

Caniyang pinangoſapan
nitong vicang malomanay
Pedro (à niya) ſaol-an
iyang iva ſa calooba,t,
di co quinacatoviran.

Toloy niyang inaralan
cun ſino mang macamatay
cun ang iniyva,y, bacal,
ſiya,y, magagay-on namang
bacal din ang cadaratnan.

Caya aco naparito
na ſinogo nang Ama co,
dili ſuſugat ſa tavo
liligalig, ò gogolo,
bagcos nganing magpapayo.

At ang iſa pang vinica,
Pedro, cun ibig co caya
ang aco ay macavala,
may livag na ſangoliſa
ſucat may macaſangſala?

At cun paaadya aco
Angeles mang ilang libo
ang hing-in co ſa Ama co,y,
may livag bagang parito
mangag agao ſomaclolo?
Dinaralita cong tiquis
ang mangā hirap, at ſaquit;
tivala co,t, pananalig
nan matanto,t, di mapilis
hula,y, nang di magcalihis.
Sa dating nangā ſa ſulat
nang maſiſidhing Profetas
nang maobos cong matopad
ang lahat nilang alamat,
na pavang totoo,t, tapat.
At agad namang quinoha
yaong cay Malcong tainga
idiniquit capagdaca
ſa dati,t, binahao niya,
ava ngang catacataca.

Caniyang liningon naman
itong caniyang caavay,
na mangā tavong ſucaban
dongmaraing baga bilang
hinanaquit gaitong ſayſay.

Aco baga,y, magnanacao,
tavong ligalig, ò ligao?
at mapag maſamang aſal
aco,y, inyong tinobongan
cayo,y, pavang ſandatahan.

Di maralas na maralas
tayo,y, nangāghahaharap
magpan_ayam na banayad
baquin doo,y, cayong lahat
valang ganitong nangāhas?

Di ang dalas cong mangāral,
magſabi nang dilan bagay
nang matataas na aral
ſa inyong mangā Simbahan,
pavang may capapacan_an.

Baquin doo,y, di pinoſpos
ganitong pagcacaloob,
at r.ğay_on cayo nagobos
nitong hamac na paggapos,
na aco,y, inyong binoctot.

Halos di pa natatahan,
itong vica niyang ilan
nitong Dios na maalam
hinila nang valan ſayſay,
at guinagaſagaſaan.

Lahat ay caoongcolan,
nagmola ſa pinagdacpan
hangan di na paſa Bayan,
haba nang daa,y, pagtampal
linilibac,inooyam.

Nagvavagui ſilang lahat
pagdaquip ſa Dios Anac,
nanalo bagang nanggubat,
doon nila itinangbad
ſa bahay niyong ſi Anas.

NANG YHARAP NANG MAnga Iudios ang ating Panginoong Iesu Christo cay Anas, na bianan ni Cayfas.

NAng si IESVS, ay iharap dito sa masamang palad ang tova niya, y di hamac, sampon nang casamang lahat catiyap, at casapacat.

Caniyang pinangosapan si Christong lubhang marangal vicang catampalasanan, ay (à niya) tavong honghang, nasaan ang iyong aral?

Cun dangan tantong mahalay, at manga di catovitan ang aral mo, t, iyong sayay, ay at icao ay pag-ivan manga iyong caolayao.

Ang

Ang malaquing cabaitan
ang cay Iudas na nabulay,
caſoyo mo,t, caſapangan
gugulat na homivalay
nang di maſira,t, maramay.
Siya,y, iyong cativala,
at cagavad mo nang vica,
caſoyo mo,t, caſamaya
baquin ſiya ring nabala
nang aral mong maſaſama?
Cundangan tantong totoong
manga licô ang aral mo,
daya mo,t, nang may magtalo
ano,t, pagliſan ca nitong
dati mong manga catoto.
Pono ca ring tampalaſan
nagbabagobagong aral,
nang maſamang bagong litao
ang lahat nang Bayan-bayan
iyong pinagdarayaan.

At ang iyong cavicaa,y,
nacan ibiguin nang tanan
iparoyo t, anyayahan,
ang iniimbot mo,y, galang
pangánlan cang tavong paham.

Lalo ca pa bagang alam
casantosa, t, pagcabanal
cay Moyseng pinapagsaysay
nang sa Dios na caotosan
doon sa bondoc nang Sinay?

Di marami nang Prophetas
ang pinapagpapahayag?
ipagtavag, at isulat,
aral nilang malilivag
amin ding natatalastas.

Bago ang iyong hinirang
casama mong magsasaysay
nang manga lico mong aral,
pava mo ring cababayan
pinsa,t, manga cahinlogan.

Tayo cang hamac na lamang
di ca ſangpalatayanan,
baquit di ca nagaaral,
ang bait mo pa,y, alangan
valang quinapapacan_an.
Dito ſucat mahalatang
ang aral mo,y, pavang daya,
opat mo,t, pagcocohila
lahat ay guinagambala
nagboboo cang bahala.
Yaong iyong caol_olan
minamatovid mong aſal,
vala cang hangang ſomoay
cami pinalalaloan,
aba, ngayo,y, napaſaan.
Baquin di mo icacalag
diyan ſa talimo,t, hirap?
nang tayo ay magcalotas
cun tanto ca ngang Meſsias,
na hinihintay nang lahat.

Di-

Dito,y, itong Dios Anac
cataga ma,y, di nangoſap,
nanga poot, nagſiabad
ang Phariſeos na lahat,
at ang matandang ſi Anas.
Capagcova,y, nagtatacap,
(à niya,y, hayo,t, ilacad
ihatid na cay Cayfas,
valan taros na tolingag,
cagalitgalit nang livag.
At ang ſiyang naglalalang
nang maſamang catiponan
cay IESVS ipararatang
doon ſila napipiſan,
at ang ſiyang ponong Bayan.
Ang maraming mararonong
doroo,t, nagpopopolong,
à nang iſa,t, iſa,y, gay_on
torol na ipaglilimbong
ang ſombong ay pinag ayon.

Na doon ang pavang pantas,
Phariſeos, at Eſcrivas
yaong mañga manonolat,
iyſip, at tatalaſtas
nang ſombong ſa Dios Anac.
Alipala,y, capagcovan
agad pinaghilahanan
ang Dios nating marañgal,
niyong pavang ſandatahan
pagmora,y, di ano lamang.
Nang yharap cay Cayfas
ang mahal na Dios Anac,
di na tinapos ang oſap
ang vinica,y, magpabucas,
at ang ſila,y, napopoyat.
Doon nila itinahan
ſa maloang na harapan
nang cay Cayfas na bahay
ſa haligui pinagtibay
doon nila tinalian.

Agad naghivahivalay
yaong ibang caramihan
ongmovi ſa totologan
ſa canicanilang bahay,
may pinatanod na bantay.

ANG PAGTATAQVIP NANG manga Iudios ſa mahal na mucha nang Ating Panginoong Ieſu Chriſto.

NIyong gab_ing paglalamay
madlang cabirobiroan
pagoroy, at pagooyam
pavang capalibhaſaan
dito cay Ieſus na banal.
Mahal na mucha,y; pininghan,
na ang mata ay natacpan
panyong marumi,t, maraval,
niyong manga tampalaſang
manga valan pacundangan.
Ynooroy nila ngani

patanga,y, tangbong ca ſipi,
tanda yaon conovari
nang caniyang pagca_Hari,
nang laqui nang pagaglahi.
Conova,y, iguinagalang,
tiniticloticlohoran,
libira,t, yocoyocoan,
bago ito,y, cabohonga̅n
lubhang capalibhaſaan.
Yſa,t, iſa ay tatampal
pinagſaſaliſaliv_an,
mata,y, nagcacantitilao,
toloy pinaglololod_an,
ſaca tanonga̅n nang lagay.
Aba, tinotorang dating
Anac nang Dios na mabuti,
na valan di nagpupuri,
(à niyong) dongmorovahagui
Profetiza nobis Chriſte.
Tavong mapagbunying danga̅l

cun baga totoong icao,
(à niyo mo,y,) lalong paham,
valan di naàalaman
manhola ca,t, iyong toran.
Cun ſa ami,y, ſinoſino
ang nagſitampal ſa iyo,
holhan mo, at turan mo,
yayang ang binabanſag mo,y,
Anac ca nang Dios na totoo.
Itong ſi Chriſtong malobay
di congmiquibo muntiman,
dinaralita ring pilan
itong carovahaguinan
pagayop, at paghahalay.

ARAL.

ABa, icao na butihing
ang ibig mo ri,y, purihin?
mucha,y, liniſi,t, liniſin,
quilay ay pinaiytim,

pi-

pinapuputi ang nǧipin.

Cun baga icao ay alin
ito,y, iyong panimdimin
ang muchang ca guiliuguiliu
ſiya nǧay-ong iniyling
ang dahilan ay icao rin.

Iyo ring icabaliſa
magaral ca nang maguicla
loob mo ſa dilan ſala
yayang iyſa ang hanga
nang manga tavong lahatna.

Tantong ang daling malanta
nang cabutiha,t, nang ganda
panahon ang nagiyba
camatayan ang nonoha,t,
ongmaaco nang lahat na.

Ang cagandaha,t, ang buti
hovag ariing ſarili
vala ring macatatangui
yayang di rin mangyayari,

palibhaſa,y, lupang dati,
Longmilipad itong arao
dito ſa ating pagpanao,
ano pa,t, di ang catao_an,
paran Bayang nagobatan
diladila na,y, ſaſamſam.
Dito ſa Bayang maſama,y,
hovag magcatitivala,
valan longmalaguing tova,
paran papel na palara
tapos na capagcabaſa.
Ang buhay mo,y, dili iyo
ang maganda,y, ingatan mo
ang minſang mamatay dito,y,
di na moling maguin tavo,t,
ang daratnin pa,y, cun ano?

SI San Pedro,t, ſi San Iuan
yaong boo niyang pinſan,

dili rin hongmihivalay,
at nagmamaſid nang bagay
baga man di dongmaramay.
Nananalang ang may bayan
niyong gab-ing caguinavan,
ſa ſiga nagdararadal,
ſi Pedro,y, naquipanalang
gongmagad naquipan ayam.
Siya ngăni ay naquita
nang yſang batang dalaga,
dili butihi,t, hamac na
binati, at pinagſiya,
ay tovan, tovan (aniya?)
Ga naquiquilala quita
ſa maſid nang aquing mata
na dili magcacaiba,
dati cang caſamaſama
nitong tavong hinihila?
Ang togon ngă ni San Pedro
dito ſa babaying yto,

valan maalaman aco
ſa iſip ma,t, ano ano
niyang ipinangoſap mo.
Ycao bongſo,y, naboboyo
nang bati mo,t, pagſiſino
hindi naquiquilala co,
cun ſino,t, cun taga ano
iyang tavong daquip ninyo.
Siya,y, nalis capagcovan
anyong naglilibanglibang
may naquita namang ilan
manga tavong nananalang
noling naquipagpan-ayam.
Nagbabalobalo ſiyang
tavong lagay, at hamac na,
conova,y, hindi caſama,
ang aſal ay iniyba
nang di panſin nang quiquita.
May iſang Iudios doong
caſiping niya,t, caolong,

binati ſiya nang gay-on,
dili ca caſama niyong
tavong holi namin ngay-on?
Ang ſagot nga ni San Pedro,
di caalam-alam aco
niyang itinatanong mo,
ſiya ay tavo ſa Layo,
ano,t, macaſama aco!
May iſang nacatatanda,t,
nacaquiquilalang lubha,
iyan nga (à niya) iyan nga
hovag tomatotatova,t,
Galileo cun magvica.
Pagtanong na itong talos
ſi Pedro,y, nagdalan tacot,
tongmangui ri,t, nacalimot,
ang caniyang iſinagot
ſumpa,t, pagtatova ſa Dios.
Marorog (à niya,t,) piſanan
cun aco,y, caalam-alam,

at cun aco,y, caalagbay
ni Chriſtong inyong caavay,
magmovang cayo,t, magnilay.
Dito na nga nagcocooc
manga ſaſabonging manoc,
naguin tanto ri,t, na lobos
yaong vinica ni IESVS,
ſa cay Pedrong iſinagot.
Natopad din, at naſonod,
hulang vinica nang Dios,
naminingao, namimiloc
budhi ni Pedro, at loob,
cun magtalaoc ang manoc.
Bapa, Pedro ano ito?
ano baga ito Pedro?
ò matapang na Soldado?
pagnilay ang navica mo,t,
iyang ipinangoſap mo.
Di ca may pangaco dito
ſa Panginoon mong ito,

na anhin ca man (à niyo,y,)
di ca iſaman tatacbo,t,
ſiya ay daramayan mo.
Na cayo ay maano man,
at mapaſaanſaan man,
ſaquit ninyong cararatnan,
(à niyo,y,) patayin ca ma,y,
di mo ſiya hivalayan?
At ano mang paghahamoc
dili mo ipahintolot,
baquin ca nagpahinohod,
ngayo,y, iyong itinolot,
ſaca cana tongmalicod?
Ano baga,t, linimot mo
itong Poon mo,t, catoto,
ſaca cana natotocſo
nang iſang babaying tavo
valan bagſic na gaano?
Ano,t, iyong itinatova
itong maalam magpala,

maſinta, at macalinga,
ſaca cana namamangha
ſa tanong na di gahaſa.

Pedro, ito,y, di ang nilit
hihinao ſa iyo,t, papahid?
tongmatangui cang mapilit,
(à niyo mo,y,) *Non lababis*
inæternum mihi pedes.

Di ang iyong onang puri
dito ſa Dios na mabuti,
ibinabati mong dati,
nang minſang cayong magſabi
Tu es filius Dei vivi.

Yto,y, di ang nagpaſilay
ſa inyo nina San Iuan,
lobos na calovalhatian
ſa Tabor niyong buti,t, ſilao,
caniyang mahal na catao_an.

Di doong ca natilihang
ibig mo na ang di manao?

lomagui,t, doon tomahan,
inaaloc mo pa namang
gomava nang tatlong bahay
Nang tova mo,t, nang ligaya,
doon ſa iyong naquitang
pagcalovalhati niya,
baquin ca nñay_on nañamba,t,
ſiya,y, iyong iniyba.
Pedro iyang pagtatova mo
ſa Panñinoong ganito,
daquila mong paglililo,
hovag ca ring magtotoo,t,
nahihinayang ſa iyo.
Ay ano,y, ſa mahalata
nitong Poong mapagpala,
na ſi Pedro,y, naguin bata,
tongmatova,t, nagcaila,
liniñgo,t, nang di maſira.
Tinitigan nang pagtiñgin
nang matang calay_ivlay_iv,

cahiyahiya nang hinhin,
valang capara nang guiſing
ſintang boo,t, paninimdim.

Paran ang vinica niya
niyong pagtitig naug mata,
ay aba Pedro, ay aba?
di mo aco naquilala,
ay naquiquilala quita?

Bapa, dati cong calinga,
cun aco ma,y, itinatova,
icao ma,y, nagopaſala,y,
hovag cang magdalan hiya,t,
aco,y, maavaing lubha.

Ytinatova mo man aco,
paran di caquilala mo
itong iyong pagcaboyo,y,
cun tomavad cang totoo,
dili ca rin maàano.

Hovag cang ſomalavahan
naring aquing calayavan,

dati mo nang namamaſdan
ang tiis co,t, caavaan,
hangan quita,y, nagſangbahay.
Sa alin ma,t, ſa ano man
cun aco,y, pagcaſalanan,
ganti co,y, pagcalooban,
ang datnin pa baga,y, icao
ang di co pagmaalaman.
Ay aba, hovag cang malis,
aco,y, iyong icahapis,
natatali cang maſaquit
ſa poſo co,t, aquing dibdib,
na di co ibig mapacnit.
Aco ma,y, iyong inamis
ſa aquin ca rin manalig,
yayamang quita,y, ſing-ibig
ang Ama cong na ſa langit
ſiyang bahalang bomihis.
Pedro, icao ma,y, naligao,
at nagcamali ſa daan,

moli ca ſa catoviran,
Paſtor mo aco,t, iyong ilao,
na pagcacaguinhavahan.

Si Pedro nama,y, longmingon
mata nila,y, nagcataon
manan naaninao doon
paran tonod, at biſool,
caſalanan niyang yaon.

Dito rin ngā naquilala,t,
natalaſtas capagdaca
caniyang pagcacaſala
ang lumbay ay ſabihin pa
loob niya,y, nabaliſa.

Capagdaca ngāni nanao,
dongmoon ſa loval Bayan
ſa calalay_ivan ilang,
ſala niya,y, tinangiſa,t,
caniyang pinagſiſihan.

Siya,y, nagdirilidili
nang caval an aniani

cay Christo sampon pagapi
galang na orang na dati
sa Dios, na macapangyayari.
Longmoloha arao, gab-y,
sa mata,y, nanlalalabi,
ynibig niya,t, quinacasi,
maayop, marovahagui,
catao-an niyang sarili.
Pinaghahalay ang loob,
nang caniyang pagca limot
sa malaqui niyang Dios,
domagoc, at manhimotoc,
ang luha,y, pinaaagos.
Aco (à niya) Panginoon co,y,
di na tapat turang tavo,
langit ma,y, sucat tomampo,
nang cabandayan cong yto,t,
cabohongan co sa iyo.
Ycao ang aquing Maestro,
at catoto cong totoo,

ay ſiya cong pinaglilo
ytinatova cong di ano,
ſa aba co ngang aba co.
Aba, aya, ſayang bapa!
Pedro nang oban mong madla,
ngay_ong ycao ay tomandang
vala ca nang magagava,y,
doong ca nagpacaſira.
Di mo yniſip quinapâ
ang iyong pagca mababa,
nagbigay ſa iyong avâ
di mo liningon ang hiya
ſa Panginoong may gavà?
Ycao ngani nabalatong
ang bait mo,y, napalolong,
maſaquit na lub_ha yaon,
moc_ha can di longmilingon
ſa Dios mo,t, iyong Poon.
Sinong iyong parolihan
tataboya,t, hihinguilan,

dito sa ponong bang_ao din
pinagtanong nang pasaring
nang masasamang vicain.
Abas (à niya) yto ngà,
ang mapagcat_hà nang gavâ
nang aral na masasamà,
ubhang mananalôn dilâ
naralas magmalicmatâ.
Capagcova,y, tinacapan
inagsosorot nang camay,
at quinocompas_compasan,
mata,y, pinanlilisicàn,
ang malaquing cagalitan.
Abas tavong tampalasan
cao nga ang nangangaral
al na di catoviran,
ng matovid naming lagay
vong pinalalaloan?
Y cao ang nagpapabantog
lari, at Anac nang Dios;

mapaglicolicong loob,
manga tavo,y, ynoodyoc,
at nang sa iyo,y, somonod.
Ngay-o,y; ang ytatanong co
sa iyo ay togonin mo;
manga anong aral ytong
sa ami,y, nacagogolo,
na sinasaysay mong bago.
Ytong Dios na marangal
tongmogon din nang malobay;
dili nagmangamangahan,
ang caniyang vica,t, saysay
manga yto ang palaman.
Caylan aco ongmaral,
nang manga di catoviran!
na (à niyo,y,) calicoàn,
daan acong catunayan
buhay, at caguinhavahan!
Ang lahat cong manga saysay
pavang may capapacan-an,

aquing

aquing ypinatatanghal,
dito ſa ſangdaigdigan,
valan ſucat pagtalonan!
Di co ypinag-iymis
ſa ſoloc namalolopit,
vala acong paglilingid
nang gava cong matorovid,
tiquis ninyong binabalic!
Aquing ypinatatan-ao
ſa maraming Bayanbayan,
ſa Sinagogang Simbahan
ſa cabuloſang lanſangan,
at ſa inyo-inyong bahay.
Hindi ſa calalay-ivan
doon ſa tabi nang daan,
balang di nacaaalam,
ſucat ybigui,t, calogdan
ang ganda,t, guinhava,t, buhay.
Siya na ninyong tanongin
ang naquiquinyig ſa aquin;

at ſiya cong ſaſacſihin,
gava,t, vica cong di lingſil
cun anong canilang turing!
Sa macaſagot ſi Chriſto
nitong mañga vicang yto,
doo,y, ang yſang ludio,
napoot gongmaſogasò,
tinampal ſiya,t, ſinino.
Dinonnihan ding maſaquit
ang muchang linao nang langit,
valan capara nang diquit
bogo,y, nagſiſipañginig
ang ſanglañgitang Angeles.
Nang magmula nang matampal
ang caniyang muc_hang mahal
nañguſap pa ytong bang ao
ol ol (à niya,t,) tampalaſan,
vala ca nang alang_alang?
Ycao ay aling maalam?
ſaca ca na nagpalambang,

togon mo,y, capalaloan
ſa Panginoong gaiyang
Pono nitong ſangbayanan?
Dati itong caratihan
nang tavong nanga mamayan,
matovid man, at dili man,
ongmaayo ſa may halal
bigay puri,t, nang calogdan.
Para nga nitong inaſal
nitong malupit na honghang
di mo na caalam-alam,
nagcagalita,t, nanampal,
nang magcamit carangalan.
Dili na niya iniſip
cun ſala caya,t, matovid,
ang iniimbot na palit
nang catovaa,t, maibig
nang capova valan bait.
Si Ieſu Chriſtong maganda,y,
nangoſap di,t, di nabatà,

ſongmagot capagcaraca,
ſa tongmampal ſa caniya,
ang vinica,y, gayto â.
Cun maſama ang vica co,
ang ſabi co,y, di totoo,
cun ſala,t, camaliang co
ſa inyo,y, nacagogolo,
aco,y, tantong patatalo.
Datapova,t, cun catovira,t,
aco,y, valan caſalanan,
baquin mo aco tinampal,
yaon ang di caol_olan
guinava mong capoſongan?
Cahima,t, ſiya,y, tongmogon
dito ſa aliping bohong,
na nagcaloob nang gay_on
dinalita ri,t, inampon
ang camoraha,y, hinampol.
Sa ganiyong paghaharap
nang Phariſeos na lahat,

capagcova,y, may nagbuhat
dalava ca tavong tongmacap
catiyap, at casapacat.

Cami (â nila,y,) paquingan
mo pô, Pontificeng mahal
niring aming isasaysay,
na daquilang casalanan
niyang tavong tampalasan.

Ngayo,y, iyang tavong iya,y,
nangosap, at guiguib_indao
ang mahal nating Simbahan,
sa loob nang tatlong arao
gagao_in din niya naman.

A ni Cayfas ano ito ?
manga vica niyong tavo
paglaban niya sa iyo
sigao nang manga sala mo,
ang aba mo cun totoo.

Nagtindig siya,t, nagalit
ang mata,y, pinapanlisic

aba? (à niya) valan bain
baquin ca di macaimic,
di ca tomalitalilis ?
Sacsi ang Dios na buhay,
cun di ca ngay_on sasaysay
(à niya,t,) iyong isigao,
combaga totoong icao
Anac nang Dios na tunay?
Ang sagot ni Christong banal,
iyan ding vica mong iyan
nalong sa bibig mo,t, nasnao,
siyang catotohoanan
aco ngang iyong tinoran.
Caya co di ipahayag
sa iyo,y, sabihing lahat,
ang ano mang aquing dapat,
dili mo rin itatapat
nang di na calivaglivag.
Datapova,t, ang tantoin mo
ybabala co sa iyo,

ito ring Anac nang tavo,y,
balang arao paririto,t,
titingnan nang madlang tavo.

Sa alapaap tatahan,
ſa Dios Amang quinacanan,
magloloclocan nang dañgal,
doo,y, ſino ma,t, alin ma,y,
caniyang paghohocoman.

Sa ito,y, maipañgoſap
ni Ieſus, na nagpahayag,
nagalit na ſi Cayſas,
ang mucha ay naguin barac,
paa,y, pinatiractirac.

At nañgoſap nang mariin
ito,y, ſucat nating bathin?
ano pa angchahanapin
ſacſing papanonompain,
lomalo pa dito mandin.

Ñgay-on ſa aquing harapan
aco,y, pinañgangahaſan,

bo-

bocan bibig na bulaan,
togon ay capalaloan
tayong tana,y, hinahalay.
Doon pa cun ſa loloval,
cun ſa tavong hamac lamang
na di ſa aquing harapan
tantong dapat mahatolan
nang duſang icamamatay,
Aba? lahat nang guinoo
à nitong matandang tavo,
anong bantabanta ninyo
hatol na tapat y_ano
ſa may ſala nang ganito ?
Ang ſagot nğani,t, ang ibig
Iudios na malulupit,
(à nila,y,) *Reus, eſt mortis* ?
patain din ang matovid,
iyang bibigang malupit.
Dapat ding dapat patayin
iyang tavong ſinonğaling,

na talipandas, at baliu,
yayang dating asal natin
siya rin ang patoloyin.
Si Cayfas ay napaòo,
hayo (à niya,t,) dalhin ninyo
sa Hocom na cay Pilato,
nang sisihin niya ito,
na macasalanang tavo.
Ylinacad na nang lahat
ipinagdagaraganas,
may sosontoc, may tatadyac,
ipinagtotolac tolac
siya,y, daraladalapac.

ANG PAGPAPATIVACAL NI Iudas, na di ongmaasang sucat ipatavad sa caniya ang caniyang casalanan.

SA maquita itong bagay
saquit na di maolatan,
ayop, carovahaguinan

nitong ſi IESVS, na banal;
ni Iudas na tampalaſan.
Siya ay ga nagbulay na,t,
ang loob ay nagcaiba
magbabagong alaala,
totòo pala (à niyang)
daquila ang aquing ſala?
Ytong aquing nanğa gava,
tantong maſamang maſama,
catoto co,t, cativala,
ſiya cong ipinaſira
val_in co itong bahala?
Capagdaca,y, naparoon
ſa maraming natitipon
manğa Ponong Bayang yaon
ang ſalapi dala,t, bog_ong,
nanğoſap ſiya nang gay_on.
O lahat na manğa mahal
(à niya,t,) manğa Ponong Bayan
nagcamali acong tonay

ang Dogo nang Tavong banal
ſiya cong ipapapatay.

Aco, ay nagcamamali
ſa tica co,t, aquing budhi
ngay-o,y, aco,y, pahihindi
calagan ninyong marali,t,
cacalaſin co ang yari.

Coha itong inyong pilac,
at aco,y, nagpapalapas,
di ano,t, aco,y, magbayad
nang iylang ſaicapat
ſa banal na Dios Anac?

Dili na aco tatangap,
magbabago nang tomayad
nang caſalanan cong lahat,
opan aco,y, maguin dapat
maguin campong na maloag.

Ang ſagot nang madlang tavo
niyong manga Fariſeo
cami ay aano ano,

caya ngā patitingnan mo
mona , cun gao_in mong bago.
Iudas malis ca na diyan,
vala can pangyayarihan
di ca namin paquiquingan
ano mang iyong caratnan
di cami nacaaalam.
Tayo ay nagcalotas na,t,
ang ſulat ay nayari na,
iyo ang pilac, at amin ſiya
capova natin minaganda,
ay nāay_on ca pa nāangāapa?
Manao ca nang magmarali
gao_in mo ang iyong budhi,
cami dili batang monti
paoo,t, ſaca parili,
hovag cang magcoticoti.
Ytong ſi Iudas na ol_ol,
valan pagſiſiſing roloy;
ſa maringig na ang gay_on

capagcova,y, nanao doo,t,
ſa Simbahan na tongmoloy.
Sa pinto ibinolagſac
yaong dala niyang pilac
anhin co (à niya) lapas,
aco,y, dili na tatavad
diva aco,y, di na dapat.
At yaring gava cong ſala,y,
malaquing valang capara
aco ma,y, magpenitencia,
di aco,y, lilingonin pa
di na cavaſang nagbata?
Alipala,y, nagtomanan
longmabas, nagpativacal
ſa ifang cahoy dongmoclay
liig niya,y, tinalian,
nagbicti,t, nagpacamatay.
Ang mangā ibo,y, dongmaguit
ſa bangcay niyang malupit
nitin_niti,t, navid_navid,

nalobos pang nabulisic
nang manga Demoniong ganid.
Calolova nitong bohong
sa Infierno naparoon,
sinasaquit magpangay-on,
valang catapusang taon
sa apoy din nagagatong.

ARAL.

MAnga Christianong salarin
magisip cayong magaling
sa loob ninyong malalim,
cun magsisisi,y toloyin
hovag sa imbabao danin.
Si Cain, ni Antiocho,
nangagsising para nito
di taos sa budhing toto,
ang di sila nagtotoo,
capova na sa Infierno.

Ang caavaan nang Dios
inari nilang di taos,
di pinatigas ang loob
pinalabalabantolot
boong pagtavad sa Dios.
Cayo ma,y, salat labhasa,
sanglacsa,t, macayoyota,
mahahalay daraquila,
sa sanglibota,y, masama
sa Demonio,y, nanunumpa.
Cun tantong tayo,y, paava,
tomavad magpacumbaba;
laman sa loob, ang hiya,
lilingonin alipala
nang Panginoong may gava.
Cagavian nang Dios, at galing,
omanpon sa dongnaraying
tova niyang siya,y, polhin,
mayamaya,y, bibigyan din
tayo, nang daralanginin.

Pinalalo ſa Iuſticia,
ang caniyang miſericordia,
ſa caniya ma,y, may ſala
ſiyang tavaran tovi na,
panaligang valan hanga
Maalam nga ſiyang lubha,
at dati na namang vica
ſa cay Ezechiel na hula,
na dili ibig maſira
ang tavong caniyang licha.
Ano mang pagca ſalarin
cun ang loob ay baliquin,
at ang Dios ang panimdim,
mangaco pang di ſoayin
ſondin ang otos, at bilin.
At toloy ipagconfeſſar
ang lahat ano mang halay,
talimahi,t, ſondin naman,
ang paruſang ibibigay
Padreng pinagconfeſſalan.

Pangangadyi, at limos man,
paghahampas sa catao.an,
at cun may pasasaol.an
nang ari,t, ano mang bagay
hovag siyang may malisan.
Cun gay o,y, manivala na,t,
omasa capagcaracang
masasaol.an nang Gracia,
totoran nang Anac niya
langit pa,y, ipamamana.
Dios ay di mapagtanim
dili tavong para natin,
bolinya man magcasanghil
dili na bati batiin,
ang bala pa ay patayin.
Bagcos ang caniyang hiling
ang siya,y, ating dologuin,
ibigui,t, palasintahin,
tantong tayo,y, aamponin
caniyang cacatotohin.

Ang minſang ipinatavad
dili na maboclatboclat,
datapova,t, cun ſa ava,y, lagap
caniyang ibobolalas
ang Gracia, at boong cavas.

Tavo cang vala can hiya
di ca lomata,t, maava,
ſa tavong iyong capova
ang matalabid pang vica
ſa poſo mo,y, di mavala.

Di ca naghahalimbava,y,
ang dalas mong magcohila!
magdaya,t, magopaſala,
ſa Panginoong may gava
ſaca ca nagpapabaya.

Cun-ſino ca ma,t, cun alin
di na quita pagolitin
ang dibdib mo,y, iyong cap_in
cun anong iyong galimhim
doon mo na oſiſain.

Salarin ca man, at boctot
hovag ca haning matacot,
ang isamo,t, isohot,
itong Pasiong isinacop
nitong maavaing Dios.
Omasa ca ri,t, magnasa
datnang ca nang boong hiya
nang pagsisising tiyaga,
sintang sa poso magmola
ipagpipighating lubha.
Cun di ca datnan nang gay_on,
ay para cang toyong cahoy,
gangong valan paglililong
nang iyong ipagoosbong
ipagoogat mo toloy.
Bal_on siya,t, siya,y, bocal
na pagcacaguinhavahan,
ang tolaran mo,t, parahan,
si Magdalenang timtiman
sala,y, naguin Santang tunay.

Hovag parahan ſi Iudas
tampalaſang mapangãhas,
Diſcipulong colang palad
capanaliga,y, hinamac
di hongmintay nang patavad.

IPINAGSASANGOSAPAN nang mangã Iudios cun iſaſaan nila ang ſalaping itinapon ni Iudas,na pinagbayaran niya cay Ieſu-Chriſtong Panginoon natin.

SA ang ſalapi doroon
cay Iudas na itinapon,
nagſangoſapa,t, nagpolong
ang mangã Iudiong ol-ol,
cun aanhin nila yaon.
Anila,y, di catovirang
ifilid yaon ſa caban,
ihalo ſa cayamanan

ang ſa Simbahang cacamtan
ito,y, ſa dogo,t, pagpatay.

Ang pinagcayarian nang
minatovid nang lahat na,
ating ibili'(à nila)
nang iſang lupang maganda,t,
cailan ma,y, may guinhava.

Cun may tavong ibang Bayan,
na parito, at daralao
ſa mahal nating Simbahan,
cun ſacaling may mamatay
yao,y, canilang baonan.

Yto ngã,y, naparati na
lupang canilang talaga
inilaan nila,t; ſadya
libingang di magcaiba,
ang pangala,y, Haceldama.

ANG PACHAHARAP SA
Ating Pan̄ginoong Ieſu-Chriſto, ſa
Hocom na cay Poncio Pilato.

ANG pagtalima,t, pagtopad
niyong otos ni Cayfas,
ſi Chriſto,y, dalhi,t, ilacad
cay Poncio Pilatong harap
nang maparuſahang agad.
Hinila na n̄ganing noli,
di quinacalag ang tali,
pagmora,y, di pinapavi,
binabago,t, inooli,
binibiglang dalidali.
Ang ſongmoſonod, ay madla
dili tavong maſaſama,
maroronong mababanta,
Ponong Bayang matatanda,
man̄ga caavay ding pava.
Nang domating cay Pilato

Ho-

Hocom nang mañga Iudio,
tongmotol ſilang nagbago
ito pô (à nilang) tavo,y,
pinañgañganlang ſi Chriſto.
Nagpapangap Hari, mura
ang ogali iniyba,
guiniguibic ang lahat na,
anac (dao) nang Dios ſiya
ſa tavo,y, gay_on ang badya.
Ang caniyang mañga aral
pagſoay ſa catoviran,
bagong ogaling mahalay,
catacata niya lamang
ſa Hari pa,y, maſalangſang.
Yto man lamang ay dapat,
ſucat, alipala,y, ſucat;
iſaquit, ipagpahirap,
patayin nang valan livag
ſa caol_olan niya bayad !
Caya pó dinala namin

ſa iyong harapan mandin,
yayamang ogali nating
ang may ſala ay patayin
iotos mo,t, ſiyang gao_in.
Ang vinica ni Pilato,
ſa ſombong nang madlang tavo
aſal man dito,y, ganito
ſala,y, patayi,t, di ano,
mangagnilay mona cayo!
Sucat na ang bagſic ninyo
galit na di mamagcano,
dili din itotolot co:
napatayin itong tavo,
itong ſabi co,y, totoo!
Ang Iudio,y, nangaguicla
vicang ito,y, di nabata,
tongmotol pang noli ſila;
di ca ſomangpalataya
ſa iſa, at ſa dalava.
Canring lahat nang narito,y,

pavang Pono,t, maguinco,
na naghahabla ſa iyo,
tongmototol nang totoo,y,
di pa panivalaan mo?
Cami dili ſinonĝaling
tavo caming magagaling,
maganda ang aſal namin,
hovag ca nang magalimhim,
hatolan mo nang patayin.
Ani Pilato,y, totoo rin
cayo,y, tavong magagaling,
datapova,t, alang-alang ding
hamaquing pataying tambing
ang valan ſalang gaalin!
Dili co dalidaliin,
aquin moñang iyſipin
totol niya ay paranin,
cun tapat ay pagpalain
cun ſala nama,y, ſiſihin,
Minamagaling ninyo ito

paraya ninyong di toto!
may tali na itong tavo,
paran ſala nang totoo,
inyong tinatalotalo.

Aling Hocom ang nagotos
ſaca na ninyo guinapos?
itong pacumbabang loob?
vala cayong lingon licod
ſala ito ſa Romanos?

Aninyo,y, cayo,y, guinoo,
baquin hinahalay ninyo?
itong valan ano-ano,
ſinong may loob may oyo,
na dacpin, at dalhin dito?

Anong manga oſap caya
ngay-on ang inyong paraya?
inaayop, hinihiya,
ang inyo pang ſapantaha,y,
ang patayin alipala?

Doo,y, ang iſip co,t, damdam,

ca-

cayo,y, nagcacagalitan
ſa tanim idinaraan,
itong tavo,y, aba nama,y,
hovag ninyong pagbintangan.
Mana,t, valan quiboquibo,
muchan tavong mapanoyo,
loob mandin nang maamo,
caavaava ang anyo,y,
ſaan yaon magpalalo?
A nang manga hablang honghang
cami manga tavong banal,
magalang ſa Dios, na mahal,
ano,t, cami ay magbintang
cun di catotohoanan!
Vala caming dalang galit,
caya cami naiynip,
anhin baga,y, napipilit
nang catampatang matovid
dapat ſiyang magcaſaquit.
Ami Pilato nga naman,

dili co pahahamacan
cun valang lacsing matibay
cayong aquing maalaman,
cun tanto ang inyong saysay.

Dili capagdaca,y, savay
dati pang caogalian,
at otos nang cahocoman,
hovag homatol na matay
sino mang may cabagsican?

Cun di mona may hablahan,
at may sacsing catibayan,
nang doon maaalaman
icatatanto nang bagay
sa balang may catoviran?

Ano,t, di cayo magnilay
manga nagpoponong-Bayan?
aco,y, valang maalamang
ihatol co nang pagpatay
dito sa tavong malamlam.

Manan dina nagcatoto

loob nang manga Iudio,
dili namin dalhin dito
(à nila) ſa harapan mo
cundangan ſalang totoo.

A ni Pilato,y, manga ano?
mana caya turan ninyo?
ſayſayi,t, paquiquingan co
manga gavang dili toto
nitong tavong nagyoyongo.

Sa itong vica,y, maringig
ſilang lahat ay nagtindig,
nagtamſic, nagpiligpilig
oo, ſiya naming ibig
icao po,y, ma di maquinyig.

Ang canilang inihabla
ay tatlong bagay na ſala,
nagpiſan ſila,t, nagſama,
ang ſombong ay pinagyſa,t,
nang valan magparirala.

Yto (à nilang) tavong honghang

ay mapagbanalbanalan
nacasisira sa Bayan,
tavo,y, pinagaaralan
nang masamang bagong litao.

Yba sa dating yari na
sa molang aral sa ona
nang Santo Moyseng nagbadya,
yaon dao ay alintana,t,
ang totoo,y, ang caniya.

Loob nang tavo,y, balisa,
di iyla,t, marami na
nag sisisangpalataya,
sa hanga nang Galilea,y,
songmosonod sa caniya.

Siyang ipinaguiguibic
nang balang nacariringig,
balang Bayang nasasapit
napavi ang pananalig
sa Dios nating mabagsic.

Toloy namang songmasavay,

na hovag movis cay Cezar,
ito,y, catalipandaſan
daquilang capalaloan
ſa Coronang Imperial.

Cami pavang mayayaman
ſongmoſonod, gongmagalang
dito ſa Haring marañgal,
bago,y, iyang tavong iya,y,
bocod nananampalaſan.

Siya rao ay Hari naman
boong Iſrael na Bayan,
nang laquing cabolaanan,
valan di pagdarayaan
mañga tavo,y, na babang-ao.

Ang vica pa, at pahayag,
na ipinagvavatavat,
ſiya dao ay ang Meſsias,
na hinihintay nang lahat,
nang laquing pagpapabanſag.

Bago,y, à ni Iſaias,

ſa

ſa hula niya,t, pagtatap
cun ito rao ay lomabas
valan macatatalaſtas,
malayo ang camag-anac.

Yto,y, taga Galilea,
doon ang Ama,t, ang Yna,
ang may anac ſa caniya,y,
ſi Ioſeph, at ſi MARIA,
amin ding naquiquilala.

Ytong Ama,y, Anlovagui,
valang cabantogang dati,
yaon ang caniyang ſarili,
valan halaga ang puri,t,
ſa montng Bayan longmaqui.

Amin ding naaalaman
ang caniyang pinagmolan,
dogong pinagbubuhatan,
dili Hari,t, dili mahal,
at dili bantog ſaan man.

Duchang valang cabolohan,

valan ari,t, valan yaman,
maſama ang pamamahay,
ſongmoſoco,t, cabalangay
nang Ponô doon ſa Bayan.

Ano,t, cami ang babal_in
ſa Meſsias na pagdating,
dili baga na ſa amin
ang caſayſaya,t, ang toring
ſa manga Profetang hambing.

Cami ang nangagtatangan
nang hula, at catantoan,
ſa Dios, na dating tandang
ſa molang pinagtolatan,
di cami lucat mamaang.

Sinaſabi,t, tinotoran,
cun domating itong arao
ſa Meſsias na pagſilang,
madlang tandang catampatan
icapagſiſiyang tunay.

Ano,t, cami ang aralan

(à nila,t,) pamalitaan
nang aral na bagong litao,
maropoc na valan layſay
niyang malupit na halhal.

Oo, oo, bagaman nga
ſucat ſomangpalataya,
na ſiya,y, iſang Profeta,
valang vala capagdaca
Profeta ſa Galilea.

Binongcal nami,t, hinanap
ang manga Santa Eſcrituras,
ſacaling may naſuſulat,
doo,y, valan tavong pantas
ſaſayſay nang malilivag.

Yto pa ang magpahayag,
cavacaſvacaſang tongac,
mangoſap pa,y, di matompac,
ang gava,y, maniyſalat,
manlabag, manopat-opat.

Ybig ay lomayas layas,

dilan Baya,y, quinacadcad,
nang ſa caniya gomagad
ang caſama,t, caſapacat
ſiya namang nangãngãtag.

Mangã ito ang aral niya
dito pô ſa ſang-Iudea,
namagpa ſa Galilea,
madla ang nananalima,
at ſongma ſangpalataya.

Alin man dito,t, alin man,
ſa ſinabi naming bagay
na caniyang caſalanan,
cahit caonti-ontian
dapat niyang icamatay.

Yto po,y, ſucatin mo na
na ſigao naming lahat na,
hovag cang mangĩla-ngĩla,t,
ipapatay mo man ſiya,y,
dili ca magcaſaſala.

Dili mo icaaano,t,

di ſiya nanga,y, gafino ?
bagcos icamamahal mo,
ang Hari,t, ang madlang tavo,y,
mangag-pupuri ſa iyo.

Nang maringig ni Pilato,
itong manga hablang ito
paiyang di mamagcano,
tinavag niya ſi Chriſto,
at tinanong nang ganito.

Tanto nga bagang totoo
na Hari ca nang Iudio?
ang ſagot ni Ieſu-Chriſto,
oo, tapat ang vica mo!
ſa aquin nang pagtanong mo!

Nanguilalas ſi Pilato
tongmanong pang noli dito
loob ay nang di magolo
cun ano ma,t, ano-ano,y,
maca ſiya ay maboyo.

Ay cun gayo,y, baquin baga

ſa

ſa aqui nagſacdal ſila,t,
icao ay ipinarala,
ang habla,y, patayin quita,t,
ſa caſalanan mo duſa.

Cun ang vica mo,y, totoo,
pagſalita,t, togon aco
nitong tanong co ſa iyo
yayang aco,y, di Iudio,t,
Gentil aco,t, taga Ponto.

Anò ang pagca lagay mo;
Dios ca caya, ò tavo,
ſaan baga ang Bayan mo?
anong tongcol mong oficio?
cun timava, cun guinoo?

Ay cun baga nga totoo,
na Hari ca nang Iudio,
ngayo,y, aco,y, babal_in mo,t,
dili mo icaaano,
at ang bahala na,y, aco.

Ang ſagot ni Ieſu_Chriſto,y,

dili aco tavo dito
ſa laman Bayang di toto,
ang Baya,t, Caharian co,
ay ſa Langĩt na Imperio.
Biſtat aco,y, dito anac
ſa Langĩt ang aquing lacas,
doon ang loag cong ganap
ſadhiya cong tinatangap,
carovahaguina,t, hirap.
Sila ma,y, nonorang lahat
paraparang tongmatacap,
naninivala ſa lacas
ſa bait nilang mataas
yao,y, aquing natatatap.
Madla man ang ipahayag
pariquit ſa aquing balat,
bintang nila,t, vicang dagdag,
nacan homatol na mayag
ang bagſic mo ma,y, di dapat!
Ang cay Pilatong vinica

ay cun gay_on ay diyata,
tantong icao ay Hari nga
nitong manga tavong madla
tiquis ca lamang sinama?

Ani IESVS na mapala
oo, aco ay Hari nga
tapat iyang iyong vica,
diva,y, sa langit nagmola
noca nang labi mo,t, dila.

Nguni pamalasmasin mo,t,
caya aco naparito,
at napapanganac aco
sa isang Virgeng totoo,
naquiogali sa tavo.

Aco ang magpapahayag
nang catotohana,t, tapat,
at balang tavong tomangap
magcamit nang aquing tavag,
sila ang magcacapalad.

Si Pilato,y, natilihan

loob ay hongmangal-hangal,
ano baga (à niya) iyang
vica mo,y, catotohanan ?
vala acong malay malay.

Maanong iyong hambingan
aco,y, iyong pahayagan
cun ano ang catotoran,
icao ay maalang-alang,
sa aquing paghihimanman.

Di na hongmintay nang togon
si Pilatos na marouong
dito sa caniyang tanong
sa madlang tavo longmingo,t,
nangosap siya nang gay-on.

Aba? (à niya) manga tovan,
aco,y, valan matotohan
salang ipaguin-dahilan
ihatol co nang pagpatay ;
ang banta co,y, tavong banal ?

Ay ano,y, sa di rin mayag,

at dili rin tongmatangap
ſi Pilatong nanalaſmas,
bagcos ang loob ay avàt,
at ang ibig di ang tapat.

Ang Fariſeo,y, na lumbay,
iſa,t, iſa,y, nag-anginan,
noli pa ſilang ſongmayſay,
ano baga (à nilang) bagay,
ito,y, di mo pô hatolan?

Bago,y, totoo,t, miſtolang
marayang tavo,t, cohila,
ſinongaling ſolopicà,
bibigang ſolopanacà,
ſa Baya,y, nacaſiſira.

Guinagayoma ca yata,y,
hovag cang mabaclan ava,
dating mapagpacombaba
iya,t, mapagmuchan aba
nang torang banal conova.

Ycao rin po,y, magdalita,t,

ſiſihin mo,t, nang marala,
nang may conan halimbava,
ang iba pang maſaſama,
capova naggala-gala.

Dito ſa hangan domating
ſa Bayan nang Ieruſalem,
tavo,y, quinacabog mandin
ſa caniya din ang dahil,
cami di na pinapanſin.

Bago,y, dili tavo ſiya
dito, capagcadaca na,t,
ang tinoboan ay iba,
Bayang monti, at hamac na
cahocom nang Galilea.

Cun dangan naſaſangſala
namin ito, alipala,y,
halos nangon nang bandila,t,
tinipon ang tavong madla
dito ſa Baya,y, dongmigma.

Yto po,y, cun di maſabat,

ta-

tayo,y, manga papahamac,
bangcay na doon cay Iudas,
Galileo nama,y, ſucab,
cababayan niyang oslac.
Caya tayo,y, di naano
nang caniyang paglililo,
tambing ipinapatay mo,
gay_onin mo naman ito,t,
ang tavo,y, nang di magolo.
Nang cay Pilatong maringig
ang Galileo,y, maſambit,
natova ſiyang maſaquit
ang mucha niya,y, pinilis
tinanong ſi Chriſtong mariquit.
Taga ano ca (à niya) catoto?
icao pala,y, Galileo?
diva,y, doon ca nga tavo
ſa Nazareth, ang Bayan mo,
bohoc mo pa,y, Nazareno?
Ang togon ni Ieſu Chriſto

oo, doon aco tavo,
gongminhava ſi Pilato,
(à niya,y,) dalhin na ito
ſa Hari niyang totoo.

Nag-aliv, at tongmivaſay
may pinagcadahilanan
nitong caniyang pagbotao
hayo, hayo, manga tova,t,
di co pala campong iyan.

Cay Herodes iparoo,t,
doon co na itataboy,
yayamang caniyang campong
ſiyang bahalang magnoynoy
nang ano mang maihatol.

Dinala na nga nang lahat
ſi Ieſus na cahabaghabag,
ang tali di quinacalag,
ſamari,t, ongmaaquibat
Sacerdotes at Eſcrivas,

ANG PAGHAHARAP NANG manga Iudios sa A. P. Iesu-Christo, sa Haring cay Herodes.

SA panahong yaong bisi
itong si Herodes na Hari,
sa sa Ierusalen ngani,
dongmarayo,t, dongmarani
sa Pasqua,t, arao na pili.
Ang sabi,t, vica sa sulat,
nang Evangelista San Lucas,
nang si IESVS, ay iharap
dito sa Haring may liag
tova rao ay dili hamac.
Caya quinatotovaan,
siya,y, nababalitaan
manga gavang cabalaghan
ni IESVS ay ibig tingnan
niya sa mata,t, harapan.
Malaqui ring camalian

ang cay Pilatong inasal
pagpapabaya,t, pagbotao
sa osap ni Christong mahal
di pa pinagcayarian.

Bago,y, siya ang mayhalal
sucat matay, sucat muhay,
may ganap na cabagsican,
cun ano,t, di hinatolan
naaalaman nang banal.

Ytinaboy pa sa lanvang,
sa posong, at tampalasan
capatid ay inagavan
nang asava,t, nogot naman
mahal na olo ni San Iuan.

Nang domating cay Herodes
itong Dios, na mariquit,
asal ay cahapishapis,
ang catao-a,y, pavang lobid,
camay, liig, ay may bidbid.

Alipala,y, ipinaalis,

at ongmavay na maſaquit,
gongmaſa,t, tongmamſic tamſic,
cayo,y, valan tovidtovid,
valang galang ſa maybait.
Yaong dating magagalas,
na nacaaaliſoas
inobos ipinacalas
bayi,t, pinagmol_an bacas
nang tali, pavang may ſugat.
Nag_Cetro, at nag_Corona,
ipinahanda ang cilla,
at ang camahalan niya;
nang maniig macaquita
nang gavang catacataca.
Nagloclocan nang mataas,
at ſaca ſiya nangoſap,
ſalamat (à niya) ſalamat,
ſalamat magandang palad,
lavon na quitang naliyag.
Lavon na ang aquing naſa,

na maquita quita nava,
ngayo,y, salamat pa aya,
ang quita,y, naquita na nga,
natopad ang aquing nasa.
Nang aco,y, big-yan mon tova
cun tingnan co,t, maosisa
ang matataas mong gava,
hovag cang magpacaraha,t,
aco,y maalam magpala.
Caya quita pinipita,
ay ang cabalitaan ca,
tavo cang valang capara,
ang gavang catacataca,y,
iyo rao na nacocoha.
Caya nga magdalita ca,
icao ngayo,y, magpaquita
saaquin bolinya mana,
cahima,t, iysaisa
sa harapan co haniya.
Ang pangaco co sa iyo

cun baga aco,y, ſondin mo,
para mo nang aroaro
nitong hingi co ſa iyo,y,
ang bahala na ay aco.

Totoo cong ibibigay
ſa iyo co pacacamtan
itong calahating Bayan
nang aquing ſang.Caharian
ſucat mong paquinabangan.

At ang iſa pang vica co,
na pangaco co ſa iyo,
maapi ca ma,t, matalo
nang manga cahablahan mo,y,
dili quita ipaano.

Ang pagtopad pagtalima
nang pangaco cong lahat na,
ſacſi ang aquing Corona,
toloy manivala ca pa,
ſala ca ma,y, valan duſa.

Baquin di ca maquimatyag,

ano at di ca mangoſap?
itong hingi co,y malivag,
gava mo rao na maralas
bolag ma,y, pinadirilat.

At ang manga namamatay
capagloob mo rao naman,
maliban mang ilang arao,
alipala,y, nabubuhay
naooli ang carao-an.

Ang pipi, at manga bingi,
ang pinapaſocang dati
nang Demoniong ongmaali,
capag iyong ivinacſi
gongmagaling, ongmiygui.

Ycao dao nama,y, maralas
macapaglacad ſa dagat,
bag-yo,y, iyong ſinaſabat,
at ang manga naghihihirap
pinaguiguinhavang lahat.

Madla pa ang aquing dingig

gava mong dili maiſip,
aliu ca nang nagtatanğis,
lalo ca pa rao cay David
nang carononğa,t, nang bait.
Ay maanong iyſa man
ſa aquing pinanğagtoran
gomava cang cabalaghan,
nğay_on ſa aquing harapan
nang quita,y, magpaquinabang.
Ano,t, aco,y, di mo ſondin?
ang ola co,y, di mo panſin
di co baga gagantihin?
bigay mong logod ſa aquin
abaʔ cun aco,y, galitin.
Baquin di ca na tomogon
ſa aquin nang gay_o,t, gay_on,
oo,t, dili alalaong,
diva,y, para ca ni Sanſon
ſa matalia,y, naroſong.
Sa ang catao_ay mabigquis

nang matitibay na lobid,
malacas dating mabangis
nalomay tongmoligtolig,
dilan mahina,y, dongmaig.
Gay_on ca,t, di aco banday
sa icao ay matalian,
ang bait mo, at ang tapang,
nangavala sampon naman
nang iyong capangyarihan.
Sa di quiquibo si IESVS
cataga ma,y, di songmagot,
si Herodes ay napoot,
muchay pinalingos_lingos
lubhang songmocal ang loob.
Yto ang pinopuri co,t,
lavon co nang pinopolo,
at inaari cong Santo,
ibig co ang macatoto,
bago,y, ol_ol palang tavo.
Caniyang ipinag_oyo

doon ſa manga-Soldado,
ſaol-an (à niya) hayo,t,
ibalic na cay Pilato
itong tolingag na tavo.
Ynaring ol-ol na ngani,t,
pinaramtan nang maputi,
pinagbiro,t, inaglahi,
vinal-an nang paſingtabi
di na inoling binati.
Caniyang ipinaſaoli
ſi Chriſtong timtimang budhi
ſongmaad pa,t, nagtibari,
hovag nang ipaſaoli,t,
doo,y, ſiya nang magyari.
Aco,y, pinaaſa-aſa,t,
lamang na ngay-ong binacla,
higtin ninyo,t, hilahin na,
ang bang-ao, at palamara,
na di tongmangap nang ganda.
At ang inyong vicain pa

ſa Hocom na nagparala,
ſalamat nang galang niya,
hangan na nga̅y_o,y, maganda
ang loob naming dalava.
Sila nga̅ ay nagaavay,
may dating pagtataniman
ſa nanga̅oonang arao,
ito ang pinagbatian
cay Chriſtong pagca matay.
Ycaaanim na ito
pagyayaonana,t, ito,
paghahatiran cay Chriſto
mahabag ang Chriſtiano,t,
ang panimdim ay ibago.

ARAL.

ABa ? tavo cang Chriſtiano,
ang Eſtaciong cayang ito,y,
ano nang iſipyſip mo,
ang loob mong paran bato,y,

palat_ing paran binoyo.

Ani San Iuang nagtoring
cun ang hirap ay iſipin
nang pa ſa bal_ong Iſrael
ſi Chriſto ay longmacad din
tanghaling arao nga man din.

Y to pa ang di mo tachan
may tali liig, at camay,
itolac tadyacan na man,
at pinagtotongayavan
Iudios na tampalaſan.

Mahapding di ano lamang,
mapait ſa capaitan,
ſa loob ſampon catao_an,
tiniis, at caroſahan
nang lahat mong caſalanan.

O catao_ang mapalayao
ang ibig mo ri,y, igalang,
manimdim ca ſino ca man,
ſa aſal na ito,t, lagay

nang Dios na Poong mahal.
Siya,y, ipinaghatiran,
ſa iſa,t, iſang hocoman
na nagagapos ang camay,
liig ay tinatalian,
anaqui macaſalanan.
Ay aba, icao malupit
maanyong mapagmariquit,
mapagpahanga nang bait,
ang bitoing na ſa langit
yapacan mo rin ang ibig.
Manga capalaloan mo,y,
maſaſayſay ſa lang ano
ga di ca na nagſiſino
ſa iyong capova tavo,
bago,y, ovod ca rit, abo.
Ycao ay cun manlanſangan
binoboo mo ang daan
nagvavala can capantay
di mo na nagonamgonam

pagyayao,t, itohanan.

Sa Panginoon mong ito
di matingcalang guinoo,
pinagmora nang Iudio
pinaca divang ang oyo
niyong manga lilong tavo.

Y to,y, iyong panimdimin
cay IESVS na pag-aangquin
Hari,t, Panginoon natin
binahalay, iniyling
icao ang magmamahimbing.

Bago,y, icao ang alipin,
mafama,t, tavong fala rin,
cun fino ca ma,t, cun alin,
ito,y, iyong panimdimi,t,
ang catao-an mo,y, lupa rin.

Ang dila ditong ligaya,y,
hevag mong icabalifa,
may tova ma,y, bolinya na
vala ca doong maafa

capagcaraca,y, malanta.

Dito ca na manalamin
ſa Dios mong mapag-angquin
dilan ſaquit na darating
ſa iyo,y, iyong tiyſit,t,
pinaca alay mo,t, hayin.

Di ca man macapoponò
ſa may icalacſang povo,
cahi,t, gaga-calam bato,y,
mamalachin niyang lalo
cun nagmomola ſa poſo.

Na cun gay-o,t, maguin-dapat
marimog mapaquilanſac,
ſa dalita niya,t, hirap
monti ring icababavas
ſala mong nagtatalangpas.

NANG IHARAP NA OLI CAY Pilato ang Ating Panginoong)?(Iesu Christo.)?(

SA irating cay Pilato
itong maamong Cordero
ang vica sa madlang tavo,y,
baquin na sa oli dito?
aba ? anong gagao_in co ?
Ydinolog ninyo ito
sa aqui,t, ang vica ninyo,y,
ang sala,y, di sasang ano
balang gava,y, dili toto,t,
sa Hari pa,y, maglililo.
Maralas co nang maralas
pinagtanong siniyasat,
di man ninyo inoongcat,
vala rin acong mahanap
sucat icapagca osap.
Sa ang bait co,y, di ganap.

at aquing minamalaſmas
dili co ipinahamac,
aco nama,y, dongmorovag
ſa manga inyong pahayag.
Cay Herodes co itinaboy,
at ang ſiya ang may campong
baquin di inano doon?
valan ſala nga ang gay-on?
anhin co pa ſiya ngay-on.
Ypinaſaoli na man,
at ang di nga mahatolan
ſiya,y, ongmaalang-alang,
ang loob ay ſalavahan
ſumiſi ſa tavong banal.
Ponô baga ang aquing donong
ſa balang tavong may Hocom,
at ſa manga Haring Poo,y,
tantong di aco hahatol,
magparuſa ſa di bohong.
Valang catocatoviran

na dapat ipatay diyan,
aco,y, aayao, aayao,
otos co,y, inyong calaga,t,
inyong pabayabayaan.
Ynoſiſa cong banayad
ſa inyong harapang lahat,
vala rin acong mahanap,
na aquing icababacas
di pa tayo magca loras.
Paramit na man ay Tela,
maputing anaqui purac,
paran mandamientong ſulat,
tanda nang pagpapatavad,
at nang pagpapavin oſap.
Cun baga ſa inyong iſip
ſalarin ſiyang maſaquit,
at ang gava,y, di matovid,
ſiſihin co,t, nang magbait
nang hampas na maſaſaquit.
Nang maringig itong vica

nang manga Iudiong madla
catalaſtaſa,t, oſiſa,
catovirang nacacana
cay Pilatong pagca ava.
Lalo pang pinaololan,
ang habla,t, ang manga bintang,
na iyong ipapatay ma,y,
di pa yata caſucatan
(à nilang) aming ilobay.
Ang pagtotol nilang lahat
ipinalalacaſ_lacas
vica,y, nangalatoat,
ipaco ſa Cruz ang dapat
hovag may pa hovag hovag.
Ani Pilatong maolit
cay Ieſu Chriſtong mariquit
di mo baga na diringig?
vica nilang ipipilit
pataying ca ſa Cruz ang ibig!
Monti ma,y, di magpatogot

itong manga lilong loob,
nangagquiquitquit nang poot,
isa may, di magpatoloc,
tacap di ipaco sa Cruz.

Sa vala rin pagmamalio
budhi nang manga sovail,
di lomata,t, di pa pisil
si Pilato ay tongmiguil
ongmopong nagpaca galing.

ANg vica,t, sabi sa Sulat
nang manga Evangelistas,
taon-taon toving Pasquas,
ogaling pinalalabas
ang isang tavong may osap.

Tandang pagpapasalamat
boong Hebreos na lahat,
alaala,t, pagtatapat
niyong sila,y, nabibihag,

pino-

pinopolong, inaatag.

Nang taga Egyptong bohong
niyong Haring ſi Pharaon,
niyong ſa iba itongcol
nang Dios, ang caniyang campong
ſa dagat ay pinalonoy.

Diyata,y, ſa taong yaon
doon ſa panahong yao,y,
may nabibilanggo doon
ponong tampalaſa,t, poſong,
vala rin ipinaparol.

Maglilingo,t, magnanacao,
at mapag-abang ſa daan,
mangongolimbat matacao,
nonongton ang caſalanan,
na ſi Barrabas ang ngalan.

Ani Pilato,y, mili cayo
dito ſa dalava ca tavo,
cay Barrabas, at cay Chriſto
nang titimavain ninyo

dito ſa Paſquang ito.

Ang aquing minamagaling
cun baga inyong ſoſondin
ang iſip co,y, dili lingſil,
ſi IESVS ang hovag anhi,t,
ſiya nating patavarin.

Ang ſagot nang ſangbayanan
hingi nang ſangcalahatan
nagtitimpalac nang ingay,
ſi Barrabas ang calaga,t,
ſi IESVS ang ypapatay.

Ani Pilatong malovat,
ano nang gavang di tapat;
nitong may budhing banayad,
di na cayo magpatavad,
ay bago,y, cahabaghabag?

Malaqui ang ani-ani,t,
ala-ala, toving-tovi
ni Pilatong di magapi,
cay IESVS din congmacampi

bago,y, valan pintacasi.

Tongmaha,t, nagdili.dili,t,
nagpahalos ngalingali,
cun anong ipangyayari
manan nagsogo si Procli,
na asava niyang casi.

Ay (à niya) asava co,
isipin mo ang gava mo,
maginggat ca sa di toto,
maano mo iyang tavo,y,
banal, at daquilang Santo.

Vala siyang casalanan,
di mo tapat parusahan
hovag mo pocong hatolan
ang marga tavo sa Bayan
na macamatay sa banal.

Ngayo ,y, aco,y, nanaguini
naquita co,t, dili lingid,
nang mata nang aquing bait
ang alaala co,y, tiquis

gahola na,t, di co ifip.
Toloy babal in quita dao,
anang aquing panaguimpan,
magpilit acong fomavay,
at nacan di magpalambang
homatol na matay diyan.

ARAL.

SAntong Dios, ano ito?
banal cang banal na Tavo,
icao ay napatotongo
fa ifang ganid na tavo
bago,y, Dios ca,t, fiya,y, Demonio.
Cayong dalava,y, pinagtimbang
ni Barrabas na canavay,
dili ca pa ipinantay
nang manga Iudiong honghang
bagcos ca pa ngang quinolang.
O lahat na maguinoo
ano itong gava ninyo,

ang maavaing totoo
ſa anac ninyo,t, ſa apo,y,
ſiyang mamaſam_it ano ?
Laqui nang inyong paglait
ſa nag adhica nang langit,
nang lupa,t, nang ſangdaigdig,
ang inyong minamahiguit
ang iſang tavong malupit.
Ang laqui nang camurahan
ni Chriſto,t, inyong paghalay
pinag ſingpantay, ſinggaan,
nang iſang honghang na honghang,
malupit, ſa calupitan.
Tayo na mang Chriſtiano,y,
tongmotolad ſa Iudio,
toving magcaſala tayo,y,
ivinavacſi ſi Chriſto,t,
cay Barrabas tongmotongo.
Ang logod catao_ang montic,
tovi nating maiybig,

dito ſa Bayang di niig
atin ding ipinapalit
ang Dios nating mariquit.
Yaya mang tayo,y, binyagan
hovag din nating parahan
itong maſaſamang aſal,
ating pagpacamatayan
ſi Chriſtong ating Capitan.
Cun ſacaling ſoſompongin
ang loob, at banta natin
nang maſaſamang panimdim,
ivacſi,t, agad itacvil,
nang di tayo pagſoyſoin.
Langit ay ating tingal_in
ſiyang tantong Bayan natin
ang lovalhati,t, ang himbing
na yao,y, ating piliin
ang ſa Dios na pagtingin.
Ano mang ating iſipin
ang banta,y, pon_in nang pon_in

vala ring guinhava,t, galing,
cun di sa Dios manggaling
ang papananatilihin.
Siyang ooviang hanga
ating mangā calolova,
dito,y, may monti mang saya,y,
may cahalo ding balisa
ang di pa ngā songmisiya.

IPINAGAPOS ANG ATING

Pangīnoong Iesu Christo ni Pilato sa
isang haliguing bato, at ipinaham-
pas niya sa mangā Iudios.

YNoolit din nang lahat
naug Iudio,t, inoongcat,
ang calaga,y, si Barrabas,
sila nilang matatangap,
yao,y, aariing tapat.
Cun gay-on ani Pilato,
ay itong si Iesu Christo,y,

anong

IESVS es clauado en la Cruz.

Esculpª ꝑ Nicˢ dta Cruz Bagay.


RPJCB

anong ipararaya co?
ang ſagot nang madlang tavo,y,
agad pong ipapatay mo.
Ang ganiyang valan taros
ipaco ſa iſang Cruz,
ogali naming Hebreos,
ninyo mang taga Romanos
duſa nang balang maboctot.
Anong gava baga ito
maſama ani Pilato,
at ſiya ay gay-oning co?
ang ſagot nang madlang tavo,y,
ſa Cruz, ipapaço mo.
Sa di pacocondañganan
ſi Pilatong ſongmaſavay
capagdaca,y, chinatolan
na hampaſit nang lomobay
ang loob nilang maſucal.
Nag otos na, at nañoſap,
conin ninyo ang panhampas,

at ſa haligui iyacap,
loob ninyo,y, nang lomoag
cun pagpatay ay di dapat.

Ang Soldadong mararahas,
at berdugong hongmaharap,
tambing noha nang panhampas,
at ang iba,y, nagſiſongab
ſa mahal na Dios Anac.

Saca ang damit hinobad
valan ſapin cun di balat,
naguin Corderong banayad
balahibo,y, inaagad
di magpalag, at nanayag.

Yguinapos na ſi Chriſto
ſa iſang haliguing bato
hinampas nang valan toto
nacatataos ſa bot_ò
mahiguit na limang libo.

Dili hamac na paghampas
hampas na naçapipiclat

iniioobos ang lacas
nacapagbabacas ſugat,
nacalalapnos nang balat.
Ang catao_ay nangabogbog
hangan paa,t, hangan toctoc,
ſa harapan, at ſa licod,
latay ang nacapopotòs
ang dogo,y, nagſabogſabog.

ARAL.

CHriſtiano ſino ca man
aral, ay iyong paquingan,
itangis mong pagtamanan
icao ang tapat hatola,y,
ſi Chriſto ang nagpahalang.
Ycao ang boong may oſap
mapagcaſalang maralas,
arao, gab_y, valan licat,
bago,y, ſiyang napahampas,
at nacan omalivalas.

Ngay-

Ngay_on nga, ay arao mo nga
hangan cang buhay sa lupa
icao ang namamahala,
mili nang ano mang gava,
magaling caya,t, masama.
Valan sasalà,t, boo mo
ang Dios ma,y, di oono,
magpapabayang totoo,
matoto ca ma,t, maboyo,
ang palibhasa nga,y, iyo.
Subali,t, capagca matay
nang iyong pinalalayao
iniybig mong catao_an,
tapos na ang iyong arao
ang Dios na ang iyral.
Vala ca nan magagava
ano mang monti,t, daquila,
hanga, nang galing mo,t, sama;
sa aba mo ngang sa aba,
cun vala can tagong luha.

Sa mantala cang maybuhay
ſucat pang maycarapatan
magpaaga cang magſimpan
nang ano mang cabanalan
ſucat mong pagtotoboan.

At nang cun pagiſipan ca,y,
nang cagamitgamit mo na,
maganda rin ang mayſadya,
nang maorong ang paruſa
nang Hocom na iyong Ama.

Ang aſal mo,y, iyſipi.t,
pagſaſali-ſalicſiquin,
ang paginom mo,t, pagcain,
ang pagtolog, at pagguiſing
laman biro ma,t, vicain.

Ang manga gava mong lahat
panimdim, at pangongoſap,
lihim na di nahahayag
doon din ipaglalatlat
ſa tavong nagtitimpalac.

Cun anong ganti mo,t, bihis,
ſa ſongmacop nagcaſaquit
ſa ſala mong di maiſip,
cun icao ay nagparamit
ſa tavong nangogolanit.

Cun nagbigay ca nang montic
ſa ſalantang longmalapit,
cun naava, o nagcait
nang ſaſangtabo mang tubig
ſa abang manangiſnangis.

At iyang iſip mo,t, bait
donong na ypinacamit
ſa iyo, nang Dios na tiquis,
at namo ſiyang maibig,
ſiya mo ngang ibinagſic.

Ang cabotihan mo,t, ganda
caricta ſa dilan mata,
nang iyong ipalaſinta,
bagcos inaring ſandata,t,
inilaban ſa caniya.

Ang catao-an mong mabuti,
malicsing lilindilindi,
cun iyong ipinagsilbi
sa Dios mong nagiyvi
hangan cang ipinaglihi?

Tapat cang paghinanactan
nitong Dios na maalam,
binigyan ca,t, pinayaman
nang guinto,t, pilac,ano man
inihayin mo cay Baal.

Doo,y, valan pagtatova,t,
ang lahat ay masasala
valan maipagcaila
na gagadolo man lisa
dila mon lihim na gava.

Ymbotin mo itong arao
iyong yquinabubuhay,
cun lomipas ang tag.olan
vala nang pangyayarihang
sucat mong pagtotoboan.

Lisan mo ang catamaran
nang lopacayang catao_an,
gomava ca nang magtaman
nang sa magagandang asal,
si IESVS ay valan tahan.

Hinahampas nang masaquit;
nagbabata,t, nagtitiis,
sa iyo rin pagcaibig,
nang ang gava mong malupit
maobos_obos malapnit.

Siya ang ponong mabagsic
ngay_oy siyang naparaig,
nang icao ay di manganib
cun di bagcos ngang domasig,
ang poso mo sa pagibig.

Abatayo nang domolog
sa maalam nating Dios
ang manga taling sigal_ot,
nonongton sa ating loob
pangangcalaguing iobos.

Yto bagang caſalanan
nating lahat nang binyagan,
tayong tana,y, maganginan,
gomava nang cabanalan
nang matotovid na aſal.

NAng ſi Chriſto,i, mahampas na,y,
quinalagan capagdaca,
ang ſugat ay ſabihin pa
ang catao_ay di marama,t,
pavang bacas nang ſuplina.

Nanhimatay alipala,t,
ſa hahalang napahiga,
nang antac laquing dalita!
ano,y, nang macacavaſa,y,
nacabangong naginata.

Ang damit niya,y, guinamit
ipinagpahid ſa pavis,
naginot na mang nagdamit,

di pa naman naniniyg
hinobad nila,t, inalis.
Niyong manga tampalasang
hongmampas nang valan bilang;
di sila inootosa,y,
agad inoling hinobdan
si Christo, at hinoboan.
Niyong damit nanatoran
ang balat na nangaramay
nang lapnitin sa cataoan,
gangga palad na nang camay
ang naniniquit na laman.
At binalinhan nang iba
damit na lomangloma na,
habing obing gapola na
ang pangalan ay Purpura
napopopas na ang pola.
Canila nang pinalocloc
sa bangcong cacapos capos,
toloy pinapanayongcod

nang toyong cavayang lapoc,
at pinaantoc-antoc.

Olo nama,y, pinotonga,t,
canilang quinoronahan
nang manga tinictinican,
nagsisitinga ring pisan,
ang dogo ay naglalapao.

Dalavang mata,y, tinacpan
nang golanit na basahan,
siya,y, pinagtatatampal
ang olo,y, pocpoquin naman
niyong cavayang patangan.

Madlang capalibhasa-an
tangoa,t, diladila an,
yaon nama,y, ticlohoran
imbabao lamang ang galang
sa dibdib ay valan laman.

Tanongin na man nang asal,
pinipilit paholaan,
ang nagsipocpoc tongmampal,

cun alin ma,t, cún ſino ma,y,
ſa caniya,y, patotoran.
Ang bating iniool_ol,
ay, *Ave Rex Iudæorum*,
dili puri,t, libac yaon,
palibhaſa,t, pagooroy
nang manga Soldadong yaon.
Nang cay Pilatong matan_ao,
ang pagmora,t, pagooyam,
dito cay Ieſu Chriſtong banal
nang ſiya,y, ſa hohocoman
ang budhi niya,y, na hambal.
Parinha,t, inyong ipanhic,
(à niya,t,) inyong ilapit,
iyang tavong mapagtiis,
at aquing ipaſiſilip
ſa tavong naglingig_lingig.
Ypinatan_ao ſa tavo,t,
ang vinica,y, *Ecce homoē*
mana ang tavo tingnan ninyo,

cun tavo pa baga ito,
cun di bangcay nang totoo ?
Sa ito,y, maipangoſap,
baro,y, maypatalocas
dalava doong caharap,
nang matingna,t, mamalaſmas
yaong manga madlang ſugat.
Sa yto ngani maſilip
niyong manga Senadores,
inilubha pa nang galit
ang hingi ring ypinilit
ſa Cruz ipaco,t, iſabit.
Ang vinica ni Pilato,y,
Hari ninyo,y, ipaco co ?
togon nang manga Iudio,
ano,t, Hari ang toring mo
vala caming Hari dito.
Cun di ſi Tiberio Ceſar,
ſiyang Panginoon lamang
nang ſang-Mundo,t, ſangditohan,

Emperador na marangal
ſiya lamang tapat igalang.
Aali ito,t, aagao,
nang caniyang Caharian,
ay cun di mo ipapatay,
di ca catotong totoran
nang Hari, nating marangal.
Bagcos ca ngang panganganlang
caſapacat ca,t, caalam,
nang ganitong calilohan,
icao po,y, macaavaya,y,
papavian ca pang halal.
Ang iſa,y, ang iyong buhay,
aliſi,t, ipaquiramay
hatolan cang ipapatay,
ang iyo pang cayamana,y,
langpaſi,t, hovag cang tid_an.
Sa maringig ni Pilato
vica nang manga Iudio,
nanganib ſiyang totoo

ang catao-an ay nanlomo
bait, isip, ay nagolò.

Si Christo,y, pinapasoc pa
nagisa silang dalava,
inoling tinanong niya,
taga ano ca (à niya) oya ?
si Christo,y, di na nagbadya.

Ani Pilato pa naman
aco,y, may capangyarihan
may bagsic na caganapan
matay sa iyo,t, macabuhay
aco,y, di mò pahayagan ?

Mabala ca capagcovan
nang lagay mo,t, iyong asal,
nang anyo mo,t, ano mo man,
hovag mo acong catacotа,t,
dinadaraan quitang lobay.

Vicang ito,y, sa maringig
ni Christo,y, songmagot ding pilit,
vala ca ring boong bagsic

na ſa aqui magpaſaquit,
cundi magmola ſa langit.
Ytong nagſiſipaghabla
ſa aquin, dito,y, nagdala;
at namo acong mamora
ſila ang tapat magduſa,t,
lalong daquila ang ſala.
Sa cay Pilatong mabatyag
cay IESVS na ſabing tapat,
loob niya,y, ongmalap_ap,
ang pinapangiſang hagap,
ſi Chriſto,y, hatolang agad.
Sa Iudios na ipinabaya,
at ſila na ang bahala,
paval_an ma,t, dili caya,
tongmatacot na maſira,
tongcol niya,y, ma cavala.
Si Pilato,y, longmabas na,
ſi Chriſto,y, ipinaquita
ſa mataas na ventana,

hayag caranivan mata
Lithoſtrotos hebraice autem Gabathâ.
At nalocloc ſiyang noli
ſa loclocan Hocom nğani
hongmarap ſa longmilimpi
nangğoſap nang talompati,
mana (à niya) ang inyong Hariè
Badyang ito,t, pagvavangqui
lubha pang nagdalamhati,
ang Iudiong di momonti,
ang ſagot, dili pô, dili,
icapo,y, nagca mamali.
Vala camin ibang Hariè
cun di ſi Ceſar na bunyi,
ay cun maalaman nğani
itong iyong baquibaqui,
maſuſucalan cang budhiè
Sa valan pagcacaranan
ano ma,t, ano mang bagay
bantai,t, cat_haing lalang

RPJCB

cay Barrabas na canavay
tinimava,t, quinalagan
caniyang pinaayonan
ang hingi nang Sangbayanan.
Togon nang Iudio,t, tangó
oo, aming inaaco,
magpasa anac namin pô
maguin otang naming boò,
ang buhay niya,t, ang dogo.
Socdang sa amin ibonto,
ang ano ma,t, ano-ano,
na iyong itinatampo,
sa maipangósap ito,
niyong manga lilong tavo.
Anang Santo Evangelista,
sa si Christo,y, itaboy na
ni Pilato, sa canila,
loobin ang balang manà,t,
di siya nagcasasala.
Alipala,y, dinuhapang,

at pinangagsongabanan
niyong mangá tampalasan
Soldadong nagvasangvasang,
mangá ludiong sucaban.
At canilang hinoboan
niyong clamideng balabal,
at sampon nang damit naman
hinalinhan nang cairal
na catapat, at cabagay.

ARAL.

CVN tavo cang nagiysip
dito ca na magbabait,
ang Dios Poong mabagsic
songmoco siya,t, naquinyig
sa hatol nang malolopit.
Siya ang Haring daquila
Dios na di matingcala,
Hocom sa langit, sa lupa,
bago,y, nayag alipala

sa

ſa hatol na licong lubha.

Nagmuchan macaſalanan,
bago,y, bacas ma,y, di dictan
nang ano mang carumihan
ſiya ang tongmangap halay,
na can bumuti,t, mamahal.

Ang boong caſalanan mo,y,
ynacong ganap ni Chriſto,
nang hatolan ni Pilato,
di tongmogong nag-apelo,
ang pagſacop nga ſa iyo.

Ang iyong calachang loob,
pagcaibig mong mabantog,
ang puri mo,y, mapatampoc,
mataas, mapaimbolog,
bago,y, ovod ca,t, alaboc.

Siya ang napapagtiſod,
napatampal, napagapos,
ang cabutiha,y, linimot,
dongmaviſdavis nagbactot

 niyong

niyong mabig-at na Cruz.

Ang iyong pagmamarangal
catapa,y, di palanohan
nang damit na pavang hirang,
guinto, at palahiyasan,
nacan batiin nino man.

Doq,y, ang caniyang tobos
yaong madlang pagaayop,
capalibhasaang yocod,
pagpapapotong, pagpocpoc,
tinictinicang may tonod.

Ang Dios ang nabababa,t,
icao ang natatataya,
siyang pinagpalavac-ya,
nang ang puri mo,y, macana
maguin bitoi,t, badlaya.

Anong aquing vicain pa,
ang diladila mong sala,
pati nang sa isa,t, isa,
sampon nang ating na mana

ſinacop di,t, quinalara.

Aba? baquin icao tovan,
vala can di caſalanan,
cun icao ay paruſahan
nang Padreng pagconfeſala,y,
di mo ſondin capagcovan?

Dili hayag, cundi lihim,
vala can ycalalaguim,
ang valan tavong titingin,
ſinaſacaſaca mo ri,t,
di pa tambing talimahin.

Nang ſi Chriſto ay hatolan
yinari ri,t, di naliban
ſa loob nang iſang arao,
ſa iyo rin ito aral,
namon gagari,t, parahan.

Ytangis mo,t, icalumbay,
ypagpighating mataman,
matovirin mo cun datnan
nang ano mang caſaquitan,

para mong cay Christo damay.

NANG YLIBOT NANG MAnga Iudios sa Bayan nang Ierusalen ang A. P. Iesu-Christo, na nagpapasan nang Cruz.

AY sa magcagay-on nangang si Christo,y, ipacacana sa isang Cruz, na mahaba, diva,y, may capar somasa hatol nang Hocom, at vica.

Siya,y, ipinagtatavag sa tavong nagtitimpalac niyong manga nagbabaras, ipinalalacaslacas, vica,y, nangangalatoat.

Ytong tavong si Christo ay, sa Cruz, ipapacong tunay, ang siya,y, macasalanan tanang guinava,y, casam-an,

ngay



IESVS Crucifixado.

Esculp.ª p Nic.s dta Cruz Bagay.

RPJCB

ngayo,y, magbabayad naman.
Yto,y, ſiyang catoviran,
at otos na catampatan,
nang banal na cahocoman
ni Pilatong Ponombayan,
ſa ſang-Iudeang Capitan.
Nang ylibot na ſa Bayan,
ang Cruz ay pinapaſ-an,
liig, ay tinatalian
iſang lubid na matibay,
hilahi,t, ſaca lobayan.
Ytong Cruz ay mabig-at,
lapis na nagcaapat,
maycapat ſomaſang ganap,
lublang guinugulatgulat
nang Verdugong mararahas.
Sa holi may nagtotolac
ſinoſoal nang paglacad,
ſa taguiliira,t, ſa harap,
ang gomi pinaglalamas,

may naglalabnot nang balbas.
Pinagmomora nang vica,
tonǧayao, at nadlang ſumpa,
di momonting palavacya,
olol nilang paralita
ſa budhi pagpaparuca.
Paghila,y, di magpatantan
niyong may lubid na tanǧan.
dili nǧa mamacailang
maparapa,t, naſonǧabang
Cruz ay ca babaobabao.
Ytindig, at yticlaang,
ytalaghay ang catao-an,
noling ilinacad naman,
ſa di cavaſa nang pagal,
tongmaha;t, nagtan-aotan-ao.
O manǧa Diſcipulos co,
nanǧa ſaan cayo dāco,
ano,t, ſa panahong ito,y,
nagobos cayong nagtacbo,t,

aco,y, pinag-ivan ninyo.

Cun ſila,y, nagpabaya na
budhi naboyo,t, nat acla,
longmomang ſangpalataya,
icao caya naman Yna,y,
gagagad magpalamara?

Yna co magdalita ca,t,
aco,y, ſilayan mon mata
opan aco,y, gominhava
cun icao ay maſaguila,t,
quitang mag-Yna,y, magquita!

Cun icao ma,y, namimindong,
tingni ang Anac mong bogtong,
icao din ang linilingon,
di co man maiguiguiyong
ang dala cong di matogoy.

Sucat na ſa aquin yao,t,
paran alalay mo,t, tolong
ſa aquing guinoonggoong,
ygagaangaang toloy

naring mabig at na cahoy.

Nang maringig ni MARIA,
ang daing nang Anac niya,
dibdib ay congmabacaba,
di nacalit nabalisa,
longmabas capagcaraca.

Angmadlang manga sandata,
manga baras nang Iusticia,
dili na quinaopicsa,
sinaguing hihingahinga,t,
dinolog ang bongso niya.

Tongmatangis, nahahabag,
ito ang ipinangosap,
ò Poon co,t, sinta,t, liag,
ò arao cong malivanag,
mapamintohong si Isaac.

O Panginoon nang Yna,
bagongtavo cong maganda,
ano nang gava mong sala,t,
icao ay guinanito na,y,

di co ſucat macalara ?

Yyang Cruz na dala mo
bongſo, botivina,t, aco,
ang hahalili ſa iyo,
ay at aco,y, maguin tavo
matingnan quitang ganito.

Aacoing co na,t, ſocdang
aco na ang papapatay,
at nang icao ang mabuhay,
di ano pang capacan_an
bongſo, cun mavala icao.

Anong aquing icacaya,y,
aco,y, babaying hamac na,
di mo maſonod ang ola
ito bongſo,y, may ſama pang
luha nang ducha mong Yna.

Nguni, icao ang bahala
di mo man nahahalata
aco nama,y, maralita,
biſta,t, maſaya ang mucha,y,

ſa dibdib nanhihinola.

Dili quita nililimot
panininta co,t, pagſonod
ang cacolanga,t, di poſpos,
ang di ſa aquin magtaos
ang hirap mong di maobos.

Maſucal ang aquing loob,
ang dalambati nonohos
lalo ſa matoling agos,
para acong tinotoſoc
nang caliz, at manga tonod.

Ang togon ni Chriſto naman
Yna, hovag nang malumbay,
iyang hapis mo,y, tahana,t,
ang Dios ang nagtatangan
nang aquing mahal na buhay.

Caruchaan mong ſinabi
ſiya cong ibig na dati,
hovag cang magdilidili,t,
ducha ca man ſa ſarili

mayaman carin ſa puri.
Dili naman catoviran
iyang iyong panambitan,
aco,y, iyong hahalinha,t,
icao na ang papapatay,
at nang aco ang mabuhay.
Yao,y, hindi mangyayari,
at aquing acong ſarili,
ang camataya,t, pagapi,
ſiya cong palit, at bili,
ſa tavong nangaiymbi.
Magſaoli ca na Yna,t,
ang loob mo,y, gao in mo na,
mahirap ma,y, anhin baga?
aquin vang iorong pa,y,
maronong acong magbata.
Ang dahilan namang yſa,y,
pagſonod co,t, pagtalima,
ſa ſogo nang aquing Ama,
tapat itong hatol niya,y,

di co ibig magcaiba.

Longmabas cang Calapati
ſa Davong baga ni Noe,
pagbalic na,t, di pa cati,
tubig ay lubhang malaqui
nitong Paſsion mong marami.

Di mo pa ſucat matan-ao,
ang bahag Hari,t, balangao,
pagtila nang ſigva,t, olan,
ang yaong nabibighaan
nang olap, nang caſaquitan.

Yna,y, ſongmagot pa naman,
Anac cong pinalalayao
vica mo ma,y, di malumbay,
hapis co,y, aquing itahan
ſaan di ſucat mapanglao!

Ycao bapâ bongſo diyan
cababata,t, catatagal,
aco ay iyong paab-an,
cun ang hirap mo,y, ſaſaſal

ſa aquin cana tatan_ao.

Mahapding lubha ſa dibdib
di co maicaiymic,
lamang conang tinitipid,
tivala aco,t, panalig
cun icao ay tongmititig.

Caya ca gongmagaiyan
opan icao ay may avay,
ſa Yna mong lapaſtangan
iyo nang panhihimagal,
caayavan mong daingan.

Bongſo aco ma,y, mayhapis
hovag mong icaiiyt,
dati co nang tinitiis
ang ano mang mapapait,
damay co ſa aquing ibig.

Vala man di ongmaamis
nang maſaſamang paglait,
para cong di nadiringig
datapova,t, ſa iyong bait

doon aco nangangapit.

Ang hihinagapin nava
nang bongso co,t, aquing tova,
may lumbay man aco,t, vala,
paglivalivin ang mucha,t,
ang balabala co,y, vala.

Yfilay cori,t, ihanda,
yao,y, aliv cong daquila,
hovag ca navang gagasa,t,
nang di aco nahihiya
sa malalaman mong vica.

Lalo cun gonamgonamin
cun nadiringig mong tambing
ang dila cong paghalinghing
sa iyo rin paninimdim
manga hapis co, at lay-iv.

Dito, quita minamahal,
nang sariling palalayao,
icao ang ibig cong tunay,
di co pinagsasavaan

nang ſinta cong valan tahan.

Dito, quita pinipita
nang boong palalaſinta,
yaring monti cong anyaya
tangap din magdalita ca,t,
pacundangãnan ang Yna.

Dito, quita quinocoſa
nang anyaya cong daquila,
tapat na pagcacalingã,
cun icao bongſo,y, mavala
ſa aba co, ayang aba.

Di na aco magbalata,
at icao na ang bahala
ang Ynang caavaava,y,
ſa lalaot manding guitna
binabagyong valan tila.

Dito, quita nililiyag
nang ſinta cong valan licat,
aco mandi nababagbag
dilan caſaman nang palad,

long-

longmagmac ſa aquing lahat.

Dito, quita quinacaſi
nang budhing di maſaſabi,
di co maobos ang dili,
niring lumbay cong malaqui
pagſira nang iyong puri.

Dito, quita binabati
nang yoco,t, malaquing bunyi
yaring hapis co,y, maicli
ang Anac quita man nğani
Dios cari,t, Poong Hari.

Dito, quita iniybig
nang ſinta cong valan patid,
yaring aquing pananangis
icao ang linao nang langit,
baquin nğayo,y, pavang donğis?

Dito, quita guiniguiliv
nang di daya cun di galing,
na aco,y, iyong alipin
cun tavaguin mong Ynahin

camatayan co nang dinguin.
Dito aco napaa acò,
napatatavag Yna mo,
bongso aco,y, paaano?
saan aco magtototo,
cun maolila sa iyo?
Dito, quita sinosoyo
pinacaaamoamô;
icao ma,y, di nalililo,
tonghi ang luha cong lalo
dogong nagmola sa poso.
Dito, quita iniyrog
nang panininta,t, pagsonod,
magpasobali cang loob
mabalino ca,t, pasahot,
sa sosong iyong inot_ot.
O lagda nang manga Santos
Anac co,t, Anac nang Dios,
icao bagay aling boctot
aling salaring poyapos

ypapaco ca ſa Cruz?

Dito, quita yguinagalang
nang malaquing pagdarangal,
di co na bongſo dagdagan,
ſucat na ang iyong ngalan
turan co,t, ipanambitan.

Yaring aquing munting habag,
na bolinya na narapat,
ay di nga bongſo ſalamat,
cun tinatangap mong lahat
ſa loob mo,y, ſinoſucat.

Si Ieſu Chriſto,y, noli pang
nangoſap ſa Yna niya,
ay bayi (à niya) Yna,
ang hapis mo,y, paganhin na?
dini ſa Anac mong yſa?

Ang Yna co,y, magpatavad
dili aco mapaghanap,
nang iyong icahahabag,
ſampon ſa icalilibac

nang puri mo,t, iyong palad.
Aco man ngani maanyo,
cun quita,y, nagcaoopo,
madatnan pa acong lalo
cun iyong icahihico
sa galang mong naboboo.
Aco nama,y, mapanoyo
sa dilan bagay, at boco,
ang quita,y, nagcasolongdo,
puri mo man ay itago
ito,y, iyong natatanto.
Di aco nagcamamali,t,
ang loob co,y, natititi,
ang lavon co nang tinimpi
ang icao nga ay nang dili
pulaan cundi mabunyi.
Anhin baga,y, ito,y, otos,
at calooban nang Dios,
buhay co ang itotobos
dini sa dala cong Cruz,

ſanglibora,y, nang maſacop.

SA ganiyong pagſaſabi
nanonood ay marami
lalaqui,t, manga babayi,
pinangquiquimis ang dili
nang ava nilang malaqui.
A nila,y, bayi, ay bayi,
iſang mabuting lalaqui,
maalam maganiani,
ano,t, dinorovahagui
nitong malaquing pagapi.
Canilang tinatangiſan
nang tantong calumbaylumbay,
maminſanminſang tomonhay,
ſiya,y, nagoopan lamang
may maavang omalalay.
Vala rin ngang nabaliſang
ongmalalay ſa caniya,
ylinacad na,t, binata,

ang Cruz na dinarala
ſingbig-at nang ating ſala.
Guinava ang loob niya,t,
ſinong hihiliin bagang
ſucat ſomacop na iba,
ſinta ang nacaanyaya,
caibigang valan hanga.
Madla ang bonton hininga
nang caniyang calolova;
lahat nang nacaquiquita,y,
pavang tongmatangis ſila,t,
longmolohang parapara.
Nang ſiya,y, dina cavaſa
ang natonhayan nang mucha,y,
madlang babaying may luha,
ſa maquita,t, mahalata
habag ſa caniya,t, ava.
Caniyang pinangoſapan
(à niya) ay manga mahal,
manga Anac nang may Bayan,

hovag ninyong cahabagan
yaring caab_an co,t, asal.
Bagcos ang inyong tangisa,y,
ang inyo_inyong catao_an,
anac, sampon apo naman,
at may darating na arao
ating ipagcacaalam.
Mamagalingin ding palad,
yaong di na nanga labas,
na di na ipinanganac,
nang di na nagquitan hirap,
na lubhang casindac sindac.
Darating ang cahirapan
cun masamang pagcamatay,
pavang tangis, pavang lumbay,
mahanga na nga,y, mahangay,
hovag na silang nabuhay.
Ybig ma,t, nasa nang loob
ang sila,y, tambing ilosot,
panganlagpacan nang tonod,

nang di nila mapanood
dalitang di matatapos.
Ang idinogtong pang vica,y,
ifang munting halimbava,
caniyang tinalinhaga
fucat nating conan hiya,t,
ang palaman ay gay-on ngã.
Cun ang cahoy na malago,y,
mamongã nang namomonô,
alipala,y, pinopopô,
paanhin ang gangõ,t, toyo,
na di mafang-al, maguipò.
A ni Iefu Chriſto pala,y,
Dios acong valan fala,
ang pagmora,y, ganito na,
ay aba ang falangfala,y,
ypaaano ano na?

YCao Christianong nanasa
nitong Pasion, aba oya?
tomahantahan ca mo na,
magnilay, at magysip ca
sa loob mong nagiysa.

Nang iyong maquiniquita
ang pagca gangō mo,t, lanta,
vala can dahon, at bonga,
capagcova,t, bolinya na
sa apuy magagatong ca.

Gaito ang vicain mo
magysip cana loob co,
cun may panimdim cang tavo,y,
manhingoha ca na dito,
sa talinhaga ni Christo.

Ang Dios ay lalong banal,
di pinagdangandanganan,
ay aba ? icao pa diyan,

di ipagtampotampolang.
gava mo ay casalanan.

Ang matovid mong vicain,
ò loob cong nagmimiyng
ngayo,y, icao ay malaguim
ang loob mong palalaying
iyong diriligdiliguin.

Nang luha,t, gavang magaling,
sa Dios mo ipanimdim
nang cun sacaling domating
ang arao na iyong mosim,
opan icao ay may quitlin.

Sangdaigdiga,t, ang langit
sa iyo,y, ga nagagalit,
hovag mong sondin ang ibig.
maboval ca,t, maibolid
sa baLong casaquitsaquit.

Cun di ca mababalinô
nagpapagay_on cang anyo,
bago,y, maropoc ca,t, guipò

marali ca nang mapopo,
ſa Infierno ca igohò.

Na cun madoon na ngani
darati na,t, mapalagui,
ſa ſaquit na di momonti
dalitang di mapapavi,
hirap na di caogali.

Di na macapagſaoli
ſa buhay na lovalhati,
valan tovang cabalaqui
monti mang ſucat igali
cahima,t, ſomaſandali.

Cun di ca rin magbabava,y,
di ca iſa man ſaſalang
daratnan nang gay_ong duſa,
ang maganda,y, matacot ca,t,
ang ſiſi ang ipaona.

Madla nang iyong na tingnan
camucha mong nangamatay,
bata, matanda,t, mayaman,

ay aba? bocod nang icao
ang pahahabaing buhay?

Nagcamamali cang hayag
matacot ca ri,t, maginggat,
pagdating ay di pa halap,
loloob daraſagdaſag,
cagyat ca nang iſaſadlac.

Alin mang ſandata,t, iva
ſa iyo,y, di macamiya
cundi ang camatayan ngā,
ang lahat ay pinopocſa
Papa ma,t, Haring daquila.

Sabing ito,y, paganhin na
ang bahalang maghalaga,y,
ang bait mo, at ſucat na,
calolova mo,y, iyſa
cun maſira,y, omano ca?

SI IESVS, at ſi MARIA,
ang ſingibig na mag-Yna

ſa magcalayo na ſila
nang canilang pagquiquita,y,
di pa naniniyg mata.

Dinalidali na naman
nang ludiong tampalaſan,
nang paglacad, at paghacbang,
ſinaſacong inaacdal,
bago,y, lubhang nangangalay.

Dito naghirap na lalo,
naliliyo,t, na hahayo,
ang pavis ay tongmotolo,
mucha ay nagpapaligò
nagcahahalo nang dogo.

Siya,y, valan maipahid
ang valan panyong caponit;
anong di ipagparaig,
ang may adhica nang damit
valan mapolong golanit.

Doon ſa babaying madla
ongmaantabay calinga,

hong-

hongminĝi ſiyang nagcuſa,
pahibnin ding magdalita
nang panyong pamahid luhâ.

At nang may ipahid lamang
ſa muchang na diriliman
manan ang nadalanĝinan
babaying napaquivanha,y,
dinolog din capagcovan.

Caniya nang pinahiran
niyong birang niyang taglay,
manan ang cababalaghan
ſa Dios na gava,t, lalang,
tapat na ating pagtachan.

Ano,y, ang cahimalaan
nalagda, at na laravan,
anaqui inilimbagan
ang caniyang muchang mahal,
ſa ipinahid na birang.

Nagcatiticlopticlop na,y,
paraparang nanĝalamnan,

ſailalim, at ſa ibabao,
cun iladlad, at ilaylay,
doroon ang muchang tonay.

Ang ſalita nga, at badya,
ſa laravang ito niya,
ang iſa ay na ſa Roma,
minamahal ſinaſamba,
nang Chriſtianong lahat na.

Y pinadoroyodoyo
madlang Hari,t, maguinoo
ang dongmaralao nonolò,
at ang cavangis ni Chriſto,
ang pangala,y, Bultho Sacro.

Ang yſa namang caſapin
na gaito,t, camucha rin,
nang Manonobos ſa atin,
ay na ſa Bayan nang Iaen,
taontao,y, minſang boc_in.

Camucha rin, at di iba
nang natatago ſa Roma,

ang toring nang ſang Eſpanyang
ipinangangalan nila,
ay ang Santa Beronica.

SA maſaquitan nang lubha
ſi Chriſtong nagdaralita
nang big_at na di cavaſa,
ang yaong daa,y, mahaba
ſiya,y, tatalitalipa.

Ang Cruz ay ſongmaſayad
ſa lupa, at di maangat,
lubha pang nacahihirap
paglagpac tinovaſtovas,
longmolobog ſa balicat.

Ang cay San Matheong ſabi
may iſa doong lalaqui
ſiya ay taga Cirene,
naava,t, naganiani
nohat nang Cruz ſa holi.

Yto nganing tavong ito

ay ſi Simon Cireneo,
Ama ni Alexandro,r, ni Ruffo,
ſiyang tongmolong cay Chriſto,
nagpaſan ſa dacon dolo.

Ytong caniyang pagtolong,
ay di man lubhang nalavon
nacaguinhava din yaon,
cay IESVS na ating Poon
ſa mabig-at niyang anggon.

Di pa nalalaon ſiya,y,
ſaca na nababaliſa
nang pagtolong pagdarala,
ſa di ſava,y, inivan na,t,
ſi Chriſto,y, pinapagiſa.

Ynilacad nang totóo
Dios na ſi Ieſu Chriſto,
caſama,y, madlang Iudio,
ang daratning tinotongo
ang bondoc nang Calbario.

Sadyang lupang nalalaan

ad-

adhica nang ſangbayanan,
dating pinagpapatayan
ſa balang mahahatolan,
Golgotha ang ſang ngalan.
Doon nila itinahan,
Cruz ay ipinalagay,
ſiya,y, pinag_agaoagao,
catao-an ay hinoboan
naſahol ang inanitan.
Ytong pagcalag nang damit
nabagohan namang ſaquit
balat ay paran ynanit,
at ang dating naniniquit
yaong damit na ynalis.
Noli rin ngang nangaſalang
ſugat niyang valan povang,
vala iſa mang pilatan,
anaqui,y, hinihinay_a,t,
pavang dogo ang catao_an.
Yto,y, ang icapipito

pagyayaonana,t, ito
ſa Hari nating totoo,
mahabag ang Chriſtiano,t,
ang panimdim ay ibago.

ARAL.

ANg ſaquit, at manga hirap,
ſalot, datay, pagcalagnat,
manga caſam_an nang palad,
caruchaa,t, pagcaſalat,
Cruz din yaong mabig_at.

Dalhin din nating magpilit,
hovag ipagdalan galit,
ſa Dios yaong pahatid,
dating gayo,t, pagmamaſid
ſa caniyang iniybig.

Patolong tayo,t, manalig,
nang ating ipagtitiis
dito ſa lupa,y, panganib,
valan tovang naniniig,
imbabao lamang ang tam_is.

Valang boong lovalhati,
di danan nang dalamhati,
vala diyang tova,t, gali,
di may dala ring pighati,t,
ang lahat ay tantong mali.

Valan tavong pinayamang
di danan nang caruchaan,
ang manga loag, at layao
dito,y, pavang alingaongao,
ſaca na nacalalactao.

Pavang caſinongalingan,
daya,t, hibo,t, calaſgoan,
hinog, mainam cun tingnan,
cun pamalaſmaſi,y, hilao,
cun cani,y, macacacabal.

Hovag cang magpamihaſa
ſa dilan logod, at laſa,
nang catao-an mong maola,
di magabot quiſap mata,y,
cabuldanang anyaya.

Baquit, quita y, nasisira
ang bala, y, valan di vala,
bibigang solopanaca,
malupit na solopica
orali ang guinagava.

Muchang magcacapal vica,
mapan alialictia
dalahirang macohila,
magdaraya palibhasa
polhin pa ay balintona.

DAting ogali sa onang
ang paparaying may sala,
ay paiynomin mona
alac, apdo, sampon mirra,
nang ang saquit ay mabara.

Ang mirra ay mapait na,
di pa nila minaganda,
bagcos ngang hinaloan pa
nang apdong lubhang mapacla, t,

gui-

guinaogao ſa alac nila.

Nang malapit na ſa bibig
ypaiynom na pilit
ſa manamnama,t, mapait
ni IESVS, at di matiis
dili na ninom na tiquis.

Gay_on ang ſabi,t, pahayag
ni San Matheong ſongmulat,
ſa di na minom na mayag,
alipala,y, ſiya,y, capag
ſa Cruz, ipinabalagbag.

Paripa,y, nang mabotaſan
calivang camay hinotan,
capagdaca,y, ibinabao,
at canilang tinictican
nang malaquing pacong bacal.

Nang yſoſonod ang canan
na ypapaco na naman,
ſa icana,t, ipalagay,
iſá ma,y, di matapatan

yaong botas nang pahalang.
Malayo, at ang alanğan,
di mayrating maonay,
cun i_ayon ay ſaſanlan,
di magcaſongdo,t, capalang
ang canilang gava,t, lalang.
Sa di rin nğa matatapat
ſila,y, dina noling notas
nang iba,t, yaon ang ſinocat,
ang nabanta pang pahirap
hinila nanğa,t, binatac.
Nang apat na malalacas,
linalapac ang balicat,
nagſipanğorong ang ogat,
litid ay nagſipanğalag
niyong canilang pagbatac.
Di iſaman tinogotan,
paghila,y, di itinahan,
hangan di doon bongmacam
ſa botas na nalalaan,

at toloy nang pinacoan.

Ang talapacang dalava,
ipinahindolos nila,
pinagſiping, pinagſama,
pinacoang parapara,
di maquibo,t, di mahila.

Ang paang di aliſaga
nang Panginoong Maygava,
ypinaco rin capova;
ay paang layas, at galà
ito,y, titingnan mo nava.

Dogo,y, nagſiſipamana,t,
di maampat, di maſapa,
camucha,y, naguiguinbaha,
nangagdaranac ſa lupa,
bangcay na manding miſtola.

Ang cataoa,y, nahahalang
ſa Cruz, nahahandoſay,
dangan na quinaavaan,
paran hayop na pinatay,

di quinahihinayangan.

Lalo sa dilan halimao
ang canilang caganiran,
loob nila,y, gayon naman,
matigas sa batong buhay,
di na mapolipolihan.

Sa maypacong matapos
ang Cruz ay itinaob,
napaparapa si IESVS,
ang mucha,y, nasosobasob
sa lupa,t, manga alaboc.

Ang pacong nangagtataos
manga dolo,y, naninipot,
canilang pinambaloctot,
sinalsal, pinangagpocpoc
nang di siya macaquilos.

ANG PAGBANGON NANG Santa Cruz na pinagpacoan sa Ating Panginoong Iesu Christo.

Dito

DIto binuhat ang Cruz,
binangon, at itinolos,
isinacsac na quinadyot
bot_oy nagcasootsoot,
nang malaquing pagcayogyog.
Dito naramdamang lubha
ang casaquita,t, dalita,
hirap niyang di cavasa
sa langit na tongminggala,t,
nangosap nang gay_ong vica.
Pater dimitte illis non enim sciunt quid faciunt.
Ama cong Dios na totoo
ang hingi co pô sa iyo,
ngay_on, ay patavarin mo
ang lahat na manga tavo
nagpaco sa aquin dito.
Di nila naoosisa
itong canilang guinava,
vala nganing loob yata

icao din po,y, magdalita,t,
hovag pagyſipa,t, aba.

Nang ito ay ipangoſap
tanghaling arao na tapat,
ang tavo,y, nagtitimpalac,
nanonood hongmaharap,
malaquing panguiguilalas.

Ang quinahihinayangan
itong maſinta,t, maalam,
(à nila,) ay at pinatay?
itong mapagbigay buhay,
mapan-aliu ſa may lumbay.

Manan yaong Soldadong apat
na nagparipang nangahas,
ſa Cruz, ſa Dios Anac,
yaong damit na hinobad
pinagbahaguing nagcapat.

At yaong iſang Tunica
ſa darapit balat niya,
ang vica,y, valang coſtura

ha-

habi nang caniyang Yna,y,
bocod yao,t, alintana.
Di inano,t, di quinibo,
dili pinagcorocoro
ang nacatha nilang boco,y,
nagpalarang paglalaro
nang maboò nang di bigò.
Canilang pinagsogalan,
at pinangaghonosanan,
ang may palad ang magtangan,
at nang di na pagtalonan
nang macaboong sino man.
Nang ysa, balang may suerte,
mapacaniyang sarili,
yaong iba,y, di tongmangui
tipanan nilang mabuti,
gay-on ang cay San Iuang sabi.
Nagca totoo ang vica
ni David, na manhohola,
dito ga nacasing mucha

yaong inavit sa nolà
damit ay pagbobocdin nga.

Partiti sunt vestimenta mea sibi, & in vestem meam miserunt sortem.

Sa yto ngani matapos
Soldado,y, nangagsilocloc,
pavang may balotit, tandos
nagbabantay nagtatanod,
sa ipinaco sa Cruz.

ANang manga Evangelistas
pavang songmaysay ang apat,
si Pilato,y, nagparagdag,
at nagpariquit nang sulat,
sa dolo nang Cruz na hayag.

Pagca sulat ay ga yari
ysang I. ycalava,y, N.
at ang icatlo ay R.
ang icapat nama,y, I.
cahologan ay ga yari.

Onang I. cahologa,y, IESVS,
at ang N NaZARENOS,
R. nama,y, REX, na lobos,
at ang I. ſa holi,t, bontot,
ay Iudæorum ang bobot.

Ang may manga vica nito,y,
ang tatlong bagay na tavo,
Hebreo, Griego,t, Latino,
cun pagnoynoyin nang toto,y,
may cahologang totoo.

Cun tagaloguing iraos
cahologan nito,y, talos
ito (à nilang) ſi IESVS,
pagca tavo,y, Nazarenos
Hari nang manga Iudios.

Caya otos ni Pilato
ang pagpapacanang yto,
nitong ſulat na Rotulo
ſa toctoc, olo ni Chriſto,y,
ayop ſa manga Iudio.

Sa maquita nila yaon
nacacana,t, napapatong,
itong Rotulo,y, doroon
sa cay Christong olo,t, olong,
ang Iudio,y, nangagongon.

Nangagsaoli sa Hocom,
ang galit naggaholgahol
(à nila,y,) dili pô gay-on,
iyong hovag ipatoloy
yaong sulat ay balatong.

Caya cami naparito
tambing nang ipaalis mo,
ang pacana mong Rotulo,
mali pô yaong totoò
at cami nagaapelo.

Ang cay Pilatong pasiya
vicang sagot sa canila,
quod scripsi, scripsi (à niya)
ang nasulat nasulat na,y,
vala acon pagiyba.

Hi-

Hingi man ninyo,y, matovid,
na cayo ay nagpipilit,
dili co na ipaalis
tambing ngay_oy cayo,y, malis,
aco,y, hindi maquiquinyig.
Di man ninyo calooban
ang ſulat na napalagay,
dili co pagybhing tunay
hovag acong pagolita,t,
ito na ang catapoſan.
Nangagſialis na doon
ang galit nagbolongbolong,
opaſala,y, gay_ot gay_on
cay Poncio Pilatong Hocom,
ang di ſiya napaayon.
Si Chriſto,y, nang napapaco
inooroy, binibiro,
ſa Cruz pinagſiphayo,
pagmomora,y, valan tino,
naglabi,t, nagngoſongoſo.

Ang vica nilang paabas
cun Hari ang iyong banſag,
at ſa Dios ca namang Anac
maba ca,t, tambing magcalag
ſa Cruz, at nacan maavat.

Cun tantong magcagay_on ca,y,
cami ſaſangpalataya,
libac ang pagbati nila
aba? aba? paham aba,
magvala ca na,t, manao ca.

Ycao nga ang nangongoſap
ang Simbaha,y, ivavaſac?
cun maſira mo,t, macalas,
yooli mong ilapat
ſa tatlong arao na ganap.

Ang catao_an mo pa caya
ang iyong ipagpabaya ?
cun ito,y, di mo magava,
tantong ſinongaling ca ngang
honghang na valan halata.

Ang catao-an mo pa caya
ang iyong ipagpabaya?
cun ito,y, di mo magava,
tantong ſinonggaling ca nga,
honghang na valan halata.

ANG dalavang magnanacao
ſa Cruz, napaco naman
caſama niya,t, caſabay,
ſiya,y, pinapagytanan
ſa caliva, at ſa canan.

Pagmura pang di ſapala
ito, ſa caniyang lubha,
ſiya ay ipinaguitna
ſa dalavang macohila,
nang homalay, at macotya.

Nang ang balang magacala,y,
ang ito rin ang camucha
gay-on ang ipagtagoya,
ſiya ay cahalimbava

niyong dalavang mafama.

Dito fa dalavang magnanacao
ang fa cacana,y, nagmalay,
na fi Chriſto,y, binabanal,
tavong tapat gava,y, mahal
banayad di tampalafan.

Ang caniyang cavicaàn
cahima,t, pinarofahan
fa Cruz (à niya,t,) pinatay,
ga vala nan cafalanan
valan ca anoanohan.

Capanaghilian lamang
nang manga pinonombayan,
canilang pinaglabatan,
at nang di fiya pangánlang
Dios, at tavong maalam.

Lubha pa fa manalangin,
fa maringig yaong daying
ang nagpaco,y, patavarin,
guinava,y, di nalilingin

mo.

moli,t, moli ang panimdim.

Ang caniyang dili-dili
tanto (à niyang) Dios yari,
caya nga,t, budhi maigui
ſongmiſi,t, dongmovahagui,
ava ang iguinaganti.

Maganda,y, aquing daingan
yayang aquing napalaran
naſama aco,t, naſabay,
ſa caniyang pagca matay
opan aco,y, caavaan.

ARAL.

YTo nava ang titigan
nang tavong mapagmatapang,
mapagtanim ſa caavay
di mona mati,t, aayao,
mapanganlan ſiyang colang.

Chriſtianos icao ay honghang
ibig mong pagpahloan,
ſi Chriſtong Poon mong tunay

bago ang alipi ycao,
valan halagang boliyang.
Nagcamamali ca tovan
cun gay-on ang iyong damdam,
ang magaling di ang lobay
ſiyang may capapacan-an,
may puri pa, at may buhay.
Ay ano ſa inyong tinĝin
ſa tavong naganĝilanĝil,
cun anong hangang domating
dili hirap dalita rin,
capagcaraan nang moſim.
Saquit, at pagcacaoſap
hiya,t, ſiſing dili hamac,
at alapap nang alapap
lalo cun ſala,t, di tapat,
maſiſiſi pa nang lahat.
Hovag cang magpapalambang
ſa capova tavong tunay,
mara ſa hayop ſa parang

gui-

guinava cang tavong mahal,
ayonan mo,y, camahalan.
Di ca iſa man quinan_an
nang maſamang caſangcapan,
minaboti cang catao_an
nacan calogdan nino man,
baquin para can halimao.
Vala ca man caholilip
pagtining ang iyong bait,
lagnat, at liping na montic
ſa iyo,y, macabobolid,
matatag ca ma,t, mabagſic.
Di ca macapagiyvas
doon mo maſiſiyaſat,
cun datnan ca na nang hirap
nang ſaquit na mabibigat
cun ſino ca cundi hamac.
Mahina ſa tavong lahat
icao ay dovag na dovag,
vala ca nan pangangahas

lalo ca ſa nababanlat,
nang quinacamtan mong hirap.
Cun icao, ay momorahin
magtiis ca,t, iyong bathin,
hovag mo yaong ſagotin
bagcos mo na nǧang ibiguin
ſa Dios ipanalanǧin.
Datapova, at (à niyo)
dili mangyari, at ano?
diyata,y, panǧanlan acong
dovag, valan honrang tavo,
cun aco ay magpatalò.
Ang Chriſtianong gahaſa
galitguitang macohila,
monang mahalay maſama
ang lahat ay ſongmaſava,
caavay nang tavong madla.
Y vacſi mo na,t, ilaglag
iyong pagca palababag,
loob yaon nang halaghag,

matigas ca ma,t, matatag
talo ca nang monting lagnat.
Cun yao,y, ihiga mo na
doon mo maquiquilala,
ang iyong pagca hamac na
cun ſino ca,t, cun alin ca,
comot pa,y, di mo mahila.
Doo,y, vala ca nang bagſic
ibig mo man ang magalit,
ſa caavay mong di ibig
icao na ang madaraig,
yayapaca,t, iſiſicſic.
Madla pa ang halimbava
itahan co na,t, hahaba,
maca ang vica,t, ang daya
nang galitguiti,t, gahaſa
ito,y, aquing monacala.
Ycao nang nanaſa nito
ang pababahalaan co,
dogtongan mo na nang dolo

nang manga iba pang toto,
nasasaclao nang bait mo.

Ytotoro quitang cagyat
basahin mong valan licat,
yaong cay Senecang sulat
aral doo,y, pavang tapat,
poot mo,y, opan magbavas.

SA dalava nganing ito
manga ligalig na tavo,
napaquipatay cay Christo
dili nagcasisingtoto,
nang loob, at ang cun ano!

Yaong isang talipandas
magnanacao na si Gestas,
siya ang nagpapangosap
cay Christo, at niyayacag,
na magtanan, at magcalag.

Yayang ang iyong pabantog
ang Mesias ca,t, ang Christos,

ani-

anitong honghang na loob
Salvum fac temetipſum, & nos,
magcalag tayo ſa Cruz.

Sa yto ay mapaquingan
ni Dimas na magnanacao,
vicang cacolangan galang
ni Geſtas na caalagbay,
alipala,y, inavayan.

Caniyang pinangoſapan
nang magagandang pagaral,
ſa may bait tapat camtan
caniyang pagtotoboan,
manga yto ang palaman.

Magaling (à niya) oya
ſa Dios manalig quita,
naito,t, napaparipa,
napapaco,t, caſama ta,
nalalapit, ay manaà!

Siya ring magpapaſolit
ſa canita,t, magiyſip,

nang gavâ tang malulupit
bago,y, vala cang panganib,
bagcos mo ngang iniiit.
Gongmagagad ca pa naman
paglabat paquiquiavay,
at pangagtatampalasan
nang ating pinonombayan,
ito,y, di pinagtogotan.
Ang canila,y, ang pagpatay
nang malulupit na asal,
di nila pinagtogotan
caya ang gao_in ta nama,y,
canitang pagpitaganan.
Sa ito,y, maipangosap
ni Dimas doon cay Gestas,
cay Christo na tongmavag
napacalavinging agad,
at alipala,y, nangosap.
(A niya,y?) *Domini, memento mei dum veneris in Regnum tuum,*

Po-

Poon, at Panginoon co
(à niya) yaring ſalaring tavo,
mari alaalahin mo,
cun movi ca ſa Bayan mo,
Cahariang dating iyo.

Ang ſagot ni Ieſu Chriſto,
Amen dico tibi, hodie mecum eris in Paradiſo.
aco,y, panivalaan mo
ſa aquin nitong vica co,
ngay_on ding arao na yto
cacamta,t, matitingnan mo,
ang mahal na Parayſo.

ARAL.

SA galing aya nang palad
magnanacao na ſi Dimas,
ang lavong lavong ongmilap
nininſan ninſang tongmavag,
capagdaca,y, nacacavas.

Madlang guinavang casam_an
asal niyang pinagdanan,
malalaquing casalanan
ngay_oy sa sandaling arao,
ang iquinapacamahal.

Valang calaquing panganib
sa sa Infierno nang bibig,
itotolac na,t, ibolid
saca nacapangonyapit,
sa avang lavit nang langit.

Siya ang onang bolaclac
bongang hinog na tongmimyas,
sa tanim ni Christo,t, sovat
sa Palsion niya, at hirap,
na pinagtachan nang lahat.

Tayong tana,y, magsigagad
magparaparang omiyac,
hominĝi nang boong tavad
nang tayo,y, mapaquilansac
sa lovalhating banayad.

Cahimat macaſalanan
naguiguimon ſa mahalay,
mahaba nang tao,t, arao,
matacot nama,t, homintay,
tomavad na valan hompay.

Managal ſa caavaan
ſa maſama tayo,y, motao,
at ſa Cruz manimbolan,
nang mapaguilid, maſabang
ſa lovalhating doongan.

Angahas itong tombaga
cay Moyſeng ipinaquita,
ſa ſang-Hebreos ſa vna
nacagaling, nacaganda,
ſa tongmingala,t, congmita.

Balang manang natotocâ
nang olopong na mabiſa,
capagdoon tongmingalà
ſa tombagang nacacanà,
gongmagaling alipala.

Tindig mangã tavong lahat
nangãtocâ nang camandag,
casalana,y, paran ahas
pagamot cayo,t, patavac,
sa cay Christong manlolonas.
Napapaco,t, na diripa
ang camay niyang dalava,
naghihintay ang anyaya
ang domolog na may sinta,y,
agad yayacapin niya.
Malobay ngay_on ang loob
vala tayon ycatacot,
linibac ang pagca Dios,
di catovirang pagayop,
nang di tayo maguin socot.
Lomalo pa dito caya
sa magnanacao ang lubhang
masama, at tavong sirâ,
tongmavad nang cacataga
capagdaca,y, pinagpala.

SI San Iua,t, ſi MARIA,
ſampon nang babaying iba,
nagmola ſa Galilea,
dongmaramay ſongmaſama,
ſa nahahabag na Yna.

Ytong Virgeng lubhang mahal
madla mang pighati,t, damdam,
di longmalayo iſa man
ſa Cruz, at nagmamalumbay,
ſampon pamarggquing ſi Iuan.

Sa matonhayan nang Anac,
Yna niyang nahahabag,
nagbilin ſiya,t, nangoſap,
paran Teſtamentong lagac,
ang magdaga,y, pinaglangcap.

Yto ang vinica ni IESVS
mulier, ecce filius tuus.
babaying timtimang loob,
iyan ang Anac mo,y, copcop
paran aco,y, iyong yrog.

Long-

Longmingon nama,t, nagbadya
ſa Diſcipulos na ſinta,
(à niya) *Ecce mater tua*
ſiya,y, parahin mong Yna,t,
hovag ipagpalamara.

At ang noling vinica pa
ni Chriſto, cay San Iuan, at badya,
na inioonang niya
deinde dicit Diſcipulo: ecce mater tua.

Iuan ingatan mo oya
vala man acong balang na,
na iyong ſucat mamana
iyong ſoyoing maganda,
at ang bahala,y, aco na.

Ang icapat na ſinabi
vinica ſa Cruz, ay yari,
ſa langit nagpaparali
Dios co (à niya) Dios cong malaqui,
Deus meus , Deus meus , ut quid dereli-
quiſti me, Heli, Heli lama Sabathani.

Ça-

Cahologan di iyſa
nitong vicang dinalava
nang manga Evangeliſta,
Dios co, ano baga (à niya,t,)
aco po,y, linimot mo na?
Maronong ca,t, mapangayo
ſa manga alipin mo po
ano,t, ſa Anac mong boo,
ga di cana nabalino,t,
ava mo,y, itinatago?
Ang madla doong caharap
pagtava,y, nangaghalachac,
mana (à nila,t,) nangongoſap,
tongmatavag cay Elias
ang di cavaſa nang hirap.
Dito ngani nagdilim na
ſanglibota,y, di nagquita
nola ſa horas nang Sexta,
magpaſahangan ſa Nona,
tavo,y, di magcaquilala.

Dito ngā ſa tatlong horas
nagdilim na dili hamac,
ang mangā Iudiong lahat
ſila,y, nagſipanguilalas
nangatacot, at naſindac.
Ay ſa matapos na ito
agad tongmavag ſi Chriſto,
dongmayng ſiyang nagbago
ang vinica ay, *Sitio*,
naoohao (à niya) aco.
Cun ſino ang maavain,
na maaava ſa aquin
dinguin ang aquing halinghing
aco,y, inyong painomin
nang tubig, ohao co,y, patdin.
Sila,y, may talagang ſucâ
ang catampalaſanan nga
yſang Soldadong maſama
ang panſoguigui binaſa,t,
yſinaliſol ſa dila.

Ybinalayan ſa tiquin
ſiya nang ypinaſimſim
ypinaſoſoguilſoguil,
ani San lua,y, tongmangap din
ſa bibig nang Dios natin.
Sa macainom na ſiya
nitong di ſucat mabata,
nangoſap namang noli pa
Conſumatum eſt (a niya)
ſino ma,y, tapat magtaca.
Tongmangis na alipala
madla ang natac na luha
ſa Dios na ypinabaya
ang calolova,t, buhay nga
nangoſap nang gay_ong vica.
Pater, in manus tuus comendo ſpiritum meum.
O Dios Ama co,t, Poon
ſa iyo co na ipaaampon
ang calolova co ngay_on

magaadya, at totolong
ſa aquin, at magtatangol.

Sa macapangoſap nito
vica niyang icapito
naghingalo na ſi Chriſto,
itinongo na ang olo
pagcamatay niya ito.

Dito nanga capagcovan
naguiſi,t, nagcahivalay
yaong tabing ſa Simbahan,
at ang manga bato nama,y,
nangagcaontog-ontogan.

Ang baon, at manga hocay
nang maraming manga patay,
madla naman ang nabongcal,
at ang nadoroong bangcay,
ang lahat ay nangabuhay.

Naſama,t, napaquiſabay
ſa cay Chriſtong pagcamatay,
nahayag, nanga paloval

ang tunay nilang catao-an
ſa Ieruſalem na Bayan.

Sangdaigdiga,y, naglindol,
bondoc ay nangagcaongcol,
lupa,y, di nagcahinotol,
longmingatong, nangaogoy
nangagcalagolagonlon.

Lumbay ſa gay-ong panahon
pagcamatay, pagcaborol,
nang Maygavang Panginoon,
molang ypinagcaongcol
nang canilang pagcaogoy.

Ang malivanag na arao,
at maalindog na bovan,
manga bitoing malinao,
ang ſinag nila,y, nalimban
nagſilimlim nang pagſilang.

Ang dilan diladila na,
ang manga Elementos pa,
pava ring nangagcaiba

ſa dating tahanan nila,t,
di nangagcaſongdo,t, ſala.
Ang gavang ſangcalahatan,
ſa ſanglupa,t, ſanglangitan
nang Dios, ay nangagdamdam,
canilang quinalumbayan
ſa Maygavang pagcamatay.

ARAL.

AY ang tavo pang may iſip,
may calolova,t, may bait,
ang di mahabag, tomangis,
loob, bangona,t, pagtindig
manangis canang manangis.
Magpacalumbaylumbay ca
ytolong mo ang anyaya,
magmuchan ayop ca,t, mora,
at magbontonhininga ca
vacſihan ang dilan ſaya.
Mahapis ca rin nang tanto,t,

hovag yhala ſa biro,
ito,y, dili balobalo,
ang palaſinta,y, yboô,
ydamay ſampon nang dogo.
Luha mo ma,y, ipagdilig
dili ca macaſoſolit,
ang ava niya,y, mahiguit,
vala cang ſucat ipalit
ganap niyang pagcaibig.
Hovag cang macalilimot
nang paninimdim ſa loob
nitong Paſsiong yſinacop,
maninta ca,iat ſomonod,
ſa lahat nang bili,t, otos.
Hovag ca ring magpabaya,t,
magolol ca nang halata,
nang ſariling iyong gava,
domamay cang magdalita
magpenitenciang magcuſa.
Bagaman tapat man caya

pag-

pagsacop niyang caava,
magdagdag ca pang calinga,
sa iyong poso ytala
itong lobos na biyaya.

Nang arao-arao tovina,y,
ating maaalaala,
di ali,t, sino pa baga
tapat na icabalisa
di ang may ganitong sinta.

Vala siyang hinihingi,
yama,t, guintong maoori,
pita sa tavo,y, ang dali
sinta lamang boong budhi
siyang sa loob matimpi.

Pagpurihin nating lahat
nang moli,t, moling salamat
ang Dios, na nagpatavad
ating iquinapanglavas,
at yguinanda nang palad.

NAng ſi IESVS, ay mamatay
ſiya,y, napapagitanan,
nang dalavang magnanacao
nagotos ang ponombayan,
ang hita,y, pangagomogan.

Nang datnan nila,y, buhay pa
magnanacao na dalava,
inomog na capagdaca
yaong manga hita nila,
at ſiyang pagcamatay na.

Dili na quinibo nila
ſi IESVS na Poong Ama,
ang yaong nang datnan nila,y,
patay na,t, valan hininga,
loob nila,t, boong ſinta.

Yaong ngang iſang Soldados
ang pangala,y, ſi Longinos,
na nagdarala nang tandos
baquit patay na ſi IESVS,
ang taguilira,y, inolos.

Ang longmabas, at ſongmipot
ſa dibdib niyang inolos,
dogo,t, tubig ang calahoc
doon ngani ibinohos,
yaong pitong Sacramentos.

ANG PAGTANGAL SA ating Panginoong Ieſu Chriſto ſa mahal na Santa Cruz.

NAng ſi Chriſto,y, na babayobay
nang Viſperas na ang arao,
yaong matandang maalam
na ſi Ioſeph ang pangalan,
caniyang ipinaalam.

Ang vinica nanga niya
doon ſa nangagparuſa,
yayang ngay oy naſonod na
ang naſa ninyo, at pita,
ſiya,y, inyong pinatay na.

Ang aming ipinariro

ſa mahal na harap ninyo,
magdalita rin pô cayo,t,
ſa ami ibigay ninyo
bangcay niyong abang tavo.

Diyata nang maibigay
dito cay Ioſeph na banal,
ſila,y, agad napaloval
ang dala y, dalavang hagdan,
at canila nang tinangal.

Ybinaon nanga nila
caſama rin ſi MARIA,
ſampon nang babaying iba,
ſi IESVS ay dinarala
ang lumbay ay ſabihin pa.

Ang canilang itinaquip
iſang Tumbagang mariquit,
ava rin nilang maſaquit
cay IESVS din pagcaibig,
galang nilang di momonic.

AY aba? binyagang lahat,
di pa tayo paſalamat
hominĝi din, at tomavad,
nang tayo ay maguin dapat
mapaſalangĝit na lahat.

Ytong ating Poong Dios
caya namatay ſa Cruz,
ang tayo rin ang ſinacop,
pagcaibig na tibobos
ſa atin nang Poong Dios.

Sa ating manĝa gava niya,
at nang valan magcaſala,
at paraparang magmana
lovalhating valan hanga,
na inilalaan niya.

Baquin baga icao oya!
vala ca ring alaala,
at gonamgonam tovi na
ſa poſo mo, y, di magbava,

ang ibig di magcasala.

Aba mo ngā sa aba mo ?
cun di mo colangan ito,
mangā gava mong di toto
sayang nang calolova mo,t,
ang daratni,y, ang Infierno.

Hovag mo rin ngang tolaran
ang iba,t, alin mang bang_ao,
mangā honghang na binyagan
ang canilang gava lamang,
magcasala gab_it, arao.

Ay aba? cun ito lamang,
gava mo hangan cang buhay?
ano ang capapacan_an
iyong ipaquiquinabang
sa Dios Poong Maycapal.

Di ang galing capagdaca
yayang icao ay buhay pa,
maaga ca nang magdatna
nang hovag ipagcasala,t,

nang may hintin cang guinhava.

BAga man nga ibinigay
ang cay Iesu Christong bangcay,
ni Pilatong di maalam,
at nang manga ponombayan
dito cay Ioseph na banal.

Dili yaon ava,t, galang
nila,t, bagcos cabang avan,
manga catampalasanan
niyong lahat na may Bayan,
galit din caya pinatay.

Ay nang maibaon na nga
bangcay ni IESVS na aba,
ni Ioseph na naaava
anang Fariseong madla
ponombayang matatanda.

Atin (à niyang) patanoran
ang inilibing na bangcay,
niyong tavong tampalasan

ma-

magaling din ang may bantay,
maca ang vicain lamang.

At ipagbantog sa Bayan
niyong manga inaralan,
Discipulos niyang ilan
nag-oli siyang nabuhay,
ito,y, sucat nating tacpan.

Pinagcayarian ito
niyong manga Fariseo,
anang iba,y, sinosinong
sa atin ngay-ong naito,
ang tatanod na totoo.

Ang canilang pinasiya
minagaling nang lahat na,
ni Longinos, at di iba
ating catao-anin siya,
na tomanod, at maganda.

Hayo, at tavaguin ninyo
manga dalavang Soldado,
maraling domating dito

nang ſabihin natin itong
pagtanod niyang totoo.

Yto na ngā ſi Longinos
ſampon nang mangā Soldados,
ſa Bayan ay agad naſoc
nang maharap cay Pilato,
vica ſa caniya,y, ito.

Caya quita ipinatavag;
at ſa aqui,y, pinaharap,
otos co ay iyong tangap
ngāy-on ngāy-on ay lomacad
pa ſa Calbario cang agad.

Yaong tavong ibinaon
tanoran mo,t, iyong tongcol,
maca ſacaling magbangō,y,
hovag maalaman niyong
Diſcipulos niyang campong.

Ang ſagot ngā ni Longino
ſa Hocom na cay Pilato,
at ſa iba pang guinoo

oo, tongmatangap aco
sa lahat nang otos ninyo.

Si Longinos ay nanao na
pati Soldadong casama,
na cay Pilatong talaga
nang domating na maaga,
sa tatanoran ñga nila.

Capagdating nila doon
lupang toro niyong Hocom,
ay sa taquip nang cabaong
nopo na,t, nagompoc doon
tova nila,y, valan gay-on.

Hangan sa quinabucasan
bilang, na icatlong arao,
gava nilang pagbabantay
ay saca caalamalam
sila,y, pinaghihimal-an.

ANG PAGCABVHAY NA nagoli nang ating Panginoong Ieſu Chriſto nang icatlong arao.

AY ano nga,y, capagcovan
nang maicatlo nang arao,
nagoli nangang nabuhay
ang mahal niyang catao-an,
at ava ſa ating tunay.

Ang lahat na manga bantay
nangadapa,t, na ſongabang,
nagolat nagcamamanghan,
naborol na paran bangcay
nang canilang pagca ſilao.

Ay nang magtimaſmaſanan
loob, bait, nilang tangan,
ſila,y, nangagſangoſapan
hayo (à niya) cayong ilan
may mamalita ſa Bayan.

Ang vicain ninyo naman

ſa manga tavo ſa Bayan
ang ating tinatanoran
ngay-oy nagoling na buhay
tanto ngang Dios na tunay.

Agad nang na pa ſa Bayan
ſi Longinos na matapang
ſiya,y, nagbantog nagdangal,
ang Dios na poong mahal
nabuhay (à niya,t,) nabuhay.

O lahat na maguinoo,
aco,y, caya naparito
ngay-on ſa arao na ito,
nang di pô ſiſihin aco
ninyo,y, ſabi co,y, ganito.

Yaong tinatanoran co,y,
nabuhay ngay-ong nagbago
abaꝰ anong vica ninyoꝰ
ito ay tantong totooꝰ
ngay-ong tinoran co dito.

Sa maringig itong vica

cay Longinos na babala,
nang mangă Iudiong madla,
sinaad siya alipala,t,
hovag magsalisalita.

Nang di mabantog (à nila)
sa mangă alagad niya,
nang tayo,y, hindi mamura,
maapi, at mahiya pa,
ito,y, iyong ilihim na.

Ang isa,y, cami narito
mayama,t, mangă guinoo,
aming pangăco sa iyo,
salapi,t, guintong hing in mo,
oficio,t, pagca guinoo.

Tambing ca naming bibigyan
dili namin ililiban,
datapova,t, ito lamang
hingi nami iyong tacpa,t,
hovag ipagmacaingăy.

Y tong bayaning Soldados,

di

di nayag nito,t, ſongmonod,
at ſiya,y, agad ſongmagot
ſa manga honghang na loob
nang ſila,y, magcamit poot.

Lahat nang manga guinoo,
anitong may budhing tavo,
ang vica co ay ganito,
patayin man ninyo aco
ito,y, ipahahayag co.

Sa ſangditohan ſa inyo,
ſa ſangdaigdigang tavo
pagca buhay na totoo,
Poon cong ſi Ieſu Chriſto
Dios, at daquilang Santo.

Madlang gavang daraquila
nitong Dios, na naava;
ſiya nga, at ſiya din nga
nanaog dito ſa lupâ,
Dios, ay nagpacarucha.

Si Longino,y, hindi nayag,

JOB
14-058

at nangaral din sa lahat,
dinaquip nga siyang agad
nang manga Iudiong lahat,
at ang liig ay tinipas.

Sabihin ang palad baga
nitong Martyr na maganda
dinapit capagcaraca
Angeles ang calolova,
at sa langit gongminhava.

Lomagui nava, at camtan
nating lahat nang binyagan,
gavang pagcacaibigan,
dito,t, saca doon naman
sa guinhavang valan hangan,

SIYA NAVA.

LAVS DEO.

BA760
V713m

ML
2148